BAKIT WALANG MAKAIMBENTO NG TIME MACHINE?

ni Jajapot del Rosario

Unang bugso. Unang pakikipagsapalaran.

~ Prologo ~

Bakit ba walang makaimbento ng time machine? Kung sakali, sa unang sweldo ko, time machine ang una kong bibilhin. O ako na lang kaya ang gumawa? Hindi naman ako kabobohan.

Naisip ko kasi, sana kaya kong ibalik ang oras. Siguro kung kaya ko talaga, babalikan ko ang aking kabataan noong halos hindi ko pansinin ang init ng araw habang nakikipaglaro ako ng football, sipa at patintero. Iiwasan ko na rin ang maligo sa sapa. Sana’y hindi ako ganitong kaitim.

Ah, kahit sabihin man nilang okey naman ang pagkamorena ko, mas gusto ko pa rin ang kulay nina Ate Cora at Ate Karen. Kahit na si Kuya Anton na sinundan ko at mas matanda lamang sa akin ng isang taon ay maputi. Ang pinanghahawakan ko na lang talaga para hindi ko isiping ako'y isang ampon ay ang type ng aking dugo: AB+ kami ni Kuya Anton. Katipo namin si Nanay.

Babalikan ko rin ang mga oras noong una akong "magkaroon" at susundin ko ang payo ni Lola na ipahid "iyon" sa aking mukha. Siguro’y hindi ako madalas dalawin ng taghiyawat na nag-iwan ng ilang mga bakas.

Pero kung talagang kaya kong ibalik ang oras, una kong babalikan ang mga oras na kasama ko sina Bebs, ang pinakamatalik at masayahin kong kaibigan, si Jonas, ang nagbigay sa aming magkaibigan ng 'di masukat na pagtitiwala, at si Eli na nagbalanse sa buhay naming natuliro ng kalokohan, saya, pait at luha.

Kung kaya kong ibalik ang oras, hindi sana ako mukhang tanga na kinakausap si Eli habang nakaratay siya’t comatose dahil sa akin.

Dahil masyado akong straight, na lagi kong pinipili ang alam kong tama.

O baka talagang mali ako? At kailangan ko ng time machine para itama iyon?

~ Kabanata 1 ~

"Uhm, excuse me, may nakaupo ba dito?" Tanong iyon kay Bebs ng isang lalaking naka-dilaw na polo shirt na nakaparagan sa kulay brown nitong slacks.

"Wala, may nakikita ka ba?" Mataray na sagot ng aking kaibigan.

Palabiro si Bebs. Taklesa nga lang. Kahit hindi niya kakilala ay kaya niyang biruin ng ganoon na lang. Sa awa ng Diyos, wala pa namang umaaway sa kanya kung pataray na nagbibiro tulad ng eksenang iyon.

"Bebs, ano ka ba, sumagot ka nga ng matino!" sabi ko habang pilit na ngiiningitian ang nagulat na lalaki.

Ganoon lang talaga si Bebs. Pero minsan, ako ang nahihiya sa ginagawa niyang pagbibiro. Hindi namang laging pataray ang mga punchline niya. Mahilig din siyang magtangatangahan tulad ng minsang isama ko siyang umuwi sa amin. Nang tanungin kami ng konduktor kung saan kami bababa, sagot ni Bebs sa natural na boses--"Dalawang Olongapo ho."

"Naku, mga miss, mali ho kayo ng sakay! Pa-Balagtas ho ang biyahe namin!" Pagtatama ng konduktor.

"Ah, ganoon ba? Sige, dalawang Balagtas na lang," sagot ni Bebs habang ngiiningitian pa ang kausap.

Alam kong naguguluhan ang konduktor pero nang makita niyang impit akong napatawa ay nakuha na rin ng konduktor na nagbibiro lang ang kaibigan ko.

Pero hindi makuha ng lalaking nakadilaw ang biro ni Bebs. Nakakunot ang noo nito at tila susugod sa Edsa Tres.

"Pwede ba miss, matuto kang sumagot ng maayos 'pag tinatanong ka ng maayos!" Bawi ng estranghero.

Noon ko lang nakitang pinamulahan ng mukha si Bebs. Kadalasan kasi'y ang mga binibiro niya

ang namumula. Pero iba talaga ang aking kaibigan. Hindi nagpapatalo sa anumang usapan.

"Pagpasensiyahan niyo na po ang inyong abang si Bebs. Bakante po ang upuang ito pero makakagaang siguro sa inyong loob kung hindi ninyo ookupahin," mahinahong sagot niya sabay daklot sa kanyang bag na nakalagay roon.

Nagpalinga-linga muna ang lalaki. Siguro'y upang humanap ng ibang mauupuan. Ngunit sa oras na iyon, maswerte pa nga at may bakante pa siyang nakita. Malas nga lang at iyon ay ang nasa tabi ni Bebs.

Sa pagitan ng buntunghininga, umupo na rin ang lalaki. Nagdekwatro naman ang aking kaibigan, ipinatong ang siko sa tuhod at nangalumbaba.

Sumandal ang lalaki na parang hapung-hapo at tila magic, nagtama ang aming tingin. Napakamot siya ng ulo habang bahagya ko siyang nginitian.

Grabe, ang kinis ng kanyang kutis! Nang ibalik niya ang aking hiyang ngiti, may lumitaw na maliliit na biloy sa duluhan ng kanyang labi. At doo'y nasabi kong hindi kagwapuhan pero hindi rin naman kapangitan ang kanyang hitsura.

Opening noon ng UAAP at bilang estudyante ng PE I, required kaming panoorin iyon sa Araneta Coliseum. Dahil rin roommate at bestfriend ko si Bebs, required naman siyang samahan ako. Siyempre, malaki ang pasasalamat ko dahil kung hindi, wala akong kasamang maghihihiyaw at magtatatalon sa pagcheer. Sa first half pa lang ay ganado na kaming manood.

Tahimik naman ang lalaki sa kanyang espasyo. Nang mag-half break, tumayo ito at umalis.

"Anette, babalik pa kaya ang antipatikong lalaking katabi ko?" Tanong ni Bebs.

"Malay ko, ikaw ang katabi eh! Nagpaalam ba sa 'yo?"

"Hindee, at paki ko!"

"Sus, kunwari ka pa! Nanghihinayang ka nga diyan kasi ikaw nagpakilala samantalang siya, hindi."

"Tumigil ka nga diyan, Anette, at huwag kang mang-asar! Uy, tingnan mo, nagpeperform ang dance troupe namin! Dapat kasali ako diyan kaso sabi ko mas gusto kong samahan kang manood kesa magsayaw na nakatelevise."

"Ang sabihin mo, hindi ka umattend ng praktis kaya nawala ka sa listahan!"

“Excuse me, bakante pa ba dito?” Singit ng boses ng isang lalaki sa pagtatalo namin ni Bebs. Sabay kaming napalingon. Iyon din ang lalaking nakadilaw. Bahagya siyang nakayuko habang magkasalikop ang mga kamay sa likuran nito.

“Kanina meron, pero ayaw kaming katabi kaya umalis. Sana hindi na lang siya bumalik, ‘no Anette?” Ani Bebs na bumaling ng tingin sa akin.

“Kung susuhulan ko kayo ng Coke at sitsirya, pwede ba akong umupo dito?” Tanong muli ng lalaki habang inilalabas ang mga lata ng Coke at dalawang malaking supot ng Chippy mula sa dala niyang plastic bag.

Ganoon namin nakikilala si Jonas. At sa unang pagkakataon, may naghatid sa amin ni Bebs sa tinutulayan naming dormitoryo. Sa harap ng mga mapag-usyosong tingin ng mga nakatambay na dormers, bumaba kami mula sa makintab na pulang Toyota MR-2 Turbo matapos ang walang katapusang pagpapasalamat sa may-ari niyon—si Jonas Clemente IV.

Hindi ko maubos maisip ang mga kakatwang pagkakataon kung paano ko nakilala ang mga tinatangi kong kaibigan.

Si Vivienne Reyes, o Bebs, ay nakilala ko sa ladies’ room ng Cinema 10 sa SM City. Sabado noon at hindi ako umuwi ng Bulacan dahil may tinatapos akong research draft. Naisip kong bago tutukan iyon ay panoorin ang last playdate ng Titanic kahit walang kasama. Mahaba ang pelikula. Sa kalagitnaan niyon, nakaramdam ako ng tawag ng kalikasan. Tinungo ko ang ladies’ room at doo’y narinig ko ang mga hikbi.

Kinatok ko ang cubicle na pinagmumulan ng iyak.

“Kung hindi ka makapaghintay—dun ka sa CR ng mga lalaki!” Sigaw ni Bebs sa pagitan ng mga singhot.

“Ahm, miss, ikaw ang inaalala ko. Baka sa sobrang awa mo sa pagkamatay ni Jack eh tumalon ka sa toilet. Hindi ka malulunod diyan.”

Hindi naman talaga ako palabiro. At hindi rin usisera lalo na’t sa isang nagdadalamhati at hindi ko pa kilala. Alam ko ring hindi siya iiyak at magkukulong ng ganoon dahil lamang sa sinapit ni Leonardo di Caprio at Kate Winslet sa Titanic.

Lumabas sa cubicle ang isang mestisahin at mala-modelong dalaga. Elegante ang pananamit nito at kung hindi lamang sa namumugtong mga mata at nangingitim na eye bags ay sasabihin kong isa siyang artista.

“Kailangan mo ba ng kausap?” Tanong ko. “Ako si Antonette. Pwede akong maging Ate Helen o Ate Charo—whoever you like—kung hihintayin mo akong maka-jingle,” dugtong ko.

Nabunghalit ng tawa si Bebs. “Sige, bilisan mo at baka maihi ka sa pantalon!” Sagot niya sabay pahid sa basa niyang mukha ng basa na rin niyang panyo.

Una’y umeecho ang galit na boses ni Bebs sa loob ng CR habang nagkukwento. Hindi raw inisip ng kanyang magulang ang damdamin niya ng magkasundong maghiwalay ang mga ito. Nag-iisang anak si Bebs at pakiramdam niya’y nag-iisa lamang siyang naghihinagpis sa mundo.

Punung-puno rin siya ng pagsisisi dahil hindi niya nagawan ng paraan upang magkabalikan ang kanyang mga magulang.

Litung-lito rin siya kung sino ang kakampihan, at pipiliing samahan. Ang tanong niya sa akin, “Tama bang maghiwalay sila?”

“Ewan ko—”

Sa totoo lang, kahit ngayon, kung tatanungin akong muli ni Bebs, iyon pa rin ang isasagot ko. “Ewan ko. Hindi ko alam.”

Naisip ko tuloy, kung buhay si Ate Helen, ano kaya ang isasagot niya?

At ano ang papahulaang titulo sakaling maisadula ang buhay ni Bebs sa Maalaala Mo Kaya? Toilet?

Malaki ang pasasalamat ko kay Bebs. Dahil sa kanya, nagkaroon ng kulay ang pamamalagi ko sa dormitoryo. Nang sumunod kasing semestre, ikalawang taon ko sa kolehiyo, masuwerte kaming nakakuha ni Bebs ng slot sa Kamia Residence Hall, isa sa mga dormitoryo sa loob ng UP Campus.

Dahil na rin sa pakiusap ko at kakulitan ni Bebs, naging mag-roommate kami.

Hanga ako sa kanya. Sa kabila ng nangyari sa kanyang pamilya, nagawa niya iyong itago sa likod ng mga tawa. Iyon marahil ang kanyang paraan upang panandaliang makalimot. Dahil rin sa kanya, mas na-appreciate ko ang aking sariling pamilya.

Tuwing uuwi ako sa amin, lagi akong may baong kwento, jokes, pang-aasar at kapilosopohan. Kadalasan, ako ang dahilan ng pagsakit ng kanilang tiyan sa katatawa. Tuluyan na akong nahawa sa kapilyahan ni Bebs, ngunit sa sarili kong paraan.

Naroong bansagan ko si Tatay na “meyor” dahil kahit konsehal lang siya sa aming baranggay, mas lapitin pa siya ng aming mga kababaryong may dala-dalang problema. Siya ang puntahan kung may magrereport ng nawawalang kalabaw, taga-awat kung may basag-ulo, takbuhan ng mga magulang na may nagtanan o naglayas na anak, at kung anu-ano pa.

Lagi rin siyang laman ng simbahan dahil sa pagtayo niyang ninong sa kasal, kumpil at binyag. Siguro’y kung may ninong sa patay, tiyak, isa rin siya roon.

“Inday” naman ang napili kong itawag kay Nanay. Naibansag ko iyon isang araw nang isuhestiyon ni Tatay na kumuha kami ng kasambahay. Si Nanay ang unang nag-object. Kaya pa naman daw niya ang mga gawaing-bahay. Nakakatulong din daw naman niya si Ate Karen maging sa pagtao sa aming maliit na tindahan. Maliban na lang kung—

“Uhaa! Uhaa! Waaah!” Si Kulit, anak ni Ate Karen pero hindi namin alam kung sino ang ama. Ayaw kasi niyang aminin.

“O, Inday, umiiyak si Kulit,” sabi ko kay Nanay. “Ako na’ng magsasaing at kayo na’ng bahalang magpatahan sa maliit na tao,” dagdag ko pa habang buo ang halakhakan at tuksuhan sa naging tawag ko kay Nanay. Tila nagmamartsang mga sundalong tinungo nina Tatay at Nanay ang pinagmulan ng iyak. Kabuntot nila si Ate Karen at Anton.

Kahit misteryo ang tunay na katauhan ng ama ni Kulit, natural naming ibinuhos ang pagmamahal sa aming munting anghel. Malaking dagok para sa amin ang nangyaring iyon kay Ate Karen. Halos isang taon ding hinanap ni Tatay ang “walanghiyang lalaki.” Isa-isa rin niyang hinagilap ang mga kabarkada ni Ate Karen ngunit walang makapagsabi kung sino ang nakabuntis sa kanya. Wala din naman kasi siyang kasintahan. Iyon nga lang, marami siya talagang kabarkada at manliligaw. Si Ate Karen kasi ang pinakamaganda sa aming magkakapatid na babae. Aminado naman ako doon.

May katagalan ding walang maririnig na tawanan o tuksuhan sa bahay namin. Kahit ako’y ilag sa pagbibitiw ng biro. Pero lumipas din ang lungkot nang kaming lahat ay tulirong naghahagilap ng mga napaglilihihan ni Ate Karen. Kahit paano’y nananabik kaming lahat sa paglabas ng sanggol.

Isang bumabagyong gabi, walang kuryente noon, at sa liwanag ng aandap-andap na gasera, nakatunganga kaming lahat sa sala.

Ikalimang buwan na ng pagbubuntis ni Ate Karen na noo'y nakaupo sa rocking chair. May hawak pa siyang malaking pamaypay na anahaw habang kami'y balut na balot ng jacket.

"Alam ko na!" Basag ni Ate Cora sa tahimik naming kabahayan. Nangibabaw ang kanyang boses sa malakas na hampas ng hangin sa labas. "Okey siguro na Bruhilda ang pangalan ng baby mo, Karen!" Nakangising sabi ni Ate Cora, at bago pa may magprotesta, idinugtong niya, "Bruhilda! Mula sa pangalan nina Tatay at Nanay, Bruno at Hilda. O 'di ba, maganda?"

"Eh pa'no kung lalaki?" Nakatawang sabad ni Anton.

"Colet! Tutal si Ate Cora ang gustong magbinyag ng pangalan, isunod natin sa kanya at sa nobyo niyang abogado. Cora at Manolet, Colet!" Excited kong sabi.

"Tama, Colet! Tapos palayaw niya Kulit!" Pagkampi ni Anton.

"Hay naku, mga batang ito!" Saway ni Tatay. "Dapat kayo ang pinangalanan naming Kulit. Kulit I, Kulit II, Kulit III at Kulit IV!"

"Ang mga anak ni Kulit Sr.," sabi ni Ate Karen na nagpatawa sa aming lahat hanggang hapunan habang nagngangalit ang bagyong Guring.

~ Kabanata 2 ~

Malaki rin ang utang na loob ko kina Bebs at Jonas. Kung hindi marahil sa kanila ay bumagsak na ako sa kinatatakutan kong Math 100. Kung tutuusin, hindi naman iyon required sa kurso kong Philosophy. 5 units kasi ang subject at mas mabilis akong makakakumpleto ng required course units kaya kinuha ko na rin.

Unang semestre ng ikatlong taon ko sa kolehiyo nang maranasan kong maging teacher's pet. Parating bagsak ang mga quizzes ko sa Math 100 at isang exam lang ang naipasa ko kaya hindi ako nagulat ng ipatawag ako ng instructor.

“Wala ka bang interes sa subject ko Torres?” Tanong sa akin ni Mr. Madrid. Nasa ibabaw ng mesa niya ang class record at para iyong nanunuya at tumatawa sa akin habang nakaupo ako’t tila nauupos na kandila.

“I will try to do better in the next quiz, Sir,” kimi kong sabi.

“I hope so. Ang kinakatakot ko lang ay kung hindi mo maipasa ang 3rd exam next week.”

“Ayoko pong mangyari ‘yon—I will try to refocus my efforts, Sir. Make or break ho sa akin ang last exam,”

Nagbukas ng drawer si Mr. Madrid. Mula doon ay may kinuhang short bond paper. Inabot niya ito sa akin.

“I’m giving you this as your extra reviewer. May mga items diyan na kahawig ng lalabas sa exam kaya aralin mong mabuti. If you encounter any difficulties, consult with me.”

Kinuha ko ang papel. Parang mga langgam ang mga numerong nakasulat doon. Iniisip ko pa lang na sagutan iyon ay tila kinakati na ang kinalawang kong utak sa Math.

“Thank you, Sir. I’ll work on this.”

Tumango lang si Mr. Madrid. Ngumiti. Magalang naman akong nagpaalam.

Naningkit ang mga mata ni Bebs habang ini-scan ang pinakita kong Math problems ni Mr. Madrid. Maya-maya’y tinungo nito ang kanyang study table at sinimulang sagutan iyon.

“Teka, Bebs, huwag mo munang sagutan. Gusto ko, habang ginagawa mo ‘yan, tinuturo mo sa ‘kin kung pa’no,” sabi ko.

“‘Pag tapos na tsaka ko na lang ie-explain, ok?” Sagot ni Bebs habang mabilis na sinasagutan ang reviewer ko.

Halos dalawang oras ding ipinaliwanag ni Bebs ang mga equations bago ko nasagutan sa aking sarili ang mga Math problems. Isinalin ko pa ang bawat apat na equations sa index cards upang mareview kong mabuti habang papasok ako ng room noong araw ng exam. Laking gulat ko nang ang mga equations na ibinigay ni Mr. Madrid sa Part IV ay katulad na katulad ng ibinigay niyang

reviewer sa akin!

“Class, those who will pass this exam are exempted from taking the last two weekly quizzes. 60 out of 100 ang passing grade. If you get 85 and above, exempted din kayo sa finals,” announce ni Mr. Madrid. “As announced earlier, pwede ninyong ilabas ang mga inihanda ninyong formula.” Namula ako nang magkasalubong kami ng tingin ng aking instructor. Bahagya pa itong ngumiti sa akin.

Namamawis ang mga kamay ko habang sinasagutan ang exam. Pinili kong unahin ang Part IV. Pamilyar na ako doon. 15 points ang bawat isa, kaya’t maitama ko lang lahat ay pasado na rin ako.

Kampante namang lumabas ng classroom si Mr. Madrid. Alam nitong mahirap magkopyahan dahil tanging Part I lamang ang fill-in the blanks at maging iyon ay kailangan ng masusing tuusan.

Hinati ako ng aking konsiyensya at bago pa ako mag-chicken out ay ipinasya kong ipamudmod ang hawak kong index cards—sa likuran ko, unahan, at magkabilang gilid.

Concentrated ang lahat sa pagsasagot kaya’t naturete ako nang may isang magsalita. “Grabe, kung sino ka man, salamat! Sinong may hawak ng no. 3?” Ani Roy.

“Nasa ‘kin, maghintay ka—” sabi ng kaklase kong si Tony sa gawing likuran.

“I need no. 4!” Sabad naman ni Rhoda.

“Tapos na ko sa no. 1, sinong may gusto?” sigaw ni Bernie na nasa harapan ko.

“Me!” “Ako!” Halos sabay-sabay na chorus ng ilan.

Saktong nakatayo si Roy upang kunin ang no. 3 kay Tony nang pumasok si Mr. Madrid. “What are you doing there, Cuevas?” Nakangutong tanong ni Mr. Madrid.

“Uhm, Sir, nagba-blot ho kasi ang ballpen ko. Nanghihiram lang,” sagot nito.

Nakakatawa dahil nag-abot nga ng ballpen si Tony kay Roy, ngunit natakot nang ibigay ang index card dito.

Nang gabing iyon, magkakasama kami nina Bebs at Jonas. Ikinuwento ko sa kanila ang nangyari at maging sila ay ‘di magkandatuto sa kakatawa. Naisahan ko raw ang instructor kong manyak.

“Manyak? Full of sympathy nga siya kay Anette kaya ibinigay ang leakage,” pagtatanggol ni Bebs.

“Hindi naman siya nag-take advantage sa ‘kin ah?!” Sabi ko.

“Kayo talagang dalawa, para pa rin kayong freshmen. ‘Yang si Madrid, sexual harasser! Kaso walang malakas ang loob na magcomplain.” Pormal naman ang paalala ni Jonas sa akin. “If I were you, mag-aaral talaga akong mabuti. Hindi ka pala siguradong mae-exempt sa finals. Kung naging stupid ka pa ng konti, Anette—” at may warning sa boses ni Jonas, “ang susunod na tanong niya sa ‘yo, kwatro o kwarto—”

“You mean ipapasa niya ako kung papayag akong—No way!”

“Kung sakali lang, ready ka bang magcomplain sa Academic Affairs?” Baling sa ‘kin ni Jonas.

“Wala namang nangyari sa amin ‘no! Hindi rin ako tanga para dumating ‘yung araw na ‘yon,” sagot ko.

“You mean okay lang na bumagsak ka?” Si Bebs.

“Of course not! Makakapasa ako, promise!”

Umikot ang mata ni Bebs. “Anette, milagro ang kailangan mo para makapasa! The last time na itutor kita, halos isuko ko ang langit, alam mo ba ‘yon?”

“Kaya nga this time, dalawa kayong magtututor sa akin, ‘di ba, Jonas?” May pagpapaawa sa mukha ko. Pinagsalikop ko pa ang aking mga kamay at sinabing, “please?”

Nang umuwi ako ng Bulacan, dalawang linggong allowance ang hiningi ko kay “Inday.” Paliwanag ko, hindi ako makakauwi sa susunod na linggo dahil sa group study. Hindi ko na lang binanggit na sa bahay nina Jonas iyon gagawin, at si Bebs lang ang kasama ko. ‘Pag nalaman kasi ni Nanay, tiyak na maglilitanya na naman siya. Lagi kasi niyang ipinapaalala sa akin na huwag basta-basta magtitiwala sa mga lalaki at baka matulad ako kay Ate Karen.

Double purpose na rin ang pagpunta namin kina Jonas dahil habang tinutulungan nila ako sa Math 100—79 lang kasi ang nakuha kong score—ay makakapag-computer din si Bebs ng kanyang report. B.S. Computer Science kasi ang kurso ni Jonas at may sarili itong computer sa bahay.

Hindi na rin kami mag-aalala sa curfew ng dormitoryo.

“Baka tumandang-dalaga naman ako, ‘Nay,” minsang sagot ko.

“Kuuh! Ang sa akin lang ay mag-ingat ka sa mga lalaki sa Menila. Hindi naman namin nauusyoso kung sino ang mga kaibigan mo doon! Sana’y kung ipinakikilala mo sa amin. Wala ka bang manliligaw doon?”

“Wala ho, ‘Nay. Hamak na mas magaganda at sosyal ang mga babae doon kaya walang makapansin sa anak niyo.”

“Eh iyong minsang naikwento mong si Jonas, hindi ba lumiligaw sa iyo?”

“Nanay naman, hindi ho. Buddy-buddy lang namin ni Bebs si Jonas. At kung manliligaw man ‘yon, si Bebs tiyak ang popormahan no’n.”

“Basta anak, ha, hindi kami nagkulang ng paalala sa inyong magkakapatid. Kung magkapareho lang kayo ng eskwelahan ni Anton hindi ako gaanong mag-aalala dahil may magbabantay sa iyo.”

“Si Kuya nga dapat ang bantayan ko. Hindi niyo ba napapansin, gumuguwapo ang mokong? Tiyak, maraming babaeng naghahabol do’n!”

“Kuuh, kayo talagang mga bata kayo. Hindi ko na makausap ng seryoso!”

“Seryoso ako ‘Nay. Huwag kayong mag-alala. Matitino naman kami. Mana yata kami senyo.”

Natawa rin si Nanay. Pero sumeryoso ulit. “Tulad ng sinasabi ko sa Ate Cora at Kuya Anton mo, ke tao o maligno ang mapapangasawa ninyo, ipanhik niyo dito sa bahay. Ayaw namin ng tatay niyo na may magtatanan senyo.”

Sa madaling salita, nabigyan ako ng advanced allowance at nangako akong hindi magtataanan, ke hayop o halimaw ang magiging asawa ko. Nangako rin akong ipapakilala si Jonas.

Sinundo kami ni Jonas sa dormitoryo nang dumating ang Biyernes ng gabi. Abot ang paalala nito kung dala raw ba namin ang lahat ng gagamitin. Pagpasok pa lang sa ekslusibong subdivisyon ay natanto ko nang mayaman talaga ang pamilya nina Jonas. Nagtataasan ang mga gate na nalagpasan namin. Hindi nahuli ang modelo ng bahay nina Jonas.

Magiliw kaming inasikaso ni Manay Linda, ang katiwala nina Jonas. Masarap rin ang inihanda nitong hapunan kaya't himbing kami ni Bebs na nakatulog upang katukin ng isang maid kinabukasan ng umaga.

"Pinapagising na po kayo ni Sir Jonas. Nakahain na po kasi ang almusal," magalang na bungad ng maid.

"Sige, susunod na kami," sagot ni Bebs na siyang nagbukas ng pinto. "Ano kayang almusal natin? Namimiss ko na nga ang weekend breakfast natin sa canteen," aantuk-antok na baling ni Bebs ngunit inilapag muli ang sarili sa kama at nagtalukbong pa ng kumot.

"Huy, halika na. Nakakahiya kung tayo pa ang hihintayin ni Sir Jonas!" At binalibag ko si Bebs ng unan.

Humagikgik naman si Bebs, "Sir Jonas ka diyan!"

Matapos mag-almusal, si Jonas na rin ang nagyayang "magsunog ng kilay." Sa library daw kami. Namangha ako sa eleganteng kuwarto iyon. Nasa isang sulok ang makitab na mahogany desk at katabi niyon ang computer set. Sa gitna naman ay may conference table na may de-gulong na arm chairs. Mula sahig hanggang kisame ang tatlong dingding ng mga libro, encyclopedia, plaque at medalya. Carpeted din ang library at bukas na ang aircon.

"Saan ka ba nahihirapan?" Tanong sa 'kin ni Jonas nang makapwesto na kami.

"Sa lahat," amin ko. Nagkatinginan ang dalawa. Ngumisi si Bebs. Umiling naman si Jonas.

"Mag-swimming na lang kaya tayo?" Kindat ni Jonas. "Mukhang papahirapan mo kami e!"

"Swimming? Saan?" Excited na tanong ni Bebs.

"Sa labas, meron. Medyo maliit nga lang pero kung lulunurin tayo ni Anette, mas gusto ko pang malunod sa tubig kesa sa ipapagawa niya sa atin."

"Ang daya naman e! Wala sa usapan 'yan! Ang sabi niyo tutulungan niyo kong makapasa—kung magsuswim kayo, para niyo na rin akong tinulak kay Madrid!" Inis kong sabi. "Magko-concentrate ako ngayon para bukas, promise, ako ang unang tatalon sa pool!"

"Sinabi mo 'yan ha? Sige, Jonas, ikaw na'ng tutor at magkokompyuter na 'ko. Bukas, akong magtatambog kay Anette." At iniwan nga kami ni Bebs sa mesa. Tinungo niya ang computer at

maya-maya lang ay seryoso na kaming lahat—si Bebs sa pagta-type, si Jonas sa pagpapaliwanag at ako sa pagpipilit umintindi.

“Break muna tayo,” suggest ko kay Jonas. Pakiramdam ko kasi’y pagod na ang utak ko sa panibagong chapter na inaaral namin.

“Break? Hindi pa naman kita nililigawan tapos nakikipag-break ka na sa ‘kin?” Nakangising biro ni Jonas.

“Sira ka talaga! I’ll break your bones ‘pag binigyan mo pa ‘ko ng isang mahirap na equation!” Ganti ko naman. “Pahinga muna, namamaga na’ng utak ko eh!”

“Hey, I also need a break. Nangangawit na ‘ko. Anong meryenda natin?” Baling ni Bebs sa amin.

“Okey kayong bisita ha! Very demanding,” sabi ni Jonas. Tumayo ito at sinabing magpapapanik siya ng makakain.

Ayon na rin sa plano, nagswimming kami pagkatapos mag-almusal kinabukasan. Ngunit nauna na rin akong umahon. Sabi ko, kailangan ko pang sagutan ang ilang exercises sa libro para maging pamilyar ako sa mga formula. Iniwan kong nagpapaligsahang lumangoy sina Jonas at Bebs.

Matapos makapagbihis ay tinungo ko ang library. Naisip ko ring sa kwarto na lang mag-aral ngunit ayokong ma-tempt na matulog. Kailangan ko talagang habulin ang leksyon namin sa Math. Natatakot akong mapapili ni Mr. Madrid sa “kwatro o kwarto.”

Bahagyang nakaawang ang pinto ng library at malamig ang hanging nagmumula roon.

“Oh, sorry, Sir. Hindi ko ho alam na may tao dito.” Gulat kong paumanhin sa lalaking dinatnan ko. Nakaupo ito sa likod ng desk at mag-aangat sana ng telepono.

“You must be one of Jonas’ friends. Nasabi nga sa akin ni Manay Linda na may mga bisita ang anak ko. Papalabas na rin ako. Come in.”

Kimi akong pumasok. Nakakahypnotize ang ma-awtoridad na anyo ng lalaki. Tumayo ito at lumapit sa akin.

“I’m Jonas’ father.” In-offer niya sa aking ang kanang kamay nito na kinuha ko naman.

“G-good morning ho. Ako po si Antonette. Antonette Torres. Glad to meet you, Sir.”

Bahagyang ngumiti si Mr. Clemente. “Glad to know that my son finally met some friends. He’s not

very friendly, or I should say, he seldom bring friends in this house."

"Nagpapasalamat nga ho kami dahil si Jonas na rin ang nag-offer na gamitin ang computer niya. Komportable nga ho pala talagang mag-aral dito sa inyo, Sir, para na rin ho kaming nasa library ng university," sabi ko. Gusto ko rin kasing i-punto na naroon kami ni Bebs upang gumawa ng school works at hindi upang magbulakbol.

"Then feel free to use every resources available in this house," ani Mr. Clemente. "I should be leaving now. Feel at home," pinal na sabi nito.

"Salamat ho," tangi kong naihabol sa papalabas na tatay ni Jonas.

Hindi ko maiwaglit sa isip ko ang pagkakaharap namin ni Mr. Clemente. Matagal na rin itong nakaalis ngunit naroon pa rin ang 'di ko maipaliwanag na damdamin. Nakakailang ang mapanuri nitong mga tinging. Maging ang ngiti nito ay tila pilit. Itinutok kong muli ang aking sarili sa libro ngunit hindi ako maka-concentrate. Tinanggal ko ang aking salamin at nagmunimuni nang bumukas ang pinto. Si Jonas.

"Oy, lunchtime na. How's the math wizard?" Masaya niyang sabi. Humatak ito ng upuan at tumabi sa akin. Langhap ko ang mabango niyang cologne. "You look nicer without your glasses," dugtong pa niya.

"Alam ko na 'yan!" Nakatawa kong sabi. Sa pagbaling ko ng tingin, nataranta ako sa pagkatitig sa akin ni Jonas. Pakiwari ko, sa mga sandaling iyon, papalapit ang maamo nitong mukha sa akin. Kinabahan ako. Para akong napaso sa mga mata niya, sa mga labi niyang nangungusap.

"Siya nga pala, na-meet ko na'ng Daddy mo," nagawa kong sabihin.

"My father? He's here?" Tila natauhan si Jonas.

"Uh-huh—bakit, hindi ba siya dito nakatira?" May himig-biro iyon sa akin. Hindi ko naman kasi akalaing—

"Sa kabilang village sila nakatira ni Mommy. Ito ang una naming bahay. Last year, lumipat kami doon pero mas gusto ko dito. Kaya hinayaan na lang nila ako," sabi ni Jonas. Alam kong hindi niya sinabi iyon upang magmayabang ngunit upang ipaliwanag ang kanyang pagtataka. "Paminsan-minsan, pumupunta din ako doon. But I stay here most of the times."

"Anak ka ba sa labas?" Bigla kong tanong. Natawa lang si Jonas.

"Legitimate ako. I have three elder brothers. Lahat sila naka-migrate na. May sari-sarili na ring

pamilya. ‘Yung bunso naming babae, si Joanna, kasama nina Mommy sa kabila.”

“Feeling mo pala ermitanyo ka dito.”

“Mahirap ipaliwanag—‘di bale, ikukuwento ko minsan. In the meantime, kumain muna tayo. I’m starving at naghihintay na si Bebang.”

Gusto ko sanang pilitin si Jonas na magkwento pa. Iyon kasi ang unang pagkakataon sa loob ng isang taong pagkakakilala namin na may sinabi siya tungkol sa kanyang pamilya.

Pero nailang din akong magsolo pa kami sa library. Balak nga ba akong halikan ni Jonas kanina?

~ Kabanata 3 ~

Kung napalampas ko ang intensiyon ni Jonas sa library nila, hindi ako manhid upang maramdamang may pagtatangi siya sa akin. Mga maliliit na bagay tulad ng pagbili niya ng paborito kong Alpine White chocolates sa tuwing napupunta kami ng mall, ang pagpapahiram ng paborito kong Toto cd (na hindi na niya kinuha sa akin), at mga simpleng forwarded text messages na alam kong hindi niya pinapadala kay Bebs. Minsan di’y hinintay niya ako sa aking huling klase. Gusto ko raw bang manood ng The King and I. Alam niya kasing avid watcher ako ng mga animated disney cartoons. Siya na rin daw ang taya sa dinner. Siyempre, um-oo ako, at idinugtong na kailangan naming hintayin si Bebs dahil 5:30 pa ang huling klase nito.

Hindi niya naitago ang panlulumo sa suhestiyon ko, ngunit wala rin siyang nagawa. Tatlo kaming nanood ng sine.

Ngunit ang pangyayaring nagpatunay ng damdamin ni Jonas sa akin ay nang ipagtanggol niya ako kay Chris.

Ikalawang semestre ng ikalawang taon ko noon nang maging kaklase at research buddy ko si Chris sa isang major subject. Nagbalak kami noong mag-meet sa labas ng campus upang pag-usapan ang gagamitin naming research topic kaya’t inaya ko na rin sina Jonas at Bebs para pagkatapos naming mag-discuss ay pupuwede pa kaming gumimik.

Nang dumating kami sa Wendy’s ay naroon na si Chris ngunit wala itong dalang gamit.

“Nasa’n ang na-research mo?” Tanong ko dito.

“Next time na lang. Hindi ko nadala eh! Balak ko sanang ayain ka na lang lumabas,” preskong sabi nito.

“Pero may kasama ako. May plano kaming manood ng sine after sana nating mag-meet—”

Kumibit-balikat ito. “Kung sumama na lang ako sa inyo. I hope you and your friends won’t mind? Ako na’ng magbabayad ng sine natin. Nasaan ba sila?”

Itinuro ko sina Bebs at Jonas na nakapila sa counter. Nangisi pa si Chris, “Foursome naman pala. I’ll be your date, then.”

Guwapo na sana si Chris sa standard ko kung hindi lang ito may pagka-presko. At bandang huli, nalaman ko rin ang motibo niya sa pagkuha ng loob ko.

Ang research paper na sana’y pagtutulungan namin ni Chris at tanging requirement para makapasa ay nagmistulang pasang-krus ko. Isang linggo bago namin ipasa ang draft, inaway ko si Chris. Hiningan ko siya ng anumang materials na nakalap niya ngunit wala siyang maibigay. Kailangan din naming i-present sa klase ang aming topic at hindi pumasok noon si Chris. Nang isubmit ko ang research paper, kinausap ko ang aming professor at sinabi ko ang totoo. Walang naging kontribusyon si Chris, maliban sa abutan ako ng isang libro na hiniram niya sa library.

Kuhanan ng classcard nang muli kaming magkita. Sinamahan ako nina Bebs at Jonas na kuhanin iyon sa aking professor. Pagbukas ng pinto ay lumabas si Chris hawak ang kanyang classcard. Dama ko ang nagpupuyos niyang galit nang makita ako. Singko ang nakuha niya.

“Anong sinabi mo kay Sir Vargas? Ha? Sumbungera ka pala eh! Para kang nasa elementary! Alam mo ba kung ano ang ginawa mo sa akin?” Sigaw ni Chris. Nanliit ako sa harap niya. Hamak kasing matangkad at malaki ito sa akin. Pero sumagot ako.

“Sinabi ko lang naman ang totoo, na wala kang ginawa! Akala mo mapapaikot mo ‘ko sa mga pagpapacharming mo?” Galit ko na ring sigaw.

Inakmaan ako ni Chris. Ngunit napigil siya ni Jonas.

“Pare, babae ang kaharap mo,” sangga ni Jonas sa braso ni Chris. “Kung hindi ka magso-sorry, ikaw ang makakatikim sa akin!”

“Pakialamero ka pala e!” at nagpakawala ng suntok si Chris. Nawalan ng balanse si Jonas ngunit nang makabawi ay sumuntok na rin ito. At isa pa. Hanggang bumagsak si Chris sa sahig.

“What’s going on here?” Si Prof. Vargas. May ilang pinto ang nagbukas at lumabas sa kani-kanilang kuwarto ang mga teachers sa palapag na iyon ng faculty center.

“Mr. Tantioco and you!” Turo nito kina Chris at Jonas, “you may get suspended for starting a brawl here!”

Hilong tumayo si Chris. Hindi pa rin ito nakuntento sa pagpukol ng matalim ng tingin sa akin, “may araw ka rin sa kin Torres!”

“You shouldn’t be in this school, Mr. Tantioco. Now, go!” Hamon ni Prof. Vargas. “Ms. Torres, come inside!” Sabi nito sa akin.

Ibinigay sa akin ni Prof. Vargas ang aking classcard. Naniniwala daw siya sa akin. Alam niyang wala talagang ginawa si Chris sa aming research dahil hindi niya mai-defend ang aming research topic. Deserving si Chris na makakuha ng bagsak na grade sa subject niya. Hayaan ko na lang daw ang sentimyento ni Chris.

Pero si Jonas, babaliin daw niya ang buto nito ‘pag nagkita sila ulit.

“Hindi ka ba namimisteryosohan kay Jonas, Anette?” Tanong sa akin ni Bebs isang gabi.

“Paanong misteryoso?” Tanong ko rin.

“Misteryoso!” Pagdidiin pa niya. “I mean, hindi ka nagtataka sa kanya? Wala siyang ipinapakilalang ibang kaibigan sa atin. Kahit kwento man lang. Para bang tayo lang ang nagtitiyaga sa kanya.”

“At tayo pa ang nagtitiyaga? Eh halos gawin na nga natin siyang driver, messenger at utility man! Buti nga’t hindi nagrereklamo ‘yung tao sa ‘ting dalawa.” Pero sumagi na rin sa aking isipan ang tanong ni Bebs. “Ang misteryo sa akin ay ang personal niyang buhay. Wala siyang binabanggit tungkol sa pamilya niya samantalang parang open book sa kanya ang buhay natin.”

“Paging Bebs Reyes or Anette Torres, phone call!”

“Speaking of the angel, si Jonas ‘yan sigurado. Ikaw na’ng sumagot, baka hindi ko mapigilang i-truth or consequence siya sa phone,” utos ni Bebs.

Napabuntunghininga na lang ako at tinungo ang lobby upang kunin ang tawag. Si Jonas naman talaga iyon dahil siya lang naman ang tumatawag sa dormitoryo na ang hinahanap ay laging kaming dalawa ni Bebs.

“Hey, how was your exam?” Bungad na tanong ni Jonas.

“I think I did well. Thanks ulit ha?” Masaya kong sabi.

“Uuwi ka ba ng Bulacan bukas?” Tanong niya.

“Siyempre. Alam mo namang weekly ang allowance ko.”

“Magyayaya sana akong mag-hiking tayo this weekend. Wala ka namang heavy exam next week ‘di ba? Sa Math ka lang naman obobs!”

“Alam mo tama ka ‘diyan. If you don’t know, isa na lang ang pinaghahandaan ko kasi exempted na ako sa iba, kaso kailangan ko talagang umuwi. Si Bebs, baka gusto niyang sumama sa ‘yo, at kung wala siyang praktis sa dance troupe.”

“Kahit hindi ka kasama?”

“Oo nga ‘no—hindi pa pala lumakad ang three stooges ng kulang. Pero malay mo okey lang sa kanya. Sandali ha, ipatawag ko lang si Bebs—”

“Paging Bebs Reyes, please proceed to the lobby!”

“Jonas, may problema ka ba?” Bigla kong naitanong.

“Ha? Bakit mo naman naisip ‘yan?”

“Wala lang—Teka, heto na si Bebs. Ikaw na’ng kumausap.” Iniabot ko kay Bebs ang awdotibo.

“O, Jonas—Naku, hindi ako pwede! Complete sentence ako ngayon, as in may period. Wrong timing ang aya mo—Gano’n? Bakit?—Ha? Hmm, o sige, mag-empake ka na—Akong bahala! Pumili siya, susundan natin ang bus na sasakyan niya o sasabay siya sa ‘tin hanggang Bulacan!—9:00 ng umaga tapos i-treat mo kami ng late breakfast, okay?—See yah, bye!” At nakangiting hinarap ako ni Bebs.

“Bebbsss!” Nakasimangot kong maktol. Nahinuha ko ang balak ng dalawang sumama sa akin upang mag-weekend sa Bulacan.

“Nagmamakaawa si Jonas. He desperately wanted to go hiking pero meron ako. Siya ang nagsuggest na sumama na lang kami sa ‘yo. Actually, he wants to go anywhere but definitely, he doesn’t want to stay home.”

“Bakit daw? Anong problema at pati oras ko sa ‘king pamilya eh gusto niyong guluhin?”

“C’mon, we’re not that bad! Alam mo, from the sound of his voice, Jonas is in dire need of us. We’re right, tayo lang ang kaibigan niyang matatakbuhan.”

Kung password ang sabihan ang sariling “tanga” upang maibalik ang oras, isa rin sa babalikan ko ang araw na pumayag akong isama sa Bulacan sina Bebs at Jonas. Hindi sana nila pipiliing magbakasyon sa amin nang dumating ang semestral break. Hindi ko rin maipapakita sa kanila ang inaalagaang bukirin ni Tatay kung saan sa gitna ng malawak na palayan ay nakatayo ang isang kubong pahingahan. Sana’y hindi ko sila nabigyan ng pagkaakataong maiwan silang dalawa doon nang minsang utusan ako ni Tatay na pumunta ng bayan upang maningil ng pautang niya sa bigas.

Hindi sana nabuntis ni Jonas si Bebs.

At hindi sana nagkaroon ng pagkakataong makagawa ng isang ‘di inaasahan bagay ang aking kaibigan.

Nagdesisyon si Bebs na ilaglag ang bata sa sinapupunan bago ko pa nalaman ang lahat.

Unang semestre ng huling taon ko noon sa kolehiyo nang mag-slow-motion ang mundo ko. Nagtaka rin ako kung bakit bigla na lang dumalang ang paglitaw ni Jonas ng magsimula ang pasukan.

Kung dati’y simbilis ng karera ng kabayo ang bawat masasayang araw na magkasama kami ni Bebs, buhat ng lumabas siya ng ospital ay naging tila nakakainip na biyahe sa barko ang isang oras.

Ayon sa mga doktor, maaaring kasama siya ng sanggol na nagpaalam sa mundo kung sakaling

hindi agad naagapan ang kondisyon niya. Maswerte pa rin si Bebs.

Ngunit para sa akin, ang “aksidente” ni Bebs ang nagpasuko ng swerte. Naging malulungkutin ang aking kaibigan matapos iyon. Pumagitna sa pagitan namin ang nakakabinging katahimikan na hindi ko pa naranasan sa loob ng tatlong taon naming pagkakaibigan. Hanggang sa masanay akong maging hangin sa paningin ng itinuring kong kataling-pusod.

“Bakit hindi mo pa ko diretsahin, Bebs? Ayoko ng cold war! Ano ba’ng problema mo?” Pigil ang luha kong sigaw kay Bebs minsang talikuran ako nito nang tanungin ko kung naghapunan na siya.

Wala pa ring reaksiyon si Bebs.

“Ako ba’ng sinisisi mo sa nangyari sa ‘yo? Siguro nga kasalanan ko nang pumayag akong samahan kang mag-jogging—” Hindi ko na napigilan ang maluha. Sa awa sa sarili ko, sa nangyari kay Bebs, sa batang walang kamalay-malay.

Patakbo akong lumabas ng kwarto. Kung saan ako nakarating at kung anong oras ako nakabalik ng dormitoryo, hindi ko na namalayan. Sa pag-iisa ko noong mga oras na iyon, bumalik sa isip ko ang hapong masaya akong inaya ni Bebs na mag-jogging. Nasa kasarapan kami noon sa pagtakbo nang duguin si Bebs. Tuliro akong nag-abang ng taxi at isinugod si Bebs sa ospital.

Wala akong alam noon sa kalagayan ni Bebs hanggang dumating ang oras na ang tanging alam ko lang, pinaghihiwalay kami ngayon ng isang dambuhalang pader. Kung paano iyon titibagin ay isang malaking paano? At si Jonas, nasaan si Jonas?

Naging palaisipan sa akin ang parte ko sa nangyayari kay Bebs. Nais ko tuloy kausapin ang unan na mas pinili niyang karamay kesa sa akin. Hindi ako manhid upang maramdaman ang malamig na pakikitungo ni Bebs. Kahit labag sa loob ko, hinayaan ko siya sa sarili niyang espasyo. Napadalas ako sa library—kung minsan ay upang mag-aral at madalas, upang matulog. Halos ako na nga ang nagsasara niyon. Bilang ko na rin ang mga puno sa Sunken Garden, at napadalas rin ang solitaryo kong pagjo-jogging.

Kung unan ang naging kaulayaw ni Bebs, discman naman ang sa akin. Tulad ng gabing iyon. Habang tinatakbo ko ang kahabaan ng university avenue sa loob ng campus, naka-tune-in ako sa malamig na boses ni DJ Doc.

“My heart goes out to you, Lea,” sabi ng DJ. “I believe that losing him is just to help you move on.

For a moment there, your world revolved around him. In time, you'll realize that there's so much to live for. Be strong, Lea. Appreciate the other world that you fail to enjoy."

Isinalang ni DJ Doc ang kantang "My Heart Will Go On" at matapos iyon, narinig muli ang malamig na boses ng DJ sa ere. "And for all lovesick and lonely people out there, help me help you. Just call—"

Halos maengganyo ako sa panawagan. Pero ano naman ang sasabihin ko? Na ang dati kong bestfriend ay mas nais pang magka-bedsore, bad breath at body odor kesa kausapin ako? Parang nauulinigan ko ang ipapayo ni DJ Doc—time heals all wounds. Ah, saan ba nakakabili ng time na makakapagpagaling sa mga sugat at galis ng lumbay?

Binilisan ko ang pag-jog. Nilagpasan ko ang tatlong babaeng synchronized sa kanilang brisk walking. Pamilyar na sila sa akin.

Nag-overtake rin ako sa mala-atletang lalaki na ang suot na jersey shorts at cargo shirts ay halos dumikit na sa sculpted na katawan nito. Nanuot sa ilong ko ang sporty scent ng kanyang cologne. At least, kahit mukha siyang tumatakbong pawis ay smelling fresh pa rin siya. 30 pogi points!

May caller ulit ang radio station. Wala ba silang makausap kaya ipinangangalandakan nila ang problema sa buong Pilipinas? At isa akong tsismosang nakikinig—

"I thought he is the perfect prince—" May hikbi sa boses ng caller 'di tulad ng mga nauna na tila saulo ang sasabihin. Nilakasan ko ang volume ng radio, na-curious ako. Kung tumaas pa kasi ng bahagya ang voice pitch nito ay magiging pamilyar siya hanggang bigla akong napahinto. Natulala.

"Bebs—si Bebs?!" Kinabahan ako.

At naramdaman ko na lang na may mala-pader na bumangga sa akin. Padapa akong sumadsad sa lupa, kumain ng alikabok. Ramdam ko rin ang mabigat na bulto sa aking likod at ang malamig na espalto sa aking pisngi.

"Oh God, I'm so sorry! Are you alright?" Biglang balikwas ng katawang dumagan sa akin. "Hindi ko napansing huminto ka—are you okay?"

Shit! Sinong magiging okey sa ayos kong parang basang damit na nahulog sa sampayan?

Nang itukod ko ang aking kaliwang kamay upang tumayo ay saka ko naramdaman ang sakit. "I think you broke my wrist!" Akusa ko sa estrangherong alalang nakatingin sa akin.

~ Kabanata 4 ~

“S-sorry—hindi talaga kita napansin. I was jogging right behind you, and then you suddenly stopped on your tracks—” Napayuko ang lalaki. Hindi naman ako makatayo agad. Kahit naiinis ay may naramdaman din akong electricity. Siya ang lalaking binigyan ko ng 30 pogi points!

“So kasalanan ko? Pasensiya ka na, sira ang tail lights ko kaya hindi ako nakasignal na pepreno!” Pinilit ko na ring makatayo. Inalalayan naman niya ako. “Basketball player ka ‘no?” Sarcastic kong dugtong.

“Ha?! Ah—oo—”

“Kaya pala! Matapos mong mambalya, ikaw na ‘tong foul, ikaw pa’ng may lakas ng loob na dumepensa— Anyway, mag-iingat na lang ako next time.”

“Miss, sorry talaga. It’s my fault. May masakit ba sa ‘yo?”

Napangiwi ako sa tanong niya. Sinubukan kong igalaw ang nadaganan kong kamay at talagang may kirot pa rin. Tumango ako, “medyo masakit nga.”

Alalang napailing ang lalaki at sinabing, “Maghintay na tayo ng taxi. Ipa-x-ray na natin ang kamay mo pero dumaan muna tayo sa dorm ko kasi wala akong dalang pera. Okey lang ba sa ‘yo?”

“Okey lang ako—I mean you don’t have to do that. Obserbahan ko na lang kung mamamaga. If I get worse, I’ll have my check-up tomorrow. Don’t bother.”

Magpakipot daw ba! Pero may fault din naman kasi ako. Pero kung magpipilit siya—

“No, I insist. Para makatulog na rin tayo ng mahimbing.”

At sino ba naman ako para tumanggi sa libreng medical services mula sa lalaking nahulog sa langit at bumagsak sa akin?

Naging background sound effects sa isip ko ang on-air confession ni Bebs. Ngayon, may ideya na ako kung bakit ganoon na lang ang “galit” niya sa akin.

“I thought he was the perfect prince, but when he told me to forget what happened between us that night—I was numb. When I told him that I was pregnant, he said he can’t marry me but he’ll support the child. And then I—I had an accident. I lost the baby. He still doesn’t know. I hate to admit it but what hurts me more is knowing that he won’t feel any bit of sadness or regret about my miscarriage when I tell him about it. I fear seeing relief on his face when I tell him about our baby.”

Alingawngaw sa pandinig ko ang kwento ni Bebs. At ang nagpahinto ng mundo sa akin ay nang sabihin niyang—

“He doesn’t love me. He loves my bestfriend.”

“Anette!! Anong nangyari sa ‘yo?” Halos mabulabog ang lobby ng dorm sa matinis na bungad sa akin ni Eve, ka-dormmate ko na noo’y magda-dial sa telepono, nang mabungaran akong paparating.

“Wala ‘to,” sagot ko. “Namali lang ako ng bagsak nang ma-offensive foul ‘yung kalaban ko.”

“Basketball ba’ng PE mo?” Habol na tanong ni Eve sa akin. Papasok na kasi ako noon sa main hallway papuntang quarters namin.

“Next semester!” Sigaw ko.

Nasa harap na ako ng room namin namin. Atubili akong pumasok. Una, hindi ko alam kung paano siya kokomprontahin tungkol sa narinig ko sa radyo. Ikalawa, baka matuwa pa ito sa nangyari sa akin. Naka-cast at may suspender ang kaliwa kong kamay. Hirap ring dumilat ang kaliwa kong mata dahil nag-uumpisa ng mamaga ang aking pisngihan. Bahala na!

Wala si Bebs sa kuwarto. For the first time mula ng magmukmok ay maayos ang higaan niya. Bago ang bedsheet maging ang mga punda. Malinis rin ang kanyang study table. Lalabas sana ako para itanong sa front desk kung nag-check-out si Bebs nang bumukas ang pinto. Namilog ang mga mata niya nang makita ako. Daig pa niya ang expression ni Dr. Frankenstein nang makaharap ang binuhay niyang monster.

“Anong nangyari sa ‘yo? ‘Yung gumawa niyan sa ‘yo, mas grabe ba?” Tanong ni Bebs na ‘di ko mawari kung nangungutya o sadyang nakuha sa paligo ang pagbalik ng mapagbirong ugali nito.

“Siya, not a scratch. Pero sinagot naman niya ang medical expenses ko. Quits na kami.”

“Of course not! Umakting ka na mas malala ang nangyari sa ‘yo tapos humingi ka pa ng pang-pa-check-up at pambili ng gamot. Gatasan mo ang lokong ‘yon!”

Natawa ako sa kabila ng kirot sa aking kaliwang mukha. “Hindi na. Mukhang mas naging maganda ang resulta ng aksidente ko. Kinakausap mo na ako eh!”

“A gan’on? So wala kang gagawin? You’ll let whoever did that to you do away with what he did just like that? For all you know, baka magkaroon ka ng ugly scar at sa mukha pa!”

“Don’t worry, ‘pag nagpeklat tsaka na tayo bumawi, okey? Sa ngayon, ikaw ang gusto kong kamustahin. We need to talk.”

Bumuntonghininga si Bebs. “Shoot! Pero umpisahan mo. Sinong nambiktima sa ‘yo?”

Kahit paano’y naging kakatwa para sa amin ang nangyari sa akin. Katunayan, sinuhestiyon ni Bebs na sumulat kami sa university president upang i-require ang lahat ng joggers sa loob ng campus na magsuot ng butt reflector, headlights, reflectorized t-shirt, o rubber shoes na umiilaw.

“Alam mo ba kung bakit ako nasagasaan nung jogger?” Pagseryoso ko. At sinabi ko ang dahilan.

Naglaho ang tawa sa anyo ni Bebs. Natahimik. Umiwas ng tingin sa akin.

“So ikaw nga ‘yon. Tell me, anong payo sa ‘yo ni DJ Doc? Hindi ko na narinig kasi nakasalampak na ko sa lupa ng mga oras na ‘yon.”

Nangisi si Bebs, at sumeryoso na rin. “He told me to seek professional help—he’s right and I will.”

“I don’t feel anything special for Jonas—”

“Alam ko—”

“Then why were you so mad at me?”

“Halu-halo. Pero mas malaki ang takot ko. Natatakot lang ako, Anette. Una, ang parents ko. Then si Jonas. Tapos ang baby ko—Parang pattern. Lahat ng mga importante sa akin nawawala. Parang may kakambal akong malas.”

“Bebs—”

“I can’t help it. Iyon ang pumapasok sa utak ko. I really feel so bad, especially about my b-baby.”

“Masyado mo lang sinarili ang emotional burden mo. At Bebs, hindi ako mawawala sa ‘yo. Pwedeng kunin ako ni Lord pero kung ako lang, hindi kita iiwan. Promise ‘yan!”

“Kung sabagay, mas gusto ko ng kunin ka ni Lord—kesa ni Lucifer!” Biro ni Bebs.

“Hoy, kahit inbalido ako, kaya pa rin kitang balibagin ng unan! Gusto ko pang madevirginized ‘no!”

“Nung mysterious jogger mo?”

“Mhmm, pwede—” Ngisi ko. “Sa palagay mo, magkita pa kaya kami?”

“Mhmm, pwede,” sabay kidat ni Bebs. “Ikaw kasi, ang hina ng diskarte mo. Nakapatong na sa ‘yo ‘di mo pa sinunggaban!”

Nagpalipad ako ng isang throw pillow sa direksiyon ni Bebs. Umihit ito tawa.

“Torpe ka kasi!” Habol nitong tukso.

One month na rin ang nakakaraan buhat ng magmiscarriage si Bebs. Hindi na namin pinag-usapan pa ang nangyari, at tanging ang aking “aksidente” ang madalas naming topic kaya’t laking gulat ko nang magyaya siyang muli kaming mag-jogging.

Alam kong nakakarecover naman si Bebs. Malaki ang naitulong ng sinamahan niyang peer counselling group.

“Let’s just say na kasama ‘to sa mga dapat kong gawin. And who knows, we’ll hit two birds with one stone,” paliwanag ni Bebs. “ Malay mo, makita natin ang mysterious jogger mo. What if he’s looking for you and waiting around the bend, kaso hindi ka naman lumalabas.”

Pero nag-ja-jog ako, hindi ko lang sinasabi. Sa tuwing uma-attend si Bebs ng kanyang Wednesday afternoon peer counselling session, lumalarga ako mag-isa. Hanggang ako na rin ang nawalan ng pag-asang muli pa siyang makita.

“Hindi siya interesado sa akin. If he is, alam niya kung saan ako nag-i-stay. Sana nangamusta man lang siya ‘no!”

“We’ll never be sure unless magkita kayo ulit. Pangit tiyak ang first impression niya sa ‘yo kasi

gasgas ang angelic face mo at amoy lupa ka no'n, remember?"

"Hay naku, bumabalik na nga yata ang dating ikaw. Kumukulit ka na naman. Okey, sige, sasamahan kita, but only because you asked me to."

Nagkukulitan pa rin kami ni Bebs sa hallway nang mapansin naming may pinagkukulumpunan ang mga dormers sa front desk. Bawat isa'y umaalis na may hawak na student paper.

"Naserious injury si Alejadrino! Naku, baka ma-eliminate tayo sa finals!" Komento ni Anne, ang sports buff sa ground floor.

"Sus, akala ko naman kung anong matter of life and death ang pinagkakaguluhan dito—" Ani Bebs. Nahagip naman ng aking tingin ang hawak na peryodiko ni Anne. Napakunot ako. Nanghaba na rin ang aking leeg at nakisingit sa kumakapal na usisera.

"Sino ba siya? In fairness, guwapo ha! Type ko pa naman ang mga lalaking binabagayan ng skinhead," naulinigan kong komento ni Bebs. "Anette? Anette! Oh no, basketball player ba siya?"

"Bebs, parang siya 'to! Kaso kalbo. Pero siya nga! Shit, na-injury siya?" May sumibol na pag-aalala sa akin. Napangiwi ako kay Bebs. "Nakarma kaya siya sa ginawa niya sa 'kin?"

Sa pagtataka ko, iba ang reaksiyon ni Bebs. Nangislap ang mga mata nito. "Iyan ang tinatawag na ikalawang pagkakataon. Bumalik muna tayo sa kuwarto dahil gagawa ka ng get-well message at dadalin natin mismo sa dorm niya!"

"Ha? E, hindi ko naman alam kung saan siya naka-stay!"

"Heto nga o, sa write-up. Nasa Molave Residence Hall ang prince charming mo!"

Pinuno ng nerbiyos ang katauhan ko nang marating namin ang Molave. "Huwag na lang kaya?" Bulong ko kay Bebs.

Nasa lobby na kami noon, sa harap ng message board ng dormitoryo. May mga sulat na naka-tack doon at may nasulyapan akong para kay "Alejandrino."

"Bakit may 'Sir?'" Pagtataka ni Bebs. Itinuro pa nito ang tinutukoy na note.

“Baka ‘yon ang pseudonym niya. Galing sa ‘Eleazar.’ ‘Pag slang ang bigkas mo, parang ‘Elyasir,’” kibit-balikat kong paliwanag habang ipinamumulsa ko na ang sarili kong sulat.

“O, ano pang hinihintay mo? Ako na nga!” Hinablot ni Bebs ang sobre. Inabot ang pushpin na nagta-tack sa sulat na para kay “Sir Alejandrino.” Tinanggal niya iyon upang ipailalim ang aking sobre, at muling itinusok sa corkboard. “There! Now, we wait!” Kindat ni Bebs sa akin.

Ayon sa article, nagpapagaling sa university infirmary si Eleazar. Two days siya roon. Lingid sa aking kaalaman, kinagabihan matapos naming i-tack ang sulat ko, nakangising binabasa na iyon ni Sir Alejandrino.

“Hi Sir,

I have good news! My wrist’s back to normal, which is very obvious or else, hindi mo ‘to mababasa dahil paa ang gagamitin ko if ever.

I hope you still remember the poor helpless jogger you ran over. Well, that’s me alright.

Nabasa ko rin ang article about your injury. Kung napanood siguro kita, baka sumigaw ako ng “Karma mo ‘yan!”

Just kidding, of course. Hindi naman kasi ako mahilig sa basketball kaya you don’t have to worry na mag-eeskandalo ako the next time you hit the hard court.

Anyway, you better get well soon. The whole university is wishing you well.

Best regards,

Anette.”

Inipit nito ang sulat sa binabasang libro at tinungo ang lobby. Sa receiving desk, binati siya ng nakataong student assistant.

“Ano ngang local sa Yakal?” Tanong niya.

“3241, Sir.”

Paging Anette Torres, phone call!

“Si Ivy ‘yan, for sure. Absent kasi kanina kaya tiyak na magtatanong na naman ng readings!”

“Reliable ka kasi—at hindi marunong tumanggi. Always a friend when in need,” ani Bebs habang naghuhubad ng rubber shoes. Kakarating lang namin noon buhat sa pagja-jogging.

Komiko kong sinimangutan si Bebs bago lumabas ng kwarto.

“Yo!” Bati ko sa receiver.

“Ahm, Anette?” Paniniguro ng caller.

“A-ah, yes? Sino ‘to?”

“Si Sir Alejandrino.” Bahagyang tumawa ito.

“Sir!” Gulat kong sambit. Pakiramdam ko’y huminto ang daloy ng dugo ko sa pagkarinig muli ng boses na ‘yon. Hindi ko rin ine-expect na mababasa niya agad ang sulat!

“I’m glad to know that you’re already well. Pasensiya na rin kasi ‘di na kita nakamusta. Medyo naging busy ako.”

“Okey lang ‘yon,” pero mas mabilis sana akong gumaling kung dati ka pa tumawag! Gusto ko sanang idagdag. “Ikaw, kamusta?”

“Ako, mabuti. Malakas pa ‘ko sa kalabaw,” natatawang sabi nito. “Nagja-jogging ka na ba ulit?”

“Paminsan-minsan na lang. Malapit na kasing mag-end ang semester kaya tambak ang mga projects. Ewan ko nga ba sa mga professors bakit ayaw bigyan ng maluwag na break ang mga estudyante pag magtatapos na ang klase.”

“‘Di naman lahat. Ang mga prof ko very forgiving.”

“E kasi may mga special privileges kayo—”

“No! Mas strict nga sila sa amin.”

“Hmph!”

Tinawanan lang ako ng kausap ko. “Ang totoo, may tinatapos akong dissertation at ‘pag hindi ko nasubmit, siyempre, hindi ako papasa.”

“Dapat lang! All’s fair in—” Natigilan ako. Hindi ko na naidugtong ang kasunod na linya.

“In love and war—ba’t ‘di mo tinapos?”

“Ehrr—nakalimutan ko?” Pinamulahan ako. Buti na lang sa telepono ko lang siya kausap!

Malakas ang tawa niya sa kabilang linya. Ang sarap pakinggan! Parang alon sa dagat.

“Sobra ka naman! Porke starplayer ka, pagtatawanan mo na ang taong makakalimutin!” Natahimik din siya. Pero ako na rin ang bumawi. “Oy, joke lang! All’s fair, okay?”

“Jogging tayo bukas, kung pwede ka—promise, didistansiya ako,” biglang sabi niya.

“Ha?” ‘Di ba injured ka?”

“Emotionally. Nilait mo ko e. Physically, I’m perfectly fine.”

“Sigurado ka? Okey ka lang?”

“Oo naman. Mag-aaya ba ‘ko kung hindi?”

“S-sige. Kasama ko nga pala ang roommate ko.”

“Sure! The more the merrier.”

“So, bukas na lang. 5:30 ng hapon kami nag-i-start. Kita na lang tayo wherever tayo magkasalubong.”

“Okey, hahanapin ko kayo.”

Madre Mia! Kung sino man ang patron ng mga nababalian ng buto, nais kong magpamisa sa

ngalan niya!

~ Kabanata 5 ~

Sa totoo lang, hindi pa ako nagmemedyas ay pinapawisan na pati talampakan ko sa nerbiyos.

Huwag sana akong ma-sprain! Baka umamoy ‘pag hinilot ni Sir Alejandrino ang paa ko! Taliwas naman ang pakiramdam ni Bebs. Humuhuni pa ito habang nagbibihis.

“Sino bang nagsulat ng article tungkol sa injury niya? Hindi kaya misleading ‘yon kasi nabayaran siyang huwag maglaro sa eliminations?” Muni ni Bebs.

“Siya kaya ang tanungin mo. Basta ako—shit! Hindi ko ‘ata kayang tumakbo? Nanlalambot ako sa kaba!”

“Ano ka ba, Anette? This is your moment—” at nagsayaw pa ito sa harapan ko na parang may imaginary partner.

“Hindi tayo pupunta ng prom, loka! Magja-jogging tayo!” Kumindat lang si Bebs sa akin. Nang biglang pumasok sa isip ko si—“Bebs—? Hindi mo ba nami-miss si Jonas?”

Natigilan ang kaibigan ko. Ni-regret ko naman ang pagtatanong na iyon. Bigla kasing naglaho ang saya ni Bebs.

“Nami-miss din—ano ka ba? Let’s not talk about that. Honestly, nasasaktan pa rin ako kasi siya ang naunang umiwas after what happened between us, lalo na nung sabihin kong buntis ako. Ewan ko ba—parang nagtago na siya.”

“Hindi mo pa nasasabi ‘yung—nangyari sa ‘yo?”

Nagpakawala ng hangin si Bebs. Malalim. “Gusto ko sana, ‘pag sinabi ko sa kanya, magkaharap kami. Hindi magkatext o magkausap lang sa telepono.”

“Alam mo, ‘pag nakita ko talaga ang mokong na ‘yon, makakatikim siya ng sapak. But I still can’t believe that he’s avoiding us. Feeling ko mas may malalim na dahilan. You remember the story I told you about me meeting his father? Ngayon ko lang naisip, he looks familiar. Parang napanood

ko siya sa TV, sa news."

"Really? Ano namang kinalaman niya sa biglang paglalaho ni Jonas?"

"Ewan ko. Siguro sinabi ni Jonas sa Daddy niya may dapat siyang panagutan sa 'yo—kaso baka they see it as a stain on their societal status. Intimidating din kasi ang pamilya nila, sobrang yaman. Alam mo na."

"Kaya nga gusto ko na ring makita ang damuhong 'yon. You're right. I miss him. I hope he's okay —" malungkot na sabi ni Bebs na sinang-ayunan ko.

Malapit na kami sa Administration Building nang huminto si Bebs. "Kung bumalik na kaya ako? Feeling ko, I'll ruin your privacy."

"Bebs, ano ba? This is not a date, so hindi ka third wheel. Dahil kung date 'to, bakit naman kita aayain 'no?"

Umarko ang kilay ng aking kaibigan. "Testing lang, friend. I'll race you sa Oblation!" At tumalilis na si Bebs.

"Hay naku, magkaroon ka nga naman ng kaibigang lukaret!" Habol ko kay Bebs nang maaninag ko ang bulto ng katawang makakasalubong namin. Nakangiti ito at bahagyang kumaway.

"Bakit ka may buhok? Este—naka-wig ka ba?" Taka kong tanong nang magkaharap na kami.

"Shampoo ng kabayo ang gamit mo 'no?" Singit ni Bebs. "Ako nga pala si Bebs Reyes, roommate ni Anette. At ikaw si Eleazar Alejandrino?"

Nakipagkamay naman ang lalaki. Tatawa-tawa.

"Na-mix-up lang kayo. Ako si Ezekiel. Kakambal ko si Eleazar. Siya ang varsity player."

Sabay kaming napa-"Aah" ni Bebs.

"Dati, no'ng hindi pa siya nagpapa-skinhead, madalas kaming mapagpalit. That was a year ago. Ngayon, dalawa na lang," ngisi niya.

Natulala ako. Napahiya. Naalala ko kasi ang ginawa kong sulat sa kanya.

“Sorry, ‘di namin alam na dalawa pala kayo—” sabi ko.

“Wala ‘yon. Sanay na kong mapagkamalang si Eleazar.”

“Correction! It was the other way around.” Itinaas pa ni Bebs ang kamay sa hangin. “Ang akala namin ikaw si Eleazar.”

“‘Yon nga!” Ani Ezekiel.

“Of course not! Ang sabi mo kasi Ezekiel—teka, siguro naman may palayaw ka?”

“Eli,” aniya.

“Going back, Eli, ang sabi, mo napagkamalan ka naming si Eleazar when the fact is si Eleazar ang napagkamalan naming ikaw. Gets mo? Ikaw ang kilala namin—este, ni Anette lang pala. She thought that your injured twin brother is you.”

“Hindi niyo kilala si Eleazar?” Tanong ni Eli.

Sabay kaming umiling ni Bebs. “Aside from being required to watch the opening noong may PE I kami, hindi na kami nakaapak ng basketball court,” paliwanag ni Bebs. “Naku, Anette,” baling niya sa akin, “napaka-apathetic ba natin at wala tayong kilalang varsity player? Baka ma-kick-out tayo!” Biro pa niya.

“Exaggerated ka naman!” Hawi ko kay Bebs sa hangin. Nagpaliwanag na rin ako kay Eli. “Wala lang talaga kaming hilig sa basketball.”

“Sabi mo nga,” nakangiting sabi ni Eli.

“Pero alam mo Eli, napicture ko na ang itsura mo. Detalyado kasi ‘yung description sa ‘yo ni Anette habang minumura-mura ka niya dahil sa pagkakabangga mo sa kanya. Pati nga gamit mong—”

“Bebs!” Agaw ko.

“Sabi ko nga pagod na ‘ko. Pa’no, babalik na kong dorm? I forgot, may deadline pala ‘kong template bukas. Baka hindi ako maging architect ‘pag hindi ako nakapag-submit. Mauna na ko sa inyong umuwi, ok?”

Hindi na ako nakahuma dahil biglang tumawid si Bebs at pinara ang paparating na jeep na umiikot

sa kampus.

“Kuuh! Tama ba namang bigla na lang siyang umalis?” Inis kong maktol.

“E may gagawin daw siya, ‘di ba? Kumakain ka ba ng fishball?” Tanong ni Eli.

“Ha? A, oo naman! Isaw, bato, atay, barbeque, banana-q—basta bagong luto.”

“Next time, kakainin nating lahat ‘yan.”

“Ok,” tangi kong nasabi at nagsimula na akong mag-jog.

“Teka, dito mas malapit,” habol ni Eli sa akin. “Saan ka ba pupunta?”

“Tatakbo. Saan bang way natin?”

“Dito na tayo sa kabila. May madadaanan tayong fishball stand.”

“Aah! Sabi mo kasi next time tayo kakain. Akala ko sinadya mo lang akong gutumin.” Nag-about face ako. “Kaya lang wala akong dalang pera. Treat mo ko, ha?”

“Wala ka ring dala? Pa’no yan? Wala rin ako, eh! Ganito na lang, ang mahuli, magbabayad!”

At taliwas sa iniisip ko, hindi siya nagpaabot. Kumaripas na ito.

Hinihingal pa rin ako nang abutan ko siyang may hawak ng fishball. “Hmph, kalaking tao, batang isip!” Simangot ko kay Eli. “Manong, five pesos ho sa ‘kin,” sabi ko sa tindero.

“Akala ko wala kang pera?” Nakangisi si Eli. Komiko ko siyang inirapan.

“Uhm, Manong, itong kasama ko, siya ho ang star player ng basketball dito. ‘Pag hindi niya babayaran ‘tong fishball ko, ireport niyo ho sa student affairs!”

Napakamot ng ulo ang tindero. Nabulunan naman sa kakatawa si Eli.

Grabe, iyon na yata ang pinakamasarap na fishball na natikman ko sa aking buong buhay!

Nag-cool down kami ni Eli sa Sunken Garden. Walang queber na sinaluhan ako ni Eli sa baon nitong mineral water.

“Wala ka naman sigurong gingivitis?” Anito habang inaabot sa akin ang bote na hindi ko naman tinanggihan. “Alam mo, your letter was the best intrusion I had in years.”

“Oy, ‘di pang-iistorbo ang intensiyon ko!” Depensa ko. “Sorry talaga—it was an honest mistake.”

“Alam ko. Ang ibig ko lang sabihin, madalas kasi, I get letters from my students na nagbibigay sa ‘kin ng sakit ng ulo. They beg for extension ng deadlines ‘pag hindi sila maka-comply sa requirements ko. ‘Yung iba nagpaparecompute ng grades—all those sorts.”

“Instructor ka?”

“Hindi halata ‘no? I am. I teach Communication Arts II. Kumukuha rin ako ngayon ng M.A.”

“Ang dami ko palang atraso sa ‘yo. I thought you were a basketball bully, tapos ngayon, I can’t quite believe that you really teaches here. Double apology pala ang dapat kong hingin sa ‘yo—”

“If that’s the case, you’re doubly forgiven.”

“Salamat sa absolution ni’yo father, ano hong penance ko?”

Nagtawa si Eli. Seryoso kasi ako sa akting kong nangungumpisal na siya ang pari.

“Ang penance mo, you’ll help me read and grade my students’ research proposals.”

“Sobra naman! Ikaw ang sinuswelduhan tapos sa ‘kin mo papagawa? Iba na lang,” ngisi ko.

“Sige—” at animo’y nag-isip pa ito. “Recite mo ang alphabet ng pabaliktad.”

Sinubukan ko. Pero hindi ko magawa. Inilabas nito ang kanyang cellphone at sinabi sa akin ang teknik. Kantahin ko lang daw ang alphabet song habang binabasa ang alpha keypad. Makakabisa ko na sana nang may isang L200 na nag-screech sa harap namin. May mga lalaking nakasakay sa likuran nito na nagkakagulong nagbibiruan.

“‘Tol, kulang kami ng tao sa praktis, gusto mong mag-fill in?” Hiyaw ng kalbong ulo na sumungaw sa driver’s window. Si Eleazar iyon, ang kakambal ni Eli.

“Pasensiya na ‘tol, busy ako tonight,” sagot naman ni Eli habang papalapit sa sasakyan. May sinabi pa ito sa kapatid na ikinahaba ng ulo nito para dungawin ako.

“Oh, I can see that—siguraduhin mo lang na papel ng estudyante mo ang gegreydan mo at hindi iba!” Naulinigan kong sabi ni Eleazar na ikinahalakhak ng mga kasamahan nito—maliban sa isa.

Namataan ko si Chris sa likod ng sasakyan na paismid na nakatingin sa akin. Ang batugang iyon! Kasama pala sa varsity team!

“I hate him! I really madly hate that guy!” ‘Di ko mapigilang sabihin na narinig pala ni Eli.

“Sino? My brother?”

“No, not him. Si Chris,” pagtatama ko.

Ikinuwento ko kay Eli ang nangyari sa amin ng kinabubuwisitan kong si Chris. Ang totoo, kinalimutan ko na ang pangyayaring iyon dahil ayon na rin kay Bebs, magkakawrinkles lang ako kung hindi.

“Aha, ikaw pala ang dahilan kaya hindi nakapaglaro si Chris last year! Bawal kasi silang maglaro ‘pag may bagsak.”

“Tama lang sa kanya ‘yon ng hindi niya kaya-kayanin ang mga estudyante at mga guro dito. Hindi porke nagbibigay sila ng glory para sa university, they feel they have all the right to demand everyone.”

“Pero sa team, ikaw ang kontrabida. Kailangan nila si Chris para maipanalo ang last season. He’s a good guard. Asar-talo nga raw si Chris that time, kwento ng utol ko, kaya nga kahit praktis madalas ding wala. Ako ang nagrerelieve sa kanya no’n pero ngayon, full load ako kaya hindi na ako nakakasama.”

“Ba’t hindi ka sumali sa team? Sayang naman ang praktis mo. Estudyante ka pa rin naman kasi you’re taking your masteral.”

“Kung hindi siguro ako graduating last year, baka nakasama ko. Pero may problema din kasi ako sa tuhod—may nadislocate akong bone muscle way back in high school. I was in a cast for two months. Kaya heto, I jog para maibalik ang dati kong stamina. It’s a long process of healing at hindi ko kaya ang rigorous training na ginagawa ng varsity team.”

“So that’s it. Frustrated basketball player ka na naging teacher.”

“No. Blessing in disguise lang siguro ang nangyari sa akin. I really wanted to write, kahit dati pa. Pero my father’s a die-hard basketball fan. You remember the Crispa-Ginebra days? Lagi kaming

nanonood noon. Dati, siyempre, I want to impress him, pero mas nasa puso ni Eloy ang maglaro. Ako, mas gusto ko talagang magsulat.”

“Alam ba ‘yan ng father mo?”

“Hindi. Sandali lang, may napapansin ako. Ba’t ako lang ang nagkukwento? It’s your turn.”

“Boring ang buhay ko,” kiyeme ko. Ngayon pa lang nagkakakulay kasi nakilala kita, kilig namang bulong ng puso ko.

“I feel funny. Ngayon lang kita nakilala pero nakapag-open na ko sa ‘yo, tapos ikaw, ayaw mong magkwento. Why don’t you try me.”

“Aantukin ka lang.”

“Mas maganda ‘yon. Alam mo bang mas effective kausapin ang tulog?”

“Ows?”

“Diretso sa subconscious mind ng tulog mong kausap ang lahat ng sasabihin mo.”

“Talaga lang ha? Sige, magkukwento ako ‘pag tulog ka.”

“You’re a cheat!”

“Of course not! Ang bilin sa ‘kin ng nanay ko, ‘don’t talk to strangers.’”

“Stranger pa pala ko sa ‘yo?”

Nangiti ako. “Ngayon, oo. Bukas siguro hindi na. At ‘pag bukas, nagkita tayo na tulog ka, magsasawa ka sa mga kwento mula pagkabata ko.”

Masaya akong bumalik sa dormitoryo nang maghiwalay kami ni Eli. Pakiramdam ko’y naglalakad ako sa ulap.

Iba si Eli. May intellectual at humorous sense. Idagdag pa ang kakisigan nito na pinatamis ng mga ngiting kayang tumunaw ng asero.

Nasa harap na ako ng parking lot ng dormitoryo nang mamataan ko ang pamilyar na kotse ni Jonas. Bigla akong kinabahan. Tama ang hinala ko. Sa gawing dulo ng lobby, malayo sa grupong nanonood ng TV ay naroon sina Bebs at Jonas.

Sa aking puwesto, kahit malayo sa kanila, alam kong seryoso ang pag-uusap nila.

Nainip ako sa paghihintay kay Bebs nang gabing iyon. Hindi rin siya sumasagot sa aking mga text messages kaya't inaliw ko na lang ang aking sarili sa pag-iisip kay Eli.

Instructor siya sa English Department, kasabay ng pagkuha niya ng Masteral Degree sa unibersidad. Bagama't wala naman kaming gaanong napagkwentuhan—siyempre, mahirap magkwentuhan habang nagja-jogging—swak na rin sa akin.

Wala ring romantic parting ways na nangyari. Naghiwalay kami sa harap ng library. "All's fair, magsinglayo ang tatakbuhin natin pabalik," nakatawang suhestiyon ni Eli.

Natawa rin ako. "All's fair," ulit ko.

Hanggang sa makatulugan ko ang pagpe-playback sa nangyaring maghapong iyon.

Tulog pa si Bebs ng magising ako kinabukasan. Nagtaka ako. Hindi na niya nagawang magbihis ng pantulog.

Maingat kong kinuha sa cabinet ang aking bihisan at gamit panligo. Pagbalik ko ay hindi pa rin siya natitinag. Sabagay, alas-diyes pa naman ang pasok ni Bebs.

Habang nasa klase ay umiikot sa isip ko kung ano ang kinahinatnan ng pag-uusap nila ni Jonas. At siyempre pa, sumisingit din sa isip ko ang nakangiting mukha ni Eli at hinahanap ko ang mukhang iyon sa paglalakad ko sa corridor. Pero ni anino niya ay hindi ko nakita.

Dumating si Bebs na nag-aayos ako ng maruruming damit na iuuwi. Tahimik siyang tumabi sa akin.

“Nagkausap na kami ni Jonas kagabi,” bungad niya.

“Nakita ko nga kayo sa lobby. Hinintay nga kita kaso mukhang may pinuntahan pa kayo.”

“Hindi pala sa atin nagtatago si Jonas. Naka-leave siya this semester. His family is in hiding. Suspect ang Daddy niya sa failed coup d’etat two months ago. General palang tatay niya. Low profile pero big shot. And that’s not all. Marami ring kaso—drugs, guns at smuggling.”

“Sabi ko na nga ba siya ‘yung napanood ko sa TV! ‘Yung magarang kotse niya, smuggled ba ‘yon?” Tanong ko.

Napatawa si Bebs. “Hindi ko naitanong. Anette—Jonas proposed marriage.”

“Wow! Really? So kelan ako aabay?”

“Hindi pa ako sumasagot. The problem is, I still haven’t told him about the baby. Marami kasi siyang kwento. Sana nga hindi ko na lang nalaman ang komplikasyon ng buhay niya. Kahapon, nakatiyempo lang siya kaya siya nakapunta dito. Kinakamusta ka nga pala niya.”

“But you still love him despite the odds—”

“Yeah, I guess I still do. Kaya nga mas nahihirapan ako ngayon. Bigla na lang siyang dumating kung kelan handa ko na siyang i-give-up.”

“Nasabi ko na ba sa ‘yong love conquers all? Basta nagmamahalan kayo—” seryoso kong ambag.

“Iyon pa nga, eh! The truth is, I can sense na ikaw pa rin ang gusto niya. At feeling ko, gusto lang niyang takasan ang magulong buhay niya. Kung magpapakasal siya sa ‘kin dahil lang do’n, mas magulo ang magiging buhay namin. Isa rin ‘yong dahilan kung bakit ayoko ring magpatali sa kanya. Kung sakali, ‘di ba, forever kitang pagseselosan?”

“Bebs, hindi naman siguro ganoong katanga si Jonas para itali ang sarili niya sa ‘yo kung wala siyang nararamdamang love. I bet, noong nagtatago sila, narealize niya kung bakit siya magpapakasal sa ‘yo. He should have felt it before, how lucky he is to share a lifetime with you.”

“Naks, napaka-poetic mo naman. Inspired ka na talaga ni Sir Eli!”

“Huwag mo nga akong baliktarin. Totoo naman ang sinasabi ko.”

“Paano kung tama ako? Isa pa, paano kung pakakasalan niya ako dahil akala niya, may

responsibilidad pa rin siya sa akin?”

Natahimik ako. Paano nga? “Kelan daw ba siya magpapakita ulit?”

“I don’t know. And I’m not looking forward to it.”

~ Kabanata 6 ~

Ang semestre na wala si Jonas ay pinunan ni Eli. Naging threesome kami sa pagtatapos ng klase. Itinago ko kay Bebs ang yumayabong kong pagtingin kay Eli bagama’t kahit ilihim ko man ay hindi ako nakakaligtas na tuksuhin ni Bebs sa tuwing nasa dormitoryo na kami.

At dahil guro si Eli ng Communications Arts II, kadalasa’y napapasabak kami ng seryosong diskusyon sa tuwing nagpapahinga na kami matapos mag-jogging.

“Ayan ka na naman, Sir, ha!” Minsang biro ni Bebs nang magtanong si Eli kung nabasa namin ang The Old Man and the Sea ni Ernest Hemingway. “Hindi ako nagreview!” Dagdag pa niya.

“Sir, absent ako last meeting. ‘Di ko alam na may assigned kayong reading,” susog ko naman.

Biro na namin kay Eli ang tawagin siyang ‘Sir’ dahil sa pagkakamali naming pagkakakilanlan sa palayaw niya kaya’t magkakatawanan kami. Ngunit sa tuwing magtatanong si Eli, inaasahan na naming may mas malalim kaming mapagkukwentuhan.

“That’s no excuse! You should both study your lessons,” sakay ni Eli sa role niya. “At dahil mabait akong titser, ito ang buod ng kwento—”

Alam ko naman ang kwento ni Santiago, ang bida ng nobela. Isa siyang mangingisda na pumalaot sa dagat upang may maipagmalaking huli. Hindi naman siya nabigo ngunit matapos pa iyon ng dramatic na pakikipagbuno niya sa isang marlin na mas malaki pa sa kanyang bangka! Naroon ring paligiran siya ng mga pating nang maamoy ng mga ito ang dugo mula sa pagkakapana ni Santiago sa marlin, kaya’t sa halip na maiuwi nito ng buo ang huling isda upang maipagmalaki sa kanyang mga kababaryo, tanging ang buntot lamang ang nakuha niya. Iyon ang naging sukatan ng kanyang pagiging mangingisda. Alam nito sa kanyang loob na isa siyang tagumpay, at hindi rin maikakaila iyon ng kanyang mga kababaryo dahil sa dami ng galos ni Santiago mula sa naganap sa dagat.

“Iyon ang kwento ni Santiago,” pagsusuma ni Eli. “Heto ang tanong ko—naging ‘Santiago’ na ba kayo? ‘Yung tipo bang may isang bagay kayong gustong makamit o ipinaglalaban, na handa kayong gawin lahat para makuha ‘yon?” Seryosong tumingin sa amin si Eli.

Naikumpara ko tuloy si Eli sa isang retreat servant na nagpapahalukay sa aming nakaraan. As usual, napaisip na naman. May naipaglaban na ba ako? Wala pa nga. Nagpaapatianod lang ako sa agos. Ni wala rin akong ambisyon after graduation. Sa isip ko, tsaka ko na lang paplanuhin ang buhay ko ‘pag may diploma na akong hawak. Ano nga bang gusto kong gawin?

“Hindi pa yata ako naging ganoong kadeterminado sa buhay. Siguro sa ngayon, ako si Santiago noong hindi pa siya mangingisda.” Tinawanan ko ang aking sarili. Nakakaawa naman ako. “Kasi ako, estudyante. Iyon lang. Nag-aaral para makapasa. Pero hindi ako nag-aim na maging summa cum laude. Kung lahat siguro ng professor dito tulad ni Madrid, baka naging magna cum laude ako!”

“Nagpa-enlist ka kay Madrid?” May pagtataka sa tanong ni Eli. “Hindi na siya nagtuturo ngayon. Pinatalsik na siya. Sexual harassment.”

“Talaga? Buti naman. Pero napaaral ako ng mabuti nang malaman ko’ng reputasyon niya. Kahit bobo ako sa numbers naging Math wizard ako!”

“Astig pala ang mga nakakabangga mo dito sa university. Dapat siguro dumistansiya muna ko sa ‘yo!” Biro ni Eli.

“Bakit, astig ka ba?” Ani Bebs na nagpatawa sa amin. Ikinuwento pa nito ang nangyari sa akin sa klase ni Madrid.

“That time, naging ‘Santiago’ ka. You want to pass kaya kahit masunog pati anit mo, nag-aral ka talaga.” Sabi sa akin ni Eli.

Napatango lang ako at binalingan na rin siya. “Ikaw, kelan ka naman naging ‘Santiago?’”

“Well, I wanted to be good in basketball, pero mas magaling talaga si Eloy kahit noong high school kami. Mas marami rin siyang fans. Now, what I want is to be a good teacher, and then write a good book. Wala man akong fans, at least, may nauuto ako.” Tumawa pa si Eli. Nahawa na rin kami ni Bebs.

“Para kang nanghihimasok ng inner feelings. May halo kasing tsismis. Dapat nagpari ka—Seriously, ganito ka rin bang magtanong sa mga estudyante mo?” Usisa ko.

“Nah! I ask them to define the writing style of the author. Is it effective? Ano ang gustong tumbukin ng kwento? Those technical things. Sometimes, sila na rin mismo ang nagbibigay ng insights pero I don’t ask them for personal experiences. I let them explore the possibilities of understanding the events. I let them enjoy the story and whatever effect it has on them, sila na ang magdidiscover nu’n. That’s how I teach. Discovery. Mas gugustuhin nilang pumasok sa klase ko kasi nakakarinig sila ng mga istorya na nakakainspire.”

“Kaya kami ni Bebs ang isinasalang mo sa mga emotional inquisitions kasi hindi mo magawa sa mga estudyante mo?”

“Ako—hindi ako naging ‘Santiago’ sa tanang buhay ko. Takot ako sa dagat, sa pating—hindi ako makarelate—” malungkot na singit ni Bebs sa balitaktakan namin ni Eli. Noon ko lang na-realize na apektado pala si Bebs sa diskusyon namin tungkol kay ‘Santiago.’ Saka ko napansin na tahimik ring gumuguhit ang mga luha sa pisngi nito.

“Or maybe I was the shark. Akong pumatay sa baby ko. Hindi ko man lang siya narinig na nagmakaawa. But in my dreams, I could hear him laugh. Pero madalas, umiiyak siya. Gusto ko siyang patahanin pero bigla na lang siyang mawawala—” Tuluyang kumawala ang matagal ng kinikimkim ni Bebs. Tumangis siya. Ramdam ko ang pagsisisi nito sa bawat luhang hindi na niya kayang dalhin. Nag-open na rin ito. Maging kay Eli ay wala siyang itinago.

Sobrang galit kay Jonas at awa sa sarili ang nagbunsod sa kanyang ilaglag ang bata. Dahil ayaw siyang pakasalan ni Jonas ay mas nais niyang mawala na lang ang dinadala niya. Hindi raw siya handang maging single mother. Ayaw rin niyang lumaki ang bata na walang buong pamilya tulad niya.

Nagimbal din ako sa confession niya sa akin.

“Anette, hindi ko maamin dati—sana you could forgive me. Galit din ako sa ‘yo—inaya kitang mag-jogging kasi gusto kong isipin na accomplice kita sa gagawin ko. Nainsecure kasi ako. Alam mo ‘yon? You just stay the way you are while I was trying so hard for Jonas to like me, pero ikaw pa rin ang gusto niya. But then, all the fault is mine. Naduwag ako. Sorry—”

Nadurog ang puso ko sa ginawang pag-amin ni Bebs. Hindi ko inaasahang ganoon ang nararamdaman nito. Niyapos ko ang nagdadalamhati kong kaibigan.

Nang kumalma si Bebs, kahit paano’y bumalik ang pagiging clown nito. Panay kasi ang hingi nito ng sorry kay Eli sa nasaksihang kadramahan namin.

“Kasalanan mo ‘to lahat, Eli! Kung hindi dahil sa kwento mo, hindi ako mag-eemote ng ganito!” Nakuha pang ibiro ni Bebs sabay singa sa hawak na bimpo. “Salamat na rin. At least, ngayon,

medyo gumaan na ‘ko ng konti.”

“Gumaan ka na nga, sigurado ‘yan. Sa dami ba naman ng iniyak mo, tiyak na nabawasan ang timbang mo!” Pampalubag-biro ni Eli. “Naiintriga tuloy ako kay Jonas,” dugtong niya. “‘Pag nagkita kami, itatanong ko kung anong nagustuhan niya kay Anette. I mean, hindi ka naman monster, Bebs, para matakot siyang pakasalan ka.”

“Ah, ewan! Nakakaloka talaga! Bakit kasi naimbento pa ang love triangle.”

Itinago ng aking tawa sa komento ni Bebs ang biglang kurot sa puso ko. Ibig bang ipahiwatig ni Eli na kung siya ang nasa lagay ni Jonas, hindi siya magdadalawang-isip na pakasalan si Bebs? May gusto ba si Eli kay Bebs?

Marami ng pinagdaanang pasakit si Bebs. Kahit tila hindi ko matanggap, higit kaninuman, gusto ko siyang sumaya. At kung si Eli ang makakapagbigay niyon, handa akong magparaya.

Ngunit si Jonas pa rin ang mahal ng kaibigan ko. Sa tuwing lampas ng bintana ang tanaw nito, nakakatiyak akong si Jonas ang laman ng kanyang pagmumuni-muni. Kahit sabihin mang may pagkatiwali ang pamilya ng aming kaibigan, alam kong lihim niyang kinasusuklaman ang nakagisnang gawi na iyon. Sa pagkakakilala ko naman dito, ang detalyeng iyon ng kanyang buhay ang dahilan kaya’t wala itong gaanong social life. Ilang itong makipagkaibigan, kaya’t isa rin sigurong himala ang pagdikit nito sa amin. Hindi ba’t natagalan pa nga bago namin lubusang nakilala ang family background niya?

Naalala ko noong minsang tanungin namin kung ano ang business ng kanyang mga magulang.

“You don’t want to know,” tahimik na sabi ni Jonas. “And I’m not going to tell you, either.”

“Let me guess—high-calibre hitman ang tatay mo, at madame butterfly ang nanay mo?” Biro ni Bebs.

“Please, I don’t want to talk about my family. I don’t want to be reminded of where I came from,” tiim-bagang na sabi ni Jonas.

“Why not? Naaalala mo ba ‘nung nagpunta kami sa inyo dati? I met your father, and he looks like a nice man. He talked about you—”

“At anong alam niya sa ‘kin? Na wala akong kaibigan? Iyon lang ang alam niya tungkol sa ‘kin. Nothing else. I bet he felt proud na may inuwi akong babae sa bahay. Burado na’ng tingin nilang bakla ako. Siguro kung may mabubuntis ako, matutuwa pa ang mga ‘yon.”

“Gaano mo ba kakilala ang Daddy mo?” Matapang kong tanong.

“I know him well enough to hate him, so don’t anymore ask.” At alam kong hindi na ako ulit magtatanong nang may koneksiyon sa pamilya niya.

~ Kabanata 7 ~

Subsob kami ni Bebs sa paghahanda para sa finals week. Iyon lamang ang panahon na pareho kaming konsentrado. Habang papalapit ang oras na ‘yon, nagiging seryoso kaming mga estudyante. Kabi-kabila kasi ang mga submission deadlines at examinations.

“Bebs Reyes—Bebs Reyes, phone call!” Istorbo ng paging system ng dormitoryo.

“Oy, Bebang, may call ka!” Tawag ko dito. Mahirap talagang kunin ang attention nito ‘pag kaulayaw ang kanyang T-square. Gumagawa ng floor layout si Bebs.

“Kunin mo nga. Mawawala sa utak ko ang vini-visualize kong design—” anito na hindi natitinag sa kanyang mesa.

“Eh kung isa ‘yan sa mga suitors mong makulit, ‘di ako naman ang nawala sa focus? Idispatsa mo na kung sino man ‘yon.”

“Hay, ang hirap naman kasing maging beauty and brains! Habulin ng mga dumb and dirty!” At padabog na tumayo ito.

Kung anu-anong expletive ang sinabi pa ni Bebs bago lumabas ng kuwarto. Ganoon talaga siya ‘pag naaabala. Hindi ko man alam ang pakay ng caller ay naaawa na ako dito. Tiyak na makakatikim ito ng katarayan ni Bebs. Tiyak din na mag-aalburoto pagbalik si Bebs.

Pero taliwas sa aking inaasahan, tahimik na Bebs ang pumasok ng pinto. Tulala pa nga!

“O, bakit? Sinong salarin?”

“Si Jonas. Gusto na raw akong makilala ng parents niya—”

Maging ako ay nabahala. Pinoproblema pa nga ni Bebs kung paano sasabihin ang pagkalaglag ng

bata ngayo'y heto ang panibagong sitwasyong dapat niyang suungin.

"Anette, how should I tell him? What will I do? Bakit ngayon lang?" Sunud-sunod na tanong ni Bebs.

At tuluyan ng nawalan kami ng konsentrasyong mag-aral ng hapong iyon.

Dumating ang araw na pinangangambahan ni Bebs. Muling dumalaw si Jonas. Hindi na ito napakali. Nais na rin niyang sabihin kay Jonas ang pagka-abort ng dinadala nito.

Ano na lang raw ang magiging reaksiyon ni Jonas? Kung magagalit ito'y baka mag-eskandalo. Kung kakikitaan naman niya ng relief, mas lalalim ang sakit na nararamdaman niya. Isa lang iyon sa dalawa.

Sa isip ko, habang balisang nag-aayos ng sarili si Bebs, tinatawag ko si Kupido. Para isalba ang natitirang kaligayahan ng aking kaibigan.

"Paging Anette Torres, visitor!" Anawns muli sa intercom. "Uuy, kayong magkaibigan, sabay pa'ng dalaw niyo," pilyang dagdag ni Jane. Dinig ang komentong iyon sa floor namin. Pinagkantiyawan kami sa mga kalapit-kwarto.

Nagkatinginan naman kami ni Bebs. "Si Eli kaya 'yon?" Ngisi ni Bebs na itinatago ang sariling kaba.

"Malabo 'yon, friend. Sino nga kaya?"

"Well, that means, sabay tayong lalabas. Game?"

"Shoot!"

Si Kuya Anton ang bisita ko. Kasama raw niya sina Ate Karen at Kulit.

"At ang tatay ni Kulit!" Nakangiting balita ni Kuya Anton.

"So, mali ang tsismis na nilukuban ng espiritu santo si Ate Karen?" Sabi ko habang papalabas kami ng lobby. Naghihintay daw kasi ang tatlo sa parking lot.

Unang bumaba si Ate Karen. Kandong niya si Kulit na nang mailapag ay nagtatakbong sumalubong sa akin.

"Tita Nget!" Matinis na sigaw ng tatlong taon kong pamangkin. Nagkahalakhakan ang dalawa kong

kapatid, pati ang lalaki na kakaibis lang sa driver's seat.

"Ate Karen, naman. Bakit hindi niyo pa kino-correct ang tawag sa 'kin ni Kulit?" Kunot na sabi ko. Hinarap ko ang karga kong si Kulit. "Say it, 'Tita Anette—N-n-Anette!"

"Tita Nget!" Ulit ni Kulit. Mahirap na nga yatang baguhin ang nakagisnan ng itawag sa akin ng aking pilyang pamangkin. Pinugpog ko ito ng halik na ikinabungisngis nito.

"Sama ka sa 'min, Anette. Kain lang tayo," aya ni Ate Karen.

"Sure, gutom nga ako. Right timing ang dating niyo," nakangiti kong sabi. "Bakit nga pala kayo naluwas?" Tanong ko. Napatingin na rin ako sa lalaking nakaakbay kay Ate Karen. Nakuha naman nila ang ibig kong iparating.

"Si Mark nga pala—Mark, youngest namin, si Anette."

"Hello!" Masaya kong bati. "Akala ko talaga maligno ang tatay nitong si Kulit—ikaw pala!"

"Akala ko rin," birong sakay ni Mark. "Naluwas kami kasi plano naming magpasukat ng wedding ring."

"Wow, at long last! Siyempre, abay ako?!"

Nagningning ang mga mata ni Ate Karen. "Oo naman, ikaw ang maid of honor!"

"Talaga? Naku, 'pag nagkataon, dalawa pala ang aabayan ko this year!"

"Bad sign 'yan, sis!" Ani Kuya Anton at umakbay pa sa 'kin. "May kasabihan, always the bridesmaid, never the bride! Magiging old maid ka!"

"Heh! Para mo na ring sinabing walang papatol sa 'kin dahil magkamukha tayo!" Totoo iyon. Malaki ang pagkakahawig namin ni Kuya Anton. Madalas nga kaming mapagkamalang kambal noon. Isang taon lang din kasi ang agwat namin.

"'Di tayo magkamukha! Mas guwapo 'ata ako sa 'yo."

"Magtigil nga kayong dalawa. Halika na, Anette. Uuwi pa kami ng Bulacan at itong si Anton, may date pa raw mamaya. May nagkamaling pumatol kay utol," singit ni Ate Karen.

"Sa'n bang 5-star hotel tayo kakain?" Tanong ko habang ipinapasa si Kulit kay Kuya Anton.

“May okey na ice cream parlor sa Katipunan. Malapit dito at kay Anton din para makabalik siya agad ng PSBA,” alok ni Mark.

“Oki. Ten minutes—” Pagpapaalam ko nang mahagip ng mata ko si Eli.

Ang puso ko! Nagra-rock & roll sa saya! Bakit nga ba ganoon? Sa tuwing makikita ko si Eli ay nag-aacrobatic ang puso ko?

Kinawayan ko si Eli. Nilapitan ko.

“I was just passing by. Marami ka yatang bisita?” Ani Eli.

“Aah, mga kapatid ko, ‘yung isa, malapit ko na ring maging kapamilya. Tara, ipakilala kita,” aya ko.

“Ha?!” Wala na ring nagawa ito. Kinuha ko ang braso ni Eli at hinila sa umpukan nina Kuya Anton.

“Hey, meet my friend, si Eli. English instructor din siya dito. Kakagraduate lang niya last semester at currently, kumukuha ng MA. Intellectual version ng powers ni Superman,” umpisa ko. “Eli, si Ate Karen and her fiance, si Mark. Ito naman si Kulit, ang kanilang love child, at ang yayo, si Kuya Anton, ang sinundan ko. Tapos ako, ang bunso at pinakamabait!”

Nakipagkamay si Eli sa kanila.

“Si Jonas ba ‘yon—? Jonas!” Biglang sigaw ni Kuya Anton. Nagulat ako sa kawalan ng reaksiyon ni Jonas. Parang wala itong narinig. Mabilis itong sumakay sa kotseng noon ko lang nakita. Pinaharurot iyon.

“Ten minutes. I’ll be back in ten minutes!” Sabi ko kina Ate Karen at minonstrahan ko si Eli na sumunod sa akin.

Nais ko sanang hindi na sumama kina Ate Karen pero kahit paano’y nanabik din ako. Minsanan lang kasi silang lumuwas, at kasama pa si Kulit at Mark.

Magkatabi kami ni Kuya Anton sa likod ng van nang bumulong ito sa akin. “Anette, curious lang ako.”

“About what?”

“Kanina, nang ipinapakilala mo sa amin si Eli—noon ko nakita si Jonas. Nakatingin siya sa gawi natin. He was—that look—parang galit. Nanliligaw ba sa ‘yo si Jonas? Para kasing nagseselos siya kay Eli.”

“Bro, imahinasyon mo lang ‘yon. Hindi ako nililigawan ni Jonas.”

O may katotohanan nga ba sa sinabi ni Kuya Anton? Ano na kaya ang napag-usapan nila ni Bebs? Naabutan pa kasi namin ni Eli si Bebs sa lobby at mukha namang masaya ang kaibigan ko. Iniwan ko ring nag-uusap sina Bebs at Eli nang sumama ako kina Ate Karen.

“Here we are! Sana magustuhan niyo dito,” lingon ni Mark sa amin.

Sa ice cream parlor, nalaman ko ang kwento nina Ate Karen at Mark.

Anak ng aming mayor si Mark. Sa Amerika ito nag-aaral at ng mag-Pasko sa Pilipinas ay nakilala niya si Ate Karen sa isang sayawan sa amin. Nagkagustuhan ang dalawa. Bago bumalik ng Amerika si Mark, naging magkasintahan na pala sila. Patago kung sila ay magkita. Mahigpit kasi ang pamilya nina Mark.

Intensiyon naman ni Ate Karen na itago ang nangyaring iyon dahil ayaw niyang ma-eskandalo ang maimpluwensiyang pamilya ng aming mayor. Anupa’t magkumpare pa nga sila ni Tatay! Isa pa, ayaw rin ni Ate Karen na maistorbo ang pag-aaral ni Mark. Ayon na rin sa kanila, may kasunduan naman silang magkikitang muli pag-uwi ni Mark ng bansa.

Ang hindi ko alam, inakala ni Mark na hindi niya anak si Kulit. Ngunit mas matimbang talaga ang dugo. Kaya ngayon, hindi na pinakawalan ni Mark si Ate Karen at buong tapang na ipinakilala sa kanyang pamilya.

Ang buod, naka-schedule na ang kanilang kasal sa darating na Disyembre.

Sina Bebs at Jonas, matutuloy kaya ang kasal nila?

Hindi ko na dinatnan si Bebs sa dorm nang makauwi ako. Ayon sa iniwan nitong note, umattend siya ng peer counselling. Huwag ko na lang din daw siyang hintayin dahil hindi siya makakasama sa ritual naming jogging nina Eli.

Eksaktong alas-singko. Lumabas ako ng dorm. Maaga iyon ng kalahating oras sa nakaugalian namin. Balak ko kasing mag-umpisa ng maaga. Kahit paano’y makapag-isip ako habang tumatakbo.

Marami ng gumugulo sa akin. Ang reaksiyon ni Jonas, ang damdamin ko kay Eli, ang sitwasyon ni Bebs, at ang nalalapit kong graduation. Huling semestre ko na sa susunod na pasukan. Pagkatapos niyon, hindi ko na makakasama pa si Eli.

Alam ko, naghihintay na rin sina Nanay at Tatay na makakuha na rin ako ng trabaho at makapag-intrega sa kanila ng aking sweldo. Sa ngayon kasi, si Ate Cora lamang ang nakakapag-abot ng malaki sa amin. Branch manager siya ng isang bangko sa Bulacan ngunit alam ko ring nag-iipon na sila ni Manolet dahil may plano na rin silang magpakasal. Matagal na rin naman silang magkasintahan. Halos apat na taon na rin. Si Kuya Anton naman, ay nagshift ng kurso mula Business Management sa ECE sa PSBA kaya mauuna ako sa kanyang magtapos.

Paano nga ba magplano ng buhay? Hindi naman maaaring habambuhay akong mag-aral at manghingi ng weekly allowance para lamang makapiling si Eli.

Haay, si Eli. Si Sir Alejandrino ng buhay ko! Ang sarap isipin ng semestre ko nang dumating siya. Nagi-guilty rin ako minsan dahil naiisip kong namomroblema si Bebs kay Jonas samantalang ako ay kinikilig kay Eli. Anupa't naaalala ko ang malamig nitong boses na alon sa puso ko.

"Mahuli sa fishball stand, magbabayad!" Si Eli! At nakalampas na ito sa akin!

"Pinayuhan ako ni Bebs na mag-hoard ng dollar," sabi ni Eli sa pagitan ng pagnguya ng banana-q. Naka-ikot na kami ng university avenue at nagmemeryenda na sa isang stall sa Shopping Center na nasa loob din ng campus.

"Ano namang pumasok sa utak ni Bebs at sinabihan ka niyan? Ang gusto ko sanang ikwento mo ay 'yung dinatnan mo kahapon. Believe it or not, hindi pa kami nagkakausap. May nasabi ba siya sa 'yo about Jonas?"

"'Yun nga. Dumalaw si Jonas at sinabing may nakaplanong kudeta next week. Sa Lunes daw. Rejoinder 'to nung nangyaring coup kamakailan. But this time, ayon sa kwento ni Bebs na kwento naman ni Jonas, may higher support. 'Yung last time yata, premature. Ayaw daw suportahan ng ilang maimpluwensiyang tao na galit sa present government, this time, planado na raw. You know, I really want to meet your friend, Jonas. May inside info pala siya sa politics. Which incites me, where does he get that? Ayaw magsabi ni Bebs. Top secret daw pero reliable."

"I also can't tell. Shit, dapat pala makapag-library na 'ko. Baka hindi ako makaluwas ng Monday 'pag natuloy 'yon. May deadline pa naman akong paper sa Tuesday."

“Iba ka rin ano? Magkakagulo na sa Pilipinas, school pa rin ang pinoproblema mo.”

“Eh wala naman akong magagawa sa pulitika natin. Ikaw, anong plano mo? Bibili ka ng dollars? Magle-leak ka sa press? Pagtatawanan ka lang ng mga ‘yon. You got a blind source.”

“This is my break, don’t you see? Pwede ko ‘tong isulat.”

“Gusto mong maging historian, gan’on?”

“Bakit hindi? It’s a good story, non-fiction, significant issues, napapanahon.”

“At pwede kang ma-ambush. C’mon, kung sino man ang mga antagonists sa gobyerno natin, they would kill anyone who would expose them bago pa sila lumabas na kahiya-hiya. Iba na lang ang isulat mo.”

“Sino ka, editor ko?”

“I’m your friend, Eli. So drop it. And if it’s any worth, wawarningan ko si Jonas na huwag makipagkita sa ‘yo in case na may balak ka mang interbyuhin siya.”

“Uuy, concerned!”

“Sira. Ayoko lang maging instrumental sa mitsa ng buhay mo.”

Humilig pa ng tingin si Eli. Makahulugang ngumiti sa akin. “Ikaw nga’ng vitamins ng buhay ko eh—”

Kung may advantage ang pagiging morena, iyon ay ang hindi halatang pagba-blush ko.

Sunod sa fishball, banana-q ang susunod na pinakamatamis na pagkain sa buong campus.

Three months na sana ang tiyan ni Bebs. Hindi pa raw iyon halata kaya hindi pa naman nagdududa si Jonas na nalaglag ang baby nila, kwento ni Bebs. Maayos naman ang naging pag-uusap nila. Ngunit ilang pa rin si Jonas sa topic ng kanyang “pagdadalang-tao” habang siya’y takot sabihin ang katotohanan. Tanging napag-usapan nga nila ay ang nakaambang political chaos.

Hindi naman daw sinasadya ni Jonas na marinig ang planong coup d’etat. Nasa pool daw siya

noon at nagpapalamig. Wala daw itong ibang mapuntahan. Sobrang higpit ng mga bantay niya. Na-curious lang daw ito dahil napansin niyang may nagdadatingang mga sasakyan sa kanila, at nang pumanhik siya'y bahagyang nakaawang ang pintuan ng library. At narinig niya ang hindi dapat marinig ng isang simpleng sibilyan.

Nang makatiyempo ay lumabas ito at pinuntahan ang kanyang ina ngunit wala ito. Kaya't nagpunta sa dorm upang may makausap. Ayon na rin dito, parang nawala na rin sa isip ng mga magulang ang sarili niyang sitwasyon kay Bebs. Naninibugho si Jonas dahil pakiramdam niya'y hindi na siya iniintindi.

"Kaya hindi ko na nasabing wala na siyang sagutin sa 'kin—although feeling ko naman, he would welcome the news," malungkot na sabi ni Bebs.

"Iyan bang pinaniniwalaan mo?"

"Hindi ako manhid, Anette. Jonas is not ready to be a parent, and so am I! Not with what's happening to him and what would eventually happen to me. Ayoko mang i-rationalize ang ginawa ko but I think it was the right thing."

"Hindi ako makapaniwalang sinasabi mo ngayon 'yan, Bebs—"

"Anette, don't you see? Somehow, I made the right decision."

"Tama ka, Bebs. It's your decision. But it's a stupid one."

Masama ang loob kong natulog ng gabing iyon. Ilang beses na ring naging topic ng classroom debate ang isyu ngunit parang hindi pa rin matanggap ng isip ko ang depensa ng pro-abortion.

Sa sitwasyon ni Bebs, isinaalang-alang niya ang magiging buhay ng kanyang anak sa piling ng dalawang magulang na hindi handang harapin ang responsibilidad nila. Naroon ding sabihin niyang wrong timing ang pagdadalang-tao niya na makakasira naman sa kanyang pag-aaral at makakagulo sa sitwasyon nila ni Jonas.

Ganunpaman, para na rin nilang hinadlangan ang karapatan ng batang mabuhay, at ang potensyal nito sa mundong sana'y nakahalubilo siya.

Pero nangyari na ang nangyari. Nasabi ko na rin ang nais kong sabihin—kung tama ako, bakit hindi ko maramdaman ang magandang bunga niyon? Aburido ako. Guilty rin, dahil nasaktan ko si Bebs at nahusgahan ko ang pagkatao niya.

Siguro nga tama si Bebs. Wala na'ng mamomroblema. Maaari nang magpatuloy ang buhay nila ni

Jonas at makapagsimula ng bago. Sino ba naman ako para pangunahan ang gusto nilang mangyari. Nakakarecover na nga si Bebs. Kailangan ko pa bang ipaalala sa kanya na mali ang ginawa niya, na ipamukha ang katotohanang siya ang kumitil ng buhay ng sarili niyang anak?

Minsan, hindi ko na talaga alam kung ano ang makakabuti sa isang tao.

Minsan, nakakaduwag talaga ang magpasya, ang magkaroon ng paninindigan.

At madalas, mahirap umamin ng pagkakamali. Tulad ng marinig ko ang mahinang hikbi ni Bebs—hindi ako makabangon para aluin siya. Para sabihing, “sorry, hindi ko na alam ang tama at mali.”

Mabigat ang ulo kong gumising kinabukasan. Sa ayaw ko man at sa hindi, kailangang gumawa ako ng hakbang para mabura ang hinanakit sa akin ni Bebs. Ayokong makasingit na naman ang immaturity sa pagitan namin. Handa ko na siyang kausapin.

Ngunit nakaupo na si Bebs sa kama nito, at tila ba hinihintay talaga akong magising.

“Anette, loka ka, tinulugan mo ‘ko kagabi—” bungad nito sa akin nang makadilat ako. “Sorry. Hindi ko naman kayang itama ang ginawa ko. Sa una’t una pa man, alam ko namang mali ‘yon. I just can’t get over it kaya hinahanapan ko na lang ng ibang dahilan.”

“Sorry din, naging insensitive ako sa feelings mo. Pero alam mo, sa philosophical debate, pwede kang manalo. You have a right to your body, to your life. Although to me, it doesn’t follow.”

“Ang aga naman ng righteous sentiments mo—”

“Ganito talaga ako ‘pag hindi pa nagmumumog. Sensible ang lumalabas sa bibig ko.”

“Naku, dapat pala magmumog ka na. Baka mag-sermon ka pa! But I thank you, for standing beside me, for just being there—” at nilapitan ako ni Bebs. Yumakap sa akin. “Pero maligo ka na nga. Amoy ka tulong-laway!”

Bago ang customary kong pag-uwi ng Bulacan, nagplano akong tatapusin ang anumang research

na gagawin ko sa library.

“Pakipatay na lang ho ang cellphone niyo, Ma’am,” magalang na sabi ng security guard na nag-iinspection ng mga bag.

Hindi ko napansin ang oras hanggang mag-warning bell ang librarian. Alas sais na pala! Tiyak na hinahanap na ako nina Bebs at Eli. Araw iyon ng jogging habit namin.

May limang messages na rin sa naka-silent kong cellphone. Tatlo kay Bebs at dalawa kay Eli. Sa huling message nila, umulan man daw o umaraw, hihintayin nila ako sa Sunken Garden. Walking distance lang iyon mula sa library. Nag-reply ako. Papalabas pa lang ako galing ng library, sabi ko. Agad namang sumagot si Bebs na mag-meet kami halfway.

Nagmamadali akong bumababa ng hagdan nang may humarang sa akin. Si Chris!

“Saan ka pupunta, Ms. Teacher’s Pet?” Ngisi nito sa akin.

“Pwede ba Chris, nagmamadali ako—” Galit kong iwas ngunit nahablot na nito ang braso ko. Lumipad sa pagkakahawak ko ang aking handbag at mga bitbit na libro.

“Bitawan mo nga ako!” Ngunit lalong humigpit ang kapit nito sa akin. Sa bawat piglas ko’y mas lalong dumidiin ang hawak niya.

“Hindi ka pa nakakabawi sa kasalanan mo sa ‘kin! You, nerd!” At pilit akong hinila ni Chris.

Gusto kong humingi ng saklolo ngunit wala akong maaninag na tao sa paligid namin dahil sa nangingilid kong mga luha. Galit at takot ang bumalot sa akin.

At naisip kong sumigaw—“Guard, help! Guard!”

~ Kabanata 8 ~

May narinig akong humiyaw. Patulak akong binitawan ni Chris. Sumadsad ako sa lupa. Naramdaman ko na lang na itinatayo ako ni Bebs. At kitang-kita ko nang bantaan ni Chris si Eli. Itinulak pa siya nito sa dibdib.

“Pare, huwag kang makialam dito kung ayaw mong masaktan!” Galit na sigaw ni Chris.

“Chris, pare, hindi ako lalaban. Ibalato mo na sa ‘kin ‘to, kung ano man ang plano mo, huwag mo ng ituloy,” pakiusap ni Eli. Parang walang narinig si Chris at muli akong sinulingan.

Yumakap sa akin si Bebs, prinotektahan. “You do it and you’re done for life!” Pagbabanta ni Bebs.

At narinig namin ang matinis na silbato ng guwardiya. Nabuhayan ako ng loob nang makita itong papalapit.

Galit na dinuro ako ni Chris. “Next time, you ‘ll never be lucky enough!” At mabilis din itong nakalayo.

Ang takipsilim na iyon ang naghudyat ng pagdidilim ng mga sumunod na araw. Dahil kinabukasan, habang nag-aayos ako ng mga gamit na dadalhin pauwi ay nakatanggap ako ng tawag kay Jonas. Isinugod daw niya sa ospital si Eli!

Hindi agad ako makapaniwala sa balitang iyon. Nanlamig ako. Nag-uumapaw din ang galit ko kay Chris. Ngunit gusto ko ring sisihin ang sarili ko. Ako ang dahilan kung bakit sinugod ni Jonas si Chris sa gym. Nagkataon namang naroon din si Eli upang ayusin ang gulong nangyari sa library. Nang magkainitan sina Chris at Jonas, umawat si Eli. Naitulak siya ni Chris sa gitna ng gulo, at tumama ang ulo ni Eli sa isang bleacher. Nawalan ng malay-tao si Eli.

“Hindi ko kayang pumunta ng ospital ngayon, Bebs. Tiyak, nandoon ang buong varsity team—hindi ko kayang makita si Eli—nadamay lang siya—ako’ng punu’t dulo ng nangyari!” Nagpupuyos ang dibdib ko. Tila hindi ako makahinga. Para din akong sasabog ng mga oras na ‘yon.

“Eh di hindi na tayo pupunta. Makikibalita na lang tayo kay Jonas, okay?”

Tumango ako. Wala nang lumabas sa bibig ko kundi hagulgol.

“Anette, everything will be fine. Tingnan mo, bukas, baka magyaya pang mag-jogging si Eli—tutuloy ka pa bang umuwi? Maghohoard pa tayo ng dollars at magpapanic-buying ng junk foods, remember?”

“Nakakainis ka naman eh! Paano ako makakauwi nito, nasa ospital nga si Eli!”

“Then stop worrying, will you? Pati ako nahahawa sa ‘yo—”

Muling tumunog ang cellphone ko. Agad kong sinagot iyon. Si Jonas. Papunta raw siya ng dorm. Susunduin niya kami. Hinahanap raw ako ni Eleazar!

Sa isang fastfood chain kami inihatid ni Jonas. Sa grupong naroon, si Eleazar lang ang kakilala ko. Nang mamataan kaming paparating, tumayo si Eleazar upang salubungin kami. Pinakilala sa amin ang tatlo pang kasama nito na pawang mga miyembro ng varsity team. Pilit ko namang kinakalma ang sarili ko. Gusto ko na naman kasing maiyak.

“Umorder na kami, kumain muna kayo,” alok ni Eleazar nang makaupo kami.

“Busog ako,” sagot ko. Tumango lang din sina Jonas at Bebs.

“We’re pressing charges against Chris. Hindi ko mapapalampas ang init ng ulo niya this time. He’s gone overboard.”

“K-kumusta si Eli?” Hugot ko sa natitira kong boses.

Napayuko si Eleazar.

“Is he--?” Please, he’s not dead! Samo ng utak ko.

“Sinusuri pa ng mga doktor ang extent ng head injury niya. Kinuhanan na siya ng CT Scan,” mahinang sagot ni Eleazar. “He’s in a coma.”

“Nasaan si Chris?” Tanong ni Bebs.

“Nakatakbo ang gago—pero naghahanap na ang iba naming kasamahan. Nakareport na rin siya sa pulis,” paliwanag ni Allan.

‘Hindi ko alam na hahantong sa ganito. I’m so sorry. Pati kayo—si Eli— nadamay.”

“This is not the first time na nagwala si Chris. Dati pa namin pinoproblema ang temper ng gagong ‘yon. Pero dahil last term na niya ‘to, pinaglaro na rin ni Coach. Magaling sana siya, gago lang talaga!” Sabi naman ni Ben.

“Anette, gusto ko sanang mag-file ka rin ng grave threat charges laban kay Chris. I hope you don’t mind pero hiningan na namin ng incident report ang guard na naka-duty sa library kahapon. Chris has to pay for everything he did.”

Hindi ko na napigilang umiyak. Kahit limang matitipunong lalaki ang nasa harapan ko, wala akong pakialam dahil kanina ko pa iyon pinipigil mula ng marinig kong comatose si Eli.

Nangyari ang kinatatakutan ko. May brain concussion si Eli. Critical ang susunod na 24 hours nito. Binigyan siya ng mga doktor ng 72 hours maximum para magising—o magpapatuloy ito sa pagiging comatose, at maaaring hindi na makapagsalita pa ng normal. Wala na rin daw silang magagawa kundi ang maghintay. Nasa ICU na si Eli. Parang dinurog ang puso ko sa balitang iyon.

Si Eleazar lamang ang pinayagang makapasok sa ICU. Habang naghihintay kami, nagpaalam si Jonas. May babalikan lang daw ito sa sasakyan.

Nang lumabas si Eleazar, sinabi nitong sinama niya ang pangalan namin ni Bebs sa mga maaaring dumalaw kay Eli.

Samantala, ang hindi namin alam, may tinawagan pala si Jonas. Sa pagkakataong iyon, nakiusap siya. Humingi ng tulong si Jonas sa kinamumuhiang ama upang mahanap at mahuli si Chris Tantioco.

“Hindi ko yata kayang makita si Eli sa ICU, Bebs,” amin ko dito nang makabalik kami sa dorm.

“Bukas ka na mag-decide. Right now, what we need is rest, and sleep. Look at you, you look like a ghost!”

Ramdam ko naman ang pagod—ng isip, at ng puso. Nang maunang maghilik si Bebs, naawa na rin ako dito. Pagod din siya. Hanggang katawan ko na rin ang sumuko. Nakatulugan ko ang pagdarasal. Naidlip na rin ako upang dalawin ng isang panaginip.

Sa ospital raw, nagising si Eli. Ngunit ayaw ako nitong makita. Pinalabas pa nga raw ako sa kuwarto. Kinausap ako ng doktor at sinabing mas makakabuti kay Eli kung hindi na ako magpapakita pa.

Nagising akong nananangis. Nagtatanong. At tanging si Eli lamang ang makakasagot at makakapagpalis ng mga takot ko. Kung magigising man siya.

Hindi na rin ako dinalaw ng antok. Una kong ginawa ay tawagan si Kuya Anton upang sabihing hindi ako makakauwi. Kung maaaring siya na ang kumuha ng allowance ko, at humingi na rin ng dagdag. Pumayag naman siya, basta ako ang pupunta sa boarding house niya upang kunin iyon.

Sa mga weekends na hindi ako nakakauwi, ugali na namin ni Bebs na magsabay kumain ng almusal sa dorm canteen. Walang exception kahit sabihin ko mang puyat ako.

“Anong oras tayo dadalaw?” Tanong sa akin ni Bebs habang pinipiraso ang hotdog ng kanyang kutsara.

“Kahit mamaya na lang sigurong makapananghali. Kailangan ko kasing magreview. Wala pa nga akong nababasang libro du’n sa hiniram ko sa library,” sagot ko.

“Makakapagreview ka naman kaya?”

Napabuntunghininga ako. May punto naman si Bebs.

“Suggestion ko, dumalaw muna tayo. May napanood akong movie dati. Kahit daw comatose, nakakausap. Mas ina-advice nga ng mga doktor na laging kakausapin ang mga comatosed patients.”

“Nabanggit nga ‘yon ni Eli sa akin—” At natahimik ako. Naglalaro kasi sa isip ko nang sabihin ni Eli sa aking mas effective kausapin ang tulog. “Uhm, Bebs—sige, mga alas-diyes, dalaw tayo.”

“Sige, sasamahan kita.”

“Bebs—thank you, ha?” Malungkot akong ngumiti.

Tumaas naman ang kilay ni Bebs. “Ang corny mo!”

Nagkatawanan kami.

“Paging Anette Torres, visitor!”

“Who the hell is that? Alas otso ng umaga? Ang tindi no’n ha? O, Anette, pupuntahan mo ba o tititig ka na lang sa mapapanis mong breakfast?”

“Pupuntahan ko na po. Sige, paligpit mo na rin ‘tong pagkain ko. Hindi talaga ako ganahan e,” at tumayo na ‘ko.

“Yes, Ma’am!” at sumaludo pa si Bebs.

Iisa lamang ang tao sa lobby nang dumating ako, at si Eleazar iyon.

“O, Eloy, ikaw pala. Dadalaw sana kami ni Bebs mamaya, mga 10 o’clock sana.”

“That’s good. Uhm—I think this is for you,” sabi nito habang iniaabot sa akin ang isang manipis na libro. “Nakapatong ‘yan sa study table ko. I thought binibiro ako ni Eli. Alam kasi niyang hindi ako mahilig sa classic literature. Until I flip the first page—”

Sinipat ko ang pabalat. Jane Eyre ni Charlotte Brontë. Sa inside front cover, nakalimbag ang malinis na pagkakasulat ni Eli.

“Anette,

Just to say thank you for making my first teaching years tolerable.

Eli.”

“Hindi naman siguro magagalit ang utol ko kung ako na’ng nagbigay niyan sa ‘yo. Baka nga talagang napunta ‘yan sa ‘kin para—hindi pa rin kasi nagkakamalay si Eli. This day is crucial para sa kanya. I don’t want to expect the worse kaya kung makakadalaw kayo ng kaibigan mo, I would really appreciate it. Eli needs you right now—to make things tolerable for my twin brother.”

Bakit ba naiiyak na naman ako? Dati, isang banggit lang sa pangalan ni Eli ay nagsasayaw na sa tuwa ang puso ko, at ngayon—siguro nga, mahal ko na si Eli. At gusto kong sabihin iyon sa kanya, bago pa siya tuluyang takasan ng ulirat.

“Pabalik ka ba ng ospital?” Tanong ko dito.

“Hindi, susunduin ko sina Daddy sa airport. Kaya kung mas maaga kayo, mas okay sana—”

“Sige, pupunta na kami ni Bebs. Ingat ka na rin. Baka wala ka pang tulog.”

Tipid na ngiti ang isinagot sa akin ni Eleazar bago nagpaalam.

Dati, tinanong ko si Ate Cora kung si Manolet na ba talaga ang pakakasalan niya. Sa sobrang tagal na nilang magkasintahan, hindi pa ba siya nagsasawa dito? Isa pa, ang abogado kasi ang tanging naging nobyo nito. First and last, wika nga. Baka kako may dumating pang iba ay isinarado na niya

ang puso niyang maghanap ng iba. Ang sagot ni Ate Cora, bakit pa niya papakawalan si Manolet kung ito na ang nagpapagalaw ng mundo niya? Hindi raw marunong magsawa ang puso. ‘Pag tunay ang pagmamahal, mas tumitindi ito sa bawat araw na nagdaraan, mas nag-aalala, mas naghahanap.

At tigilan ko na raw ang pagbe-brainwash ko sa kanya dahil ke ayaw ko man o gusto ang mga corporate lawyers tulad ni Manolet, magiging bayaw ko siya.

“Nagayuma ka na yata ng lingguhang rasyong inipit ni Manong!” Tukso ko dito.

“Loka! Kung may gayuma ‘yon, eh ‘di sana hindi ka against kay Manolet. Ikaw nga ‘tong makapal ang mukhang magbaon ng inipit diyan ‘pag lumuluwas! Honestly, sumasarap lang naman ang inipit sa akin ‘pag si Manolet ang bumili. Nung ma-assign siya sa Bacolod, remember, bumili tayo? Ang lasa ko noon, ang tabang ng inipit!”

“Ang corny mo, Ate Cora!” Tukso ko dito.

Namimiss ko na nga ang inipit na laging pasalubong ni Manolet. Sa akin naman kasi, basta libre, masarap. Ngayon ko na lang tunay na naunawaan ang panlasa ni Ate Cora sa inipit.

Kung hindi na magigising si Eli, tiyak na mapait na para sa akin ang lasa ng fishball at banana-q.

Mag-aalas nuebe ng umaga nang umalis kami ni Bebs sa dormitoryo. Sa jeepney pa lang ay hindi na ako mapakali.

“Hey, friend, hindi burol ang pupuntahan natin. Para ka namang nagluluksa eh!” Ani Bebs. Gusto kong mainis na matawa sa sinabi nito. Ganoon ba talaga ang itsura ko?

“Paano ba kinakausap ang taong tulog?” Tanong ko.

Natawa si Bebs. “Don’t worry, hindi naman ako makikinig kaya just let your feelings flow. Just one bit of good advice, don’t cry and don’t feel sorry. Sa lahat ng ayaw marinig ng mga natutulog, iyon ay ang mga hinagpis sa buhay. Siyanga pala, akong unang papasok ha? Baka matagalan kayong mag-usap, maubusan ako ng time. Saka hello lang naman ang sasabihin ko, tapos solo mo na siya.”

Baliw talaga ang kaibigan ko. Kahit sa seryosong sitwasyong kinasusuungan ko, nakukuha pa rin

niyang magbiro.

Maluwang ang ngiti ni Bebs nang lumabas ng hospital room ni Eli. Kumindat pa ito.

“O Anette, sabi ni Eli huwag ka ng magpakipot. Love ka rin niya kaya sagutin mo na raw siya!”

“G-gising na siya? Okey na si Eli?” Panlalaki ng mata ko.

Nangingiting napailing si Bebs. Ngunit sumeryoso rin. “Hihintayin kita sa cafeteria. Kahit mag-amoy usok ako do’n, I’ll just wait there.” At niyakap ako ni Bebs.

“S-sige—”

Pagpasok ko pa lang ng kuwarto, nanikip na ang aking lalamunan. Tila dagundong ng kulog ang mahinang bleep ng heart monitor ni Eli. Parang natutulog nga lang siya kung tatanggalin ang hose na nasa bibig niya.

Pinilit kong huminga ng malalim. Pinilit kong ngumiti. Ewan ko ba, pakiramdam ko kasi’y nakikita ako ni Eli.

~ Kabanata 9 ~

“Sir, si Anette,” umpisa ko sa likod ng nagbabanta ko na namang luha. “Tumataba ka ah? Mukhang hiyang sa ‘yo ang pagkain dito—”

Natatakpan ng kumupas na asul na kumot ang katawan ni Eli liban sa dalawang bisig nito na ang isa’y may IV at ang kabila’y mayroon ding cable na nakakabit sa kanyang monitoring machine.

“Baka sabihin mo hindi ako marunong tumupad ng pangako kaya sige, kukwentuhan na kita. Ako ang bunso sa amin. Sabi nila spoiled, pero hindi rin. Dati nga, may iniyakan akong Barbie doll sa department store pero hindi rin binili ni Tatay. Meyor nga pala ang bansag ko sa kanya kasi prime mover siya sa ‘min. Si Nanay, Inday ang tawag ko. It’s not out of disrespect. Naibansag ko lang ‘yon kasi ayaw niyang kumuha kami ng katulong. Dagdag gastos raw. Siya na lang daw ang suwelduhan namin—”

Umayos ako ng upo. Pumikit. Kaya ko ‘to, hindi ako iiyak.

“Alam mo ba, noong matanggap ko ang sulat galing sa university tungkol sa pagkakapasa ko, medyo nalungkot ako. Nasanay kasi akong tricycle lang ang service papuntang school. Hiluhin pa naman ako sa bus. Tinutukso nga ako ng mga kapatid ko. Na-meet mo na sina Kuya Anton at Ate Karen, ‘di ba? Sabi nila magbaon daw ako ng dahong bayabas para hindi ako masuka.”

Nangiti ako sa sarili kong kwento. Naririnig nga kaya ako ni Eli? Boring ba ‘kong kausap?

Ngimi kong dinantayan ang kamay nito. Parang hamog sa umaga ang dama ko dito.

“Hindi ako naniniwala kay Sharon Cuneta na high school life’s memories are exciting. For me, it’s college. Marami rin naman akong nice memories during high school but nothing beats my experiences this college. I met two wonderful friends, sina Jonas at Bebs. Natuto rin akong maging independent, maging responsable, kahit paano, at maging self-confident. Minsan pumapalpak, pero natutunan ko ring tanggapin ang mga weaknesses ko. Na may mga bagay na hindi ko kayang baguhin, na hindi ko na kayang balikan. Kaya siguro hindi pa naiimbento ang time machine kasi alam ng Diyos na kung may time machine, baka walang taong makakarating sa future kasi lagi na lang nilang babalikan ang mga nagawa nilang mali in the past. Ang tao pa naman, madalas magkamali—”

Namamalikmata ba ‘ko? Tila naramdaman ko kasing gumalaw ang daliri ni Eli! Pero napatingin ako sa monitor niya at walang pagbabago sa heartbeat nito.

“Please, Eli, gumising ka na. Wala na ‘kong—k-kwento eh!” At bumalong na ang mga luhang pinipigilan ko. “A-ako nang magbabayad ng fishball kahit mauna pa ‘ko sa ‘yo. Ayokong kumain ng matabang na banana-q!”

“Bawal nga palang umiyak dito. S-sorry. Ikaw kasi!” Pinakalma ko ang aking sarili kahit mahirap pigilan ang mapahikbi. Bahagya kong pinisil ang kamay ni Eli.

Hindi ko na napansin na may pumasok na palang dalawang nars at isang doktor. Binasa nila ang vital signs ni Eli. In-adjust ang daloy ng IV at may isinaksak na gamot doon.

“Ano na ‘hong lagay niya, Doc?” Tanong ko.

“His condition is stable, but we need to wake him up to be sure.”

At parang alarm clock kay Eli iyon. Gumalaw ang ulo nito, umangat at dumiin sa unan. Umungol si Eli na parang nahihirinan.

Nagmamadaling lumapit ang doktor. Tiningnan ang monitoring machine at ang oxygen gauge.

Nang kumurap si Eli, maingat na inalis ng doktor ang hose sa bibig nito.

Hindi ko na matandaan kung ano ang naitawag ko kay Eli bago ito pumikit muli. Siguro'y "Sir" dahil nakatawang binalingan ako ng doktor.

"He'll be fine," anito sa akin.

Parang nabunutan ako ng tinik nang makaalis ang doktor kahit na sinabi pa nitong ang nangyaring paggising ni Eli ay hindi indikasyon na ligtas na siya. Normal lang daw iyon sa ganoong kalagayan. Ngunit kahit pa, sa loob ko, alam kong improvement iyon.

Tahimik akong naghintay sa muling pagdilat ni Eli, ngunit tahimik rin siyang nagpatuloy sa kanyang "pagtulog." Pinagmasdan ko ang mga linyang nagpapahiwatig na humihinga pa siya. Inorasan ko ang pagpatak ng dextrose. Niligid ng tingin ang puting dingding, ang mesang walang laman.

"Pagbalik ko, lalagyan ko ng bulaklak ang kwarto mo. Walang kakulay-kulay dito. Parang walang nakatira." Nakangiti kong inilingan ang sarili ko. Nawala kasi sa isip kong hindi nga pala mag-rereact si Eli dahil bumalik ito sa kanyang pagkahimbing.

"Thank you nga pala sa libro. Ibinigay na sa akin ni Eloy. Nakakalat daw kasi sa study table niya. Sa susunod, Og Mandino ang bilhin mo ha? O kaya Pugad Baboy—wala pa kong book 6 at 7. Kung type mo lang magregalo ulit. Ikaw, anong gusto mo? Baka isipin mong kuripot ako. Sabihin mo lang at pagdating ng allowance ko, ibibili kita."

"Water—" at bahagyang ngumiti si Eli. Kumurap at pumikit uli. "Kahit water lang."

"Eli? Eli! Shit, gising ka na!? Teka, kukuha lang ako—Tatawagin ko na rin 'yung doktor!"

Nilipad ko ang nurse's station upang ibalita ang paggising ni Eli. Binigyan na rin nila ako ng straw kasama ng isang basong pinuno nila ng purified water.

Habang pabalik sa kwarto ay itinext ko kay Bebs ang "good news" at kung maaaring umakyat na rin siya at samahan ako.

Direditso akong pumasok at nagulat ako nang makitang naroon na pala sina Eloy. Ang silyang kanina'y inuupuan ko ay okupado naman ng Mommy nito. Nakatayo naman sa may paanan ng kama ang kanilang Daddy.

"Mom, Dad, si Anette pala. Kaibigan namin ni Kuya," pakilala sa akin ni Eloy.

“Hello, hija,” bati sa ‘kin ni Mrs. Alejandrino. Masaya rin akong nginitian ng asawa nito.

“Good morning ho. Nanghihingi nga ho pala ng tubig si Eli—” Iniabot ko ang baso kay Mrs. Alejandrino. Siya na rin ang nagpainom kay Eli.

Nailang ako sa sitwasyon ko ng mga oras na iyon. Ako lang ang hindi kapamilya.

Nang humahangos na pumasok si Bebs ay saka lang ako nakahinga ng maluwag upang muling makaramdam ng selos.

“Ay!” Biglang napahinto si Bebs nang makita ang mga tao sa kwarto.

“Bebang!” Masayang bati ni Eli sa kaibigan ko. “Bakit parang nakakita ka ng multo?”

“You don’t look half as bad yourself, Sir!” Nakatawang sabi ni Bebs.

“Oo nga ‘tol. Kesa du’n sa basketball accident mo no’ng high school tayo. Pinakaba mo nga lang kami ngayon,” ani Eloy.

Pilit na ngumiti si Eli. Bahagyang pumikit. “Anong araw na ba ngayon?” Mahinang tanong nito.

“It’s Saturday, hijo—”

Sa pagpasok ng doktor, lahat kami’y naghintay sa ginagawang pagsusuri nito.

“How are you feeling?” Tanong ng doktor kay Eli. “Nauseous and dizzy?”

“Yes, Doc,” sagot ni Eli habang naniningkit ang mga mata.

“We still have to observe you for another two days—how’s your head?”

“I can’t say—It feels okay—” Ngunit tila nagbago ang isip nito. Ipinilig ang ulo at sinabing—“I can’t see, Doc—Wala ho akong makita—Will I be able to see again?”

Kapag malungkot ang isang tao, dalawang bagay ang pumapasok sa isip. Ang paggunita ng nakaraan, at magplano ng hinaharap. Kapag masaya kasi, balewala ang oras. Gusto mo lang magtuluy-tuloy ang panahon na walang inaalala.

Malungkot ako. Sa maaaring mangyari kay Eli. Natatakot akong isiping tuluyan siyang mabulag. Pero gusto kong ring ihanda ang sarili ko. Nagbalik ako sa library at naghanap ng reference material tungkol sa pagkabulag ngunit karamihan ng interesanteng babasahin ay nasa College of Medicine sa UP Manila. Hanggang makakita ako ng librong tungkol sa Sports Medicine. Tiyak na may article doon tungkol sa mga head injuries na madalas makuha ng mga atleta. Nanlumo nga lang ako nang sabihin sa aking naka-out ang libro.

Sa paglabas ko ng library, nagpasya rin akong magtake-out ng pagkain at sa silid na lang namin ni Bebs kumain—habang binabasa ang librong bigay ni Eli. Hindi daw kasi uuwi si Bebs. Kailangan niyang mag-overnight sa bahay ng isang kaklase upang tapusin ang ginagawa nilang project study.

Unang tatlong pahina pa lang ang nabubuklat ko ngunit isinara ko rin. Walang pumapasok sa utak ko. Binalot ko na rin muli ang dalawang “walang lasang” barbeque na binili ko. Ilalagay ko na lang iyon sa ref at iinitin sa microwave na nasa pantry ng dormitoryo bukas ng umaga.

Kinuha ko ang cellphone at nagsimulang gumawa ng text message para kay Ate Cora. Siya kasi ang huling takbuhan ko ‘pag wala na ‘kong masulingan, tulad ngayon.

Hello Te! Namis ko inipit. Oi, bilisan niyong magplano ni Manong ng kasal. Baka maunahan ko pa kayo. Btw, ano bang fast-relief remedy from guilt? ‘Di ako makaaral e! Ano bang sleeping pills ang pwede kong mabili over-the-counter?

Lumipas ang dalawang minuto, nag-ring ang cellphone ko.

“Iniistorbo mo ang dinner namin ni Manny! Ano na naman bang gulo ang pinasok mo?” Bulyaw na bungad ni Ate Cora. Sanay na ako do’n. Alam ko ring kahit lumampas ako sa free airtime minutes ng cellphone niya, makikinig ito hangga’t masabi ko ang buod ng “gulong pinasok ko”.

At sa haba-haba ng kwento ko, kakapiranggot ang advice sa akin ni Ate Cora.

“Do you really think you could have saved your friends all these troubles?”

“Hindi na ngayon, nangyari na eh!”

“But you can ease their pains. Just be a friend, a true friend. But right now, there’s one person na kaya mo pang iligtas—”

“Sino?”

“Ang sarili mo, Anette. You could still save yourself from wallowing in self-pity and guilt.”

~ Kabanata 10 ~

Bisita ako ng boarding house ni Kuya Anton kinabukasan ng gabi. Sabay na rin kaming naghapunan. Kinamusta ko ang ginagawang preparasyon nina Ate Karen sa kanilang kasal. Nag-uumpisa na raw ang mga itong umakyat sa mga gagawing ninong at ninang.

“Magpasukat ka na raw ng damit. At magsimula ka na ring mag-diet,” pansin ni Kuya Anton.

“Tumataba na ba ‘ko?”

“Hmm, medyo—”

“Totoo nga?”

Nagtawa si Kuya Anton. “Ganyan daw ang mga in-love, conscious sa figure. Babae ka na ba, Anette?”

“Kuya naman eh! Ano ba, nananaba na ba ‘ko?”

“Hindi! Hinuhuli lang kita. Tinatanong nila Nanay kung saan mo raw gagamitin ‘yung dagdag sa allowance mo.”

“Wala lang. Investment. Ipapalit ko ng dolyar.”

“Ha? Kelan ka pa naging investor? Paano kung tumaas ang rate ng piso?”

“Trust me, bro. Magpa-fluctuate ang peso. ‘Di ka ba nanonood ng news o nagbabasa ng diyaryo? May kudeta bukas kaya umaga pa lang, ako ang unang kliyente ng money changer.”

Tila nang-aasar na tumingin sa akin si Kuya Anton.

“Wala ka ‘atang bilib sa ‘kin eh! Dapat nga mas sensitive ka sa exchange rates kasi accountant ka. Just wait and see.”

Napangisi ako nang magbukas ng wallet ang kapatid ko. Nahinuha ko na ang gusto niyang mangyari.

“O, heto, ipalit mo rin. Walang gulangan ha? Magbabasa ako ng diyaryo bukas para malaman kung magkanong palitan ng dolyar!”

Nagkansela ng klase sa ikalawang araw ng coup d’etat. Iyon din ang araw na inilabas si Eli ng ospital at lumipad naman pabalik ng Davao ang mga magulang nito. Naroon kasi ang family business nila na nag-uungkat ng mga malalaking makinaryang pambukid at pangsaka. Nalungkot ako ng mabalitaan ko mula kay Bebs na may kinuhang condo unit ang mga magulang nito upang doon makapagpahinga si Eli. Nahiya naman akong itanong kung sino ang nagbalita sa kanya.

Bumaba ang piso ng uno kinse sa ikatlong araw ng coup. Tumawag din sa dormitoryo si Kuya Anton. May rasyon daw sila ng diyaryo araw-araw. Hinalungkat niya ang Biyernes hanggang Linggong edisyon pero wala siyang nabasa tungkol sa planong kudeta.

“Loka ka, Anette. Saan mo napulot ang balita mo sa ‘kin?” Galit ang boses ni Kuya Anton. “Baka na-recruit ka na ng mga aktibista diyan!”

“Hindi ‘no! It’s just a good hunch. Eh, ano namang masama kung maging aktibista ‘ko?”

“Magtigil ka nga! Wala kang mapapala sa pagsali mo do’n. Sakit lang ‘yan sa ulo.”

“Bias ka naman masyado—”

“May sinalihan ka nga ba?”

“Wala, Kuya. Pero gusto ko.”

“Huwag na huwag kang magkakamali. Isusumbong kita kay meyor!”

“Magsumbong ka! Hindi ko ibabalik ang pera mo.”

“Aah—subukan mo—”

“Kuya naman eh! Walang nagrerecruit sa ‘kin. ‘Yung tungkol sa kudeta, nabalitaan ko lang din ‘yon kaya don’t worry, okey? I’m a good student here.”

“Good students rin naman ang mga aktibista.”

“Hay naku, ang hirap mong kausap!”

“O sige na! ‘Yung pera ko, baka magasta mo.”

“Kuya—” gigil kong tawag dito.

“Babay na. Ingat ka diyan.”

“Ikaw rin.”

Hindi pa ako nakakalayo sa lobby ng muli akong tawagin ni Anne. May phone call daw ulit para sa akin.

“Anette, si Jonas ‘to—nahuli na si Chris. Nagtatago pala siya sa Cebu. He’s being flown back to Manila. Nakakatawa nga, complete security ang loko! Nag-overreact kasi ang Papa ko.”

“Ang Papa mo? Anong kinalaman ng Papa mo kay Chris?”

Natahimik sa kabilang linya si Jonas.

“Hello—Jonas?!”

“Humingi lang ako ng pabor. Siya ang nagbaba ng full alert kay Chris,” amin ni Jonas.

Sa ikaapat na araw ng kudeta, isang heneral ang lumabas sa balita upang ituro ang mga taong nasa likod ng destabilisasyon sa gobyerno. Hindi nito binanggit ang pangalan ng tatay ni Jonas. Maaring strategy iyon upang pakalmahin ang mga tao na malapit ng masawata ang gulong pulitikal, o maaari rin kasing-misteryoso ng katauhan ni Jonas ang parte ng tatay niya sa kudeta.

May ideya na rin naman ako kung ano ang kayang gawin ni Gen. Jonas Clemente III. Hindi ba’t malaki ang nagawa nito upang mahuli si Chris? Ganunpaman, kahit wala man siyang kinalaman sa kudeta, kung ako ang nasa kalagayan ni Bebs, matatakot rin akong makilala ito. Pero ayon na rin kay Bebs, malakas ang kutob niyang hindi na darating ang oras na iyon lalo na’t handa na siyang ipagtapat kay Jonas ang lahat.

“I’m expecting the worst—” malungkot na sabi ni Bebs habang sinisipat ang reflection niya sa salamin. Iyon ang gabing magkikita sila ni Jonas upang mag-usap.

“And what’s the worst in your mind?” Tanong ko.

“Na magtatatalon siya sa tuwa.” Mapait ang ngiti ni Bebs.

“Alam mo, you’re very rude to yourself.”

“Realistic lang ako.”

“Hindi naman realistic ang iniisip mo, Bebs.”

“Exagerrated nga siguro pero iyon ang pinakamalapit sa totoo.” Tinitigan ako ni Bebs sa salamin. “Wish me luck.” Pagdaka’y tumayo na rin ito.

Ngumiti lang ako at tumango.

Nag-iisa na naman ako. Masasanay na nga yata akong mag-isa. Ngunit hindi na iyon singlungkot ng mga nagdaang araw. Natauhan na rin kasi ako. Kung hindi ko kayang ibalik ang oras, kailangan kong magpatuloy at harapin ang bawat araw.

Sa pagre-resume ng klase, handa na akong ipasa ang mga required papers ko. Nakapagsimula na rin akong magreview sa ilang subjects. Kung magkakaroon man ng extension ang finals week, makakapagfocus naman ako sa mga hindi ko pa naaaral.

Madalas ko pa ring naiisip si Eli. Gusto ko rin siyang kamustahin at naiinip ako sa araw na madalaw siya. Ngunit sa mga oras na iyon, si Bebs at Jonas ang laman ng utak ko.

Malalaman ko rin naman ang mapapag-usapan nila—

Kinuha ko ang compiled readings sa Epistemology. Sinimulan kong magbasa at mag-highlight ng mga importanteng datos nang mawalan ng ink ang ginagamit kong marker.

May highlighter din si Bebs. Tinungo ko ang study table nito at hinanap ang lalagyan niya ng mga lapis at technical pen. Nakita ko iyon sa drawer nang may mapansin akong isang papel na lumiit na dahil sa dami ng pagtupi. Alam ko kung gaano ka-organize sa gamit si Bebs. Wala itong itinatagong resibo o scratch papers dahil “nakakadagdag sa kalat” kaya’t na-curious ako kung ano ang laman niyon.

Kumabog ang dibdib ko nang mabuklat ang sulat at mabilis na tiniklop iyon nang mabasa ko kung kanino galing.

Ngunit binuksan kong muli. Binasa.

“Bebs,

I know I shouldn’t have called you to tell you how I feel. Hindi awa ang hinihingi ko especially now that I don’t know what will eventually happen to me but you’re the one who inspires me to go on and overcome the odds.

I hate to think na tuluyan akong mababulag but the doctors assured me that this is just temporary. The thing is, I hate to think that I won’t have the chance of “seeing” you face to face and tell you that you’ve become special in my eyes and in my heart.

One thing is sure, though… maya-maya lang, magdidilim muli ang paningin ko… when my vision blurs again and sends me in total darkness, your smile and your every memories willl be my beacon…

Eli.”

Kagat-labi kong ibinalik ang sulat sa drawer ni Bebs. Sa pagkakataong iyon, pinagalitan ko ang nasaktan kong puso. Masyado akong binulag ng sarili kong damdamin at hindi nakita ang nabubuong pagtatangi ni Eli sa kaibigan ko.

Ganoon nga ba talaga ang magmahal? Na wala kang aasamin kundi ang masuklian ang sariling damdamin? Na wala kang nakikita kundi ang mga impresyong nabibigyan lang ng magagandang kahulugan?

Naisantabi ko ang mga maliliit na senyales na nagpapatunay kung sino talaga ang napupusuan ni Eli. Dahil tanging ang mga masasayang araw ko sa kanya ang iniiwan ko sa aking gunita.

Nasasaktan ako. Ngunit may kaya pa akong bawiin—hindi man ang pagmamahal ni Eli na sa simula pa lang ay hindi naging akin—kundi ang sarili ko.

Tama lamang na sa pag-aaral ako mag-concentrate. Hinding-hindi ako mabibigo kung mag-aaral akong mabuti. Tiyak na makakagraduate ako. At hindi pa huli ang lahat upang makahabol sa honors list.

I could still save myself. Tama si Ate Cora.

Nang makabalik si Bebs mula sa pakikipagkita niya kay Jonas, hindi ko mawari kumg sino ang mas malungkot sa amin.

“How was it?” Agad kong tanong kay Bebs. Bumangon ako at nag-indian sit sa kama ko.

“Hindi ako makapaniwala sa reaksiyon ni Jonas—” Umupo si Bebs sa gilid ng kama niya at humarap sa akin. “Umiyak siya, Anette. It’s way beyond all my expectations. Somehow, nagpaplano na pala siya. Ang term nga niya, he wants to be the best Dad in the world—if not the best husband—alam mo na, he’s still crazy about you.”

Wala akong makuhang idugtong kay Bebs. Bahid ang kalungkutan sa anyo nito. Pareho lang kami ng nararamdaman.

“Do you still want to talk about it? I mean—hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko, Bebs.”

Nangiti ito. “It’s alright. Wala ka naman dapat sabihin. ‘Yung hinintay mo lang ako para marinig ang kwento ko, okey na—kahit feeling ko gusto mo lang maki-tsismis—” Si Bebs na rin ang tumawa sa sinabi nito at sumeryosong muli. “Hindi ko rin naman alam kung anong dapat kong maramdaman, except mapagod—pagod umasa, pagod umiyak, pagod maawa sa sarili. I badly wanted Jonas before. Tapos muntik ko na pala siyang makuha. Pero hanggang dito na lang siguro ang kwento namin. Ang wish ko lang, sana maibalik natin ‘yung dati nating pagkakaibigan. Malabo nga lang mangyari kasi ako ang unang maiilang. I think I can’t let myself fall out of love with Jonas.”

“Ano ba kasing nagustuhan mo sa kanya? Look, he’s filthy and dirty rich at walang amor magkwento tungkol sa sarili niya which means we barely know him! For all we know, wife-beater pala siya o sadista o klepto—”

“That’s just the point. Don’t you see? Regardless of who he is or who he turns out to be, I love him! Alam ko katangahan ‘yon. But that’s how I feel. Tanga lang talaga ako para mahalin ang taong hindi ako mahal.”

“So, tanga rin ‘yung mga taong nagmamahal sa ‘tin, pero hindi natin mahal?”

Natigilan sa tanong ko si Bebs. Mahinang tumawa. “Oo, tanga rin sila. Sangkaterba tayong tanga.”

Natawa na rin ako. Tanga nga ba kaming apat? Naisip ko kasi, love cycle ang nangyayari sa amin.

In-love ako kay Eli na type si Bebs na gusto si Jonas na infatuated sa ‘kin.

Pero mas mainam sabihing isang love chain ang kinapapalooban namin. Lahat kami’y nagmamahal, at lahat din ay nasasaktan.

Nakakatawang nakakalungkot. Mas pinili ko ang matawa.

“Anong tinatawa-tawa mo diyan?” Takang tanong ni Bebs.

“Tayo. Don’t deny, Bebs. Dati, may mga signs na ikaw talaga ang gusto ni Eli, kaso dahil in-love ako sa kanya, binabalewala ko lang. Like that scene in the hospital. It’s obvious na ikaw ang hinahanap ni Eli. Natatandaan ko pa ‘yung reaction niya ng marinig ka. Parang nawala lahat ang sakit na nararamdaman niya. I bet he loves you—”

“Pero si Jonas ang gusto ko kaya lang ikaw ang type niya,” natatawang sagot ni Bebs. “So we’re stuck. May dapat ba tayong gawin para ma-realize nila na nagkabaligtad sila sa ‘ting dalawa?”

“Or maybe, just maybe, tayo ang nagkabaligtad ng feelings? Pwede rin ‘yon.”

“Are you implying na tayo ang maggi-give-way para sa dalawang mokong na ‘yon? Willing kang ibaling kay Jonas ang nararamdaman mo?”

“It’s not that I’m willing—ano ‘ko hilo? What I am saying is that, Eli needs you. If you can let yourself feel the way I feel about him, malay natin, mag-work out. Kung hindi rin lang sa akin siya mapupunta, then it’s better na sa ‘yo kesa naman sa iba.”

“Paano si Jonas?”

“Malas na lang niya—ayaw ka niyang patulan eh!”

“No, no, no—dapat, take your own advice. Give him a chance, and I’ll give Eli his chance. Take it, or leave it!”

“Ano ‘to, pera o bayong?”

“Hindi, laban o bawi!”

Kaya pumasok na naman ako sa isang panibagong gulo.

Nagkasundo kami ni Bebs na pilitin ang aming mga sariling “i-review” ang aming nararamdaman

kina Eli at Jonas. Whatever it takes—para lumigaya kami pare-pareho.

~ Kabanata 11 ~

Ang unang “test” para sa amin ni Bebs ay dumalaw kay Eli.

“Hindi ko makontak si Jonas. Out of coverage area ang cellphone niya,” nanlulumong sabi ni Bebs. “Ikaw naman ang mag-text.”

“Bakit ako? Ikaw ‘tong nagpipilit na isama siya—”

Umarko ang kilay ni Bebs. “I am keeping my bargain, dearest Anette. I-text mo na si Jonas. Baka nakadivert ang mga calls niya. For security reasons, you know.”

Wala na rin akong nagawa. Ako naman kasi ang nag-suggest na dalawin si Eli.

Kalahating oras na kaming naghihintay ng tawag mula kay Jonas. Suko na kong maghintay kaya inaya ko na si Bebs na mag-commute na lang kami.

“Isang oras pa, okey? Dahil whether you like it or not, kung magkikita kami ni Eli, kailangang magkikita rin kayo ni Jonas.”

“Babawi na lang ako next time. Eh sa hindi natin alam kung nasaan si Jonas!”

“Hindi ka man lang ba nagwo-worry sa kaibigan natin? Baka kung ano na’ng nangyayari sa pamilya nila. Saka mahirap magkomyut lalo na’t hindi pa talaga tapos ang kudeta. Nasa peace talks pa lang, ‘di ba? For all we know, baka tinotorture na ‘yung tao.”

Natahimik ako. Ganoon na ba ako kamanhid sa mga nangyayari na wala akong pakialam?

“Okey, sige—maglunch muna tayo, at ‘pag wala pa, dadalaw na tayo kasi I still need to pack my things. Kailangan ko ring umuwi dahil puro dollar ang pera ko ngayon. Kelan ba kasi matatapos ang kudeta?”

“Ano na bang nangyayari kay Jonas?” Tanong ni Bebs na alam kong hindi direkta sa akin.

Papunta na kami ng canteen nang ipa-page kaming dalawa ni Bebs.

“Si Jonas!” Masayang bulalas ni Bebs at tumakbo na ito papuntang lobby.

“Sorry, hindi ako makareply o makatawag. Nakalimutan ko kasing magbayad ng bill,” paliwanag ni Jonas habang minamaneobra ang kotse palabas ng parking lot. “Saan niyo gustong mag-lunch?”

“Kahit saan, basta along the way,” sagot ko dahil nanatiling tahimik si Bebs sa likod ng kotse.

Kung ako si Bebs, ano ba ang gusto kong mapag-usapan?

“Jonas, kumusta kayo ng Daddy mo?”

“Okey naman, kahit madalas siyang wala sa bahay. Sa kanila nga ako nakatira ngayon—after ng coup, babalik ako sa lumang bahay.”

“Kilala ba ng Daddy mo si Gen. Monte?”

“Ah, ‘yung whistleblower? Naitanong ko nga kay Daddy ‘yan—oo, kilala niya pero hindi siya kaalyado. Balimbing daw kasi ‘yon. Kung sino ang nasa administrasyon, doon siya kampi. Pakawala lang ng gobyerno ‘yung presscon na ‘yon.”

“Kamusta namang Mommy mo?”

“She’s not totally ecstatic about what’s happening, pero I think, she supports my Dad. You know what, ngayon ko lang talaga sila nakakausap. May mga bagay na hindi pa rin nila sinasabi sa akin. Sabagay, sabi rin ni Daddy, the lesser we know, the safer we are.”

“‘Yung mga kapatid mo, okey naman sila?”

“Reporter ka na ba?” Nakangising tanong ni Jonas.

“Frustrated reporter, balak ko ngang mag-shift ng Media Communications dati kaso takot ako sa camera,” sagot ko. Napailing lang si Jonas.

“Tawag ng tawag ang mga kapatid ko. Tinatanong kung totoo daw ba ‘yung mga nababalitaan at napapanood nila from abroad. Napraning na nga si Mommy. Pinagsabihan silang huwag ng magbubukas ng TV. Pero si Mommy, 24 hours nakatutok.”

“Ikaw—how have you been these past few days?”

Alanganing ngumiti sa akin si Jonas. Pakiwari ko'y naninibago ito sa pagtatanong ko. Bumaling pa ito sa akin. Ngunit mabilis ding binawi upang tumutok sa pagmamaneho.

"Not so fine. But I'm surviving. Kung ang itinatanong mo ay ang relasyon ko sa family ko, it's better than before. Ironic nga lang kasi pangit ang mga sitwasyon na nagpabago ng pagtingin ko, lalo na kay Daddy—with all these political mess! Nag-aalala ako kay Mommy. She hardly sleeps! Grabe nga eh! Pinalipat niya lahat ng TV sa family room para lahat ng channels may monitor sa news. Ayaw nga akong payagang umalis ngayon—"

"Buti't pinayagan ka."

"Pumayag lang siya ng pumayag akong magsama ng escort."

"Escort? As in body guards? Nasaan?" Biglang tanong ni Bebs.

"Kasunod natin. The car behind us, sila 'yon."

Halos sabay kaming napatingin sa likuran ng kotse. Sinipat ang kasunod naming sasakyan na may ilang metro ang layo sa amin.

"O, dito na lang tayo kumain. May rice meals din naman dito." Pumarada si Jonas sa harap ng ice cream parlor na kinainan namin dati nina Ate Karen. "Sa susunod na block, doon na ang kina Eli."

Napatingin ako dito at nahulaan niya ang nais kong itanong.

"Dumalaw na 'ko sa kanya. It could have been me in his shoes—" tanging nasabi ni Jonas.

Masaya naman kaming kumain, kahit na inip na akong makita si Eli.

"Nagfund-transfer lang ako para magkaroon ng dollar account. Maganda na rin ang interes pero mas malapit sa market rate ang palitan sa mga money changers. Mababa kasi sa bangko," ani Jonas ng tanungin ko ito kung nakabili ba siya ng dolyar.

"Pinagsama namin ni Anette ang pera namin kaya 'pag pinapalit namin, hating kapatid. Kung ideposit kaya namin sa account mo?" Si Bebs.

"Huwag na. Papahirapan niyo pa 'kong magkompyut ng interes. Baka pera pa ang pagmulan ng

away natin," natatawang sabi ni Jonas. "May nabasa ako na ang number one reason ng pagkasira ng friendship ay pera."

"Ano ang number two?" Curious kong tanong.

Ngumisi si Jonas bago nagsalita. "Heart concerns."

"At number three?" Tanong ni Bebs.

"Trabaho," game na sagot ni Jonas.

"Hindi naman pala tayo affected!" Nakatawa kong sabi. "Wala pa naman tayong trabaho."

Matunog ang halakhakan namin, hanggang matahimik kami.

Si Jonas din ang unang bumasag ng katahimikan. "May malapit ditong bilihan ng prutas at bakery. Do'n na lang tayo bumili nang pwedeng madala kay Eli. Bumili na rin tayo ng extra para dun na lang tayo magdessert sa condo nila," anito.

Magalang kaming tinanong ng security guard sa receiving area ng building nina Eli. Itinuro kami sa 4th floor matapos makapag-fill in sa visitors' logbook.

Si Jonas na rin ang nag-ring ng doorbell. Si Eloy ang nagbukas ng pinto at nahagip namin ang mahinang kwentuhan buhat sa loob.

"Hindi ba kami nakakaistorbo?" Tanong ni Bebs.

"No, come in. Tiyak na matutuwa si Eli 'pag nakita kayo." At masaya kaming iginiya ni Eloy sa sala. "Hey, bro, see who's come to visit you!"

Umaliwalas ang mukha ni Eli pagkakita sa amin. Nang sandaling tumama ang tingin nito kay Bebs, tila kinurot ang puso ko. Lumuwang kasi ang pagkangiti ni Eli.

Mga estudyante ni Eli ang naroon. Si Eloy ang nag-asikaso sa amin. Dinala niya kami sa dining room at habang naroon, tumulong na rin kami ni Bebs sa pagtimpla ng juice para sa mga bisita ni Eli. Naghiwa naman ng cake rolls si Jonas.

“Dumalaw pala kami dito para maging serbidora!” Birong patutsada ni Bebs habang binabalanse ang mga tall glasses sa hawak na tray. Nauna nang dalhin ni Eloy ang dalawang pitcher ng malamig na orange juice.

“Ako na lang diyan, itong mga platito ang dalin mo,” sabi ni Jonas at maingat na kinuha kay Bebs ang tray. Napatingin ako sa kanila habang pinupunasan ng chamois cloth ang mga bagong hugas na tinidor.

Napangiti ako. Hindi pa rin nagbabago si Jonas. Gentleman pa rin ito. Kung sabagay, ilang pinto ng sinehan, restaurant at bar na ba ang ipinagbukas niya sa amin ni Bebs upang paunahin kaming makapasok? Siya rin ang umaaktong traffic police namin ni Bebs ‘pag tatawid kami ng kalsada.

Aah, ilang daang sweet at thoughtful gestures na ba ang na-take for granted ko na ginagawa niya para sa amin?

“Anette, ‘yung mga tinidor po, hinihintay na—” Nakangiti si Jonas sa akin. Bumalik pala ito matapos makapagdeliver ng mga dala nitong baso.

“Ha? Ah, hindi ko pa tapos punasan—”

Humila ng upuan si Jonas. “Bumalik na ang paningin ni Eli. Tiyak na sa Lunes, makakapagturo na siya. Sa Linggo, tapos na ang peace talks. Magwiwidraw na ang rebel troops kaya may klase na naman.”

“At least, wala siyang namiss na school days—timing ang recovery niya sa kudeta.”

“S-sorry ha?”

“Saan?”

“Sa nangyari kay Eli—”

“Bakit ka nagso-sorry?” Tanong ko.

Mapait ang ngiti ni Jonas. Napayuko.

“It’s not your fault. Hindi ka dapat nagso-sorry,” sabi ko sa kanya.

“Nag-init lang talaga ang ulo ko nang malaman ko ‘yung nangyari sa library—”

“I know. Basta next time, control your temper. ‘Yang emosyon mo ang magpapahamak sa ‘yo.”

“Siguro nga. Pero may isang emotion na hindi ko ma-control—” tila bulong na sabi ni Jonas. Hindi rin ito makatingin sa akin. Pinalampas ko ang anumang kahulugan niyon.

“O, tapos na ‘ko. ‘Lika na sa sala. Gusto kong makatikim ng cake na binili mo,” aya ko kay Jonas.

Sa timbre ng mga kwento ng mga estudyante ni Eli, halatang gusto nila ang instructor. Sabagay, kahit hindi ko gamay ang estilo ng pagtuturo nito, nawari kong hindi siya conventional magturo. Sabi pa nga ng isa, napagkamalan niyang kaklase lang si Eli sa unang araw ng klase. Naka-shorts, casual t-shirt at rubber shoes lang daw kasi ito ng pumasok kaya’t hindi nila pinansin. Dugtong pa ng isa, akala raw niya ay si Ezekiel si Eli. Muntik na raw siyang magpa-autograph. Nang mag-check ng attendance si Eli ay saka lamang sila natahimik.

Natahimik din ang condo nang mag-alisan ang mga estudyante.

“Nakapagbayad nga pala ng bail si Chris. Sa resumption ng klase, lalakarin namin ang expulsion niya from the team at sa university. Baka kung ano pang magawa ng gagong ‘yon,” sabi ni Eloy.

“That’s too much, bro. Sa tingin ko, hindi na siya basta-basta makakapagloko. Let him finish his studies. Baka magbait na ‘yon. Graduating na siya this semester ‘di ba? Gusto ko na ring i-withdraw ang kaso sa kanya. Let him learn his lessons with his second chance.”

Hay naku, sobrang compassionate naman ni Eli! Pero may punto siya. Pupuwede pa naman sigurong magbago si Chris.

“Pa’no kung balikan niya tayo? O si Anette? Tiyak na ang iniisip no’n ngayon, si Anette ang sumira ng career at future niya,” alalang sabi ni Bebs.

“May natanggap na ba kayong subpoena?” Tanong ni Jonas, at naglipat-lipat ng tingin sa amin ni Eli.

“Ako wala pa,” sagot ko.

“Hindi ko pa nacheck sa dorm. Pero kung wala pa si Anette, tiyak na wala pa rin ‘yung para kay Eli,” sagot naman ni Eloy.

“That means, wala pa ring summon si Chris. Hindi pa siguro naaasikaso ang mga complaint ninyo hanggang may kudeta. “May lawyer na ba kayo?”

“It won’t be a big case. Kaya naman siguro ng prosecutor ‘yon,” ani Eli at para na rin nitong sinabing wala silang balak kumuha ng abugado.

Hindi ko naman naisip na kumuha ng abugado. Una, wala naman akong ipapambayad at ikalawa, tiyak na magugulo ang mga magulang ko 'pag nalaman nilang may didiniging kaso na kasangkot ako.

"Lawyer ang boyfriend ng ate mo, 'di ba?" Baling sa akin ni Bebs.

"Hindi ko pa nakwento sa kanila na nag-file ako ng kaso. Baka mag-alala lang ang mga 'yon."

"As of this time, hindi pa naman kailangan ang abugado. After your first appearance sa court, that's when you decide if you need an independent counsel," paliwanag ni Jonas.

"How come na parang pamilyar ka sa system? Na-arraign ka na ba?" Himig-biro ni Bebs.

"My mother's a lawyer—"

Nanlaki ang mata ni Bebs. "How are you related to Atty. Leona Clemente? 'Yung nag-defend kay Irma Ruth sa celebrated case ng child abuse and rape against her father?"

"Uhm, she's my mom," ani Jonas.

"Wow! Celebrities pala ang parents mo—" tila 'di makapaniwala si Bebs. Maging ako ay nabigla. Sensational kasi ang mga kaso ni Atty. Clemente. Minsan di'y naging guest ito sa isang debate tungkol sa pagkakaroon ng divorce sa Pilipinas at nabansagan pa itong "kalaban ng pamilya" dahil sa ilang annulment cases ng mga pamosong artista na hinawakan niya.

"Bakit, ano bang trabaho ng father mo?" Tanong ni Eli kay Jonas.

"He's in the Air Force," normal na sabi ni Jonas.

"Talaga? Anong side naka-ally ang father mo ngayon sa kudeta?" pormal na tanong ni Eloy.

Napaisip si Jonas. Wari'y tinitimbang ang sasabihin. May ulap ng lungkot sa kanyang mga mata nang sabihing, "Let's just say that whichever side he's on, he's still my father. I just hope he's safe."

Kung iisipin ko ang sitwasyon ni Jonas, baka mabaliw ako. Oo nga't may sinasabi ang kanyang mga magulang, mayaman sila, makapangyarihan. Ngunit hindi kayang bilhin ng impluwensiya o pera ang katahimikan ng isip. Ang kaligayahan ng puso.

Sa pagkakataong iyon, kinapa ko ang sarili kong damdamin para sa kanya. Awa ba o may sumisilip na ring ibayong pagkagiliw?

Nainis pa nga ako kay Eli dahil desidido na itong huwag ng patulan si Chris. Iuurong na namin ang complaint sa damuho!

~ Kabanata 12 ~

Nang matapos ang klase para sa unang semestre ng huling taon ko sa kolehiyo, tanging ako lang siguro sa mga graduating students ang hindi eager na makapagbakasyon mula sa demands ng school requirements.

Actually, hindi naman ako malungkot. Masaya rin naman ako dahil makakasama ko ang aking pamilya. Naroon din ang excitement na makisawsaw sa mga wedding arrangements nina Ate Karen at Mark. Kinuha nila ang suggestion ko na sa halip magpamigay ng give-aways na aalikabukin sa pagkakadisplay ay magdonate na lang sa mapagkakasunduan nilang charity institution—na muntik pa nilang pag-awayan. Hanggang sumingit ako.

“Alam niyo, ang mga bata sa Bethany, diyan sa may Guiguinto, tuwing Pasko lang may nakakaalala sa kanila. Kung ang mga ikakasal, sa Bethany kukuha ng give-aways, baka lahat ng mga ampon do’n makatapos ng pag-aaral. Sumama kayong magsimba kina Ate Cora sa Barasoain tapos dumaan kayo do’n after hearing mass. Sa ibang orphanage kasi, nagbebake sila ng cookies tapos iyon ang ginagawang give-aways.”

“Ano sa palagay mo?” Tanong ni Ate Karen kay Mark nang mapagmuni-muni ang suhestiyon ko.

“Puwede. Sige, puntahan natin,” sagot ni Mark.

“Sama ko ha?” Muli kong singit. Hindi naman sila tumanggi. Sa tingin ko naman tapos na sila sa mga date maneuvers kaya hindi ako chaperon. Isa akong unofficial wedding consultant.

At babysitter! Oo. Nagmistula akong yaya ni Kulit noong nagsimba kami at nagpunta sa Bethany.

“Ate Cora, kayo naman ni Manolet ang magbantay dito kay Kulit. Kunwari nagpapraktis kayong mag-alaga,” hiyaw ko habang nagtatatakbo sa playground ng ampunan si Kulit. Kausap kasi ng namamahala ng Bethany sina Ate Karen at Mark.

“O sige, kami nang bahala diyan,” sabi ni Ate Cora habang papalapit sa akin.

Si Manolet ang humabol kay Kulit at isinakay ito sa duyan. Umupo naman ako sa katabi niyon.

“Gagraduate ka na nga pala next sem. Humanap ka na agad ng trabaho ha?”

Natawa ako. Sa pandinig ko kasi, ang gustong sabihin ni Ate Cora ay “Buti naman at mababawasan na ang sinusustentuhan ko. Magtrabaho ka na ng ikaw naman ang mag-iintrega sa bahay!”

“Balak kong kumuha ng LAE,” sambit ko. LAE o law aptitude exam ang tawag sa entrance test sa UP Law School. “Pero pagkagraduate na siguro ni Kuya Anton. Para hati kayo sa tuition ko.” At ngumisi ako.

“Talaga? Okey ‘yan. I have books you can borrow. May mga naitago rin akong mga readings. Magagamit mo ‘yon,” sabi ni Manolet na nakikinig pala sa amin.

Seryoso akong tiningnan ni Ate Cora. At bumaling kay Manolet. Sa UP kasi ito kumuha ng law.

“Same din ba ang tuition ng law sa undergrad?”

“Oo. Lumalaki nga lang ang gastos dahil sa mga books at pagpapaphotocopy ng mga cases,” sagot nito.

“Sige, magtake ka ng LAE. ‘Pag nakapasa ka, tsaka na natin pag-usapan.”

“Talaga? Sinabi mo ‘yan ha?” Masaya kong sabi. “‘Di bale, hahanap din ako ng part time work tapos evening class ang kukunin ko.”

Masaya kong naikwento kay Jonas ang balak kong pagkuha ng LAE nang tumawag ito. Naging madalas ang pag-uusap namin at sa pagtataka ko, inaabangan ko ang mga oras na ‘yon. Ipagnonobena naman daw ako ni Bebs para makapasa. Balitang mahirap kasi ang makapasok sa UP Law School dahil maliban sa nakakabaliw na entrance exam ay may interview pa.

“Sigurado ka ba? Ang mga lawyers daw kahit buhay pa sinusunog na ang kaluluwa,” minsang biro ni Jonas nang kausap ko ito sa cellphone.

“‘Sobra naman ‘yon. Magiging human rights lawyer ako, you’ll see. Hindi na siguro masama ‘yon.”

“Bilib din ako sa fighting spirit mo.” May tawa sa boses ni Jonas.

“Nagpapraktis lang. Kailangan sa korte eh,” biro ko na rin. “Ikaw, ano bang plano mo after

graduation?”

“Balak kong mag-apply sa corporation ni Bill Gates—pero malayo pa ‘yon. May one and a half year pa ‘ko para magbago ng isip.”

“Ano bang other options mo?”

“Hmm, kumuha ng higher education sa Carnegie School of Computer Science—tapos saka ako mag-aapply kay Bill Gates.”

“Hindi ka naman obsessed makatrabaho si Bill Gates?” Natatawa kong tanong. Balak nga yata talaga ni Jonas na maging empleyado ng Microsoft Corporation.

“Hindi obsession ang tawag do’n kundi goal. Itong pakikipag-usap ko sa ‘yo, obsession.”

Hindi ako nakahirit. Napangiti lang ako. Nag-blush.

Nakakadami ka na ng pahaging ha? Konti na lang, bibigay na ‘ko!

“Hello? Anette?! Are you still there?”

“Yah—”

“Kelan ka nga pala magchecheck-in sa dorm?”

“Hindi ko pa alam. Nakapag-advance registration na kasi ako. Magbabayad na lang ng tuition kaya wala naman na akong aasikasuhin. Kahit the day before classes start, okay lang—bakit?”

“Uhm, tulungan sana kitang magdala ng gamit paluwas. Kahit sunduin kita diyan.”

Ang arte ko naman kung hindi ako pumayag. Libre na, komportable pa ang biyahe.

Natense ako habang papalapit ang araw ng pagpunta ni Jonas sa amin. Kadalasan, umaarkila kami ni Kuya Anton ng FX upang ihatid ang mga gamit namin paluwas kaya’t nang magtanong siya kung anong araw kami magpapareserve ng sasakyan, alanganin akong nagsabi tungkol sa plano ni Jonas.

“Ayos ‘yan ‘tol, libre pa!” Sabi nito na may kasamang kindat. “Baka naman pwede akong sumabay? Alangan namang iwan mo ‘ko eh ilang semester mo na ‘kong ginagawang tagabuhat ng maleta!”

“Oo na! Sasabihin ko kay Jonas na truck ang dalin para magkasya ang lumolobong utak mo!”

“Nanliligaw ba sa ‘yo si Richie Rich?” Si Jonas ang tinutukoy ni Kuya Anton.

“Hinde! Kaya please, behave yourself! Ibaon mo sa bagahe ang mga lata mo ng ka-alaskahan dahil nasa ‘kin pa rin ang dollars mo.”

“Blackmail ‘yan ah?”

“Of course not! Pumayag ka namang mag-time deposit tayo ‘di ba?”

“Alam mo—”

“Oo naman! Pero pwede ring hinde—” Bara ko kay Kuya Anton.

“Boto ako kay Richie Rich!” At tatawa-tawa tumalilis ang buskador kong kapatid habang iniakma kong ibalibag ang hawak kong throw pillow.

“Antonette, cellphone mo, nagri-ring!” Sigaw ni Nanay. Nasa labas ng bahay ako noon at kalaro si Kulit. Kinarga ko ito at ipinasa kay Ate Karen na abalang naglilista ng mga bibigyan ng wedding invitations.

Si Jonas ang incoming call ko.

“Hey! Wazzup!” Agad kong sabi.

“Anette! Bruha ka!” Palahaw ni Bebs sa kabilang linya. May bahagyang inggit akong naramdaman. Magkasama sila ni Jonas.

Tinanong ako ni Bebs kung kailan ako darating. Nakapag-check-in na pala ito unang araw pa lang ng enrollment. Naiinip daw siya kaya pinadalaw niya si Jonas. Isang linggo pa kasi bago magsimula ang semestre.

Sa pagkukwentuhan namin, nagdalawang-isip ako kung babanggitin ko pa ang pagpayag kong

sunduin ni Jonas. Sabagay, hindi ko naman kailangang itago dahil madadatnan ko rin naman siya sa dorm. Kung ano man ang naging reaksiyon ni Bebs, hindi ko na alam dahil masaya rin itong nagkwento.

“Nagkita kami ni Eli kahapon. Kinakamusta ka niya.”

“Ows? I bet napag-usapan niyo lang ako while you were on a date—nag-date na kayo ‘no?”

“Lukaret! Sabay lang kaming pumila sa cashier. May MA units siyang inenlist.”

“So kelan ang formal date ninyo? Imposible namang hindi niyo napag-usapan ‘yon?”

Sandaling natahimik si Bebs bago umamin. “Well, nagyaya siyang manood ng sine—”

“And—”

“Sabi ko pagbalik mo na lang pero—”

Ngunit hindi ko na pinatapos si Bebs. Kinastigo ko ito sa ‘di pagsunod sa aming kasunduan. Inamin ko ring mas favorable ang date kung sila lang. Baka magselos lang ako, at mailang naman si Bebs.

“Pwede ba patapusin mo ‘ko? Noong una hindi ako pumayag pero nagpilit siya kaya we’re going out Friday night,” asar na singit ni Bebs.

“That’s good—sa makalawa na ‘yon ah? Excited ka ba?”

“Ewan. Baka ma-bore ako. Alam mo naman ‘yon, super-seryosong kausap.”

“Balanse lang kayo. Kumbaga sa movie, ‘pag pinagsama kayo, romantic-comedy ang dating. Hit ‘yan sa takilya.”

“Mas type ko pa rin ang suspense-action—teka lang, ha?—Hoy, Jonas, bakit nanghahaba ang leeg mo? Hindi porke cellphone mo ‘to may karapatan ka nang makinig sa usapan namin? O heto na nga, kausapin mo na si Anette!”

At narinig ko ang tatawa-tawang boses ni Jonas. “Baka maniwala ka kay Bebang—nasa lobby ako, nanonood ng TV.”

“Wala ‘yon. Ang bait mo nga, nautakan ka ni Bes. Nagtelebabad na kami sa cellphone mo.”

“Ikaw namang kausap eh. Ayos lang,” agad na sagot ni Jonas.

Nakakaflatter, pero hindi nito natalo ang maliit na boses sa puso ko na naghahangad at nangangarap na sana’y ako ang ka-date ni Eli.

“Sus! Bahala ka. Hindi naman ako ang nagbabayad ng bill! Siyanga pala, sasabay daw si Kuya Anton sa Sunday, if it’s okay?”

“No problem. Anong oras ko ba kayo pupuntahan?”

“Baka sumama ulit ako kina Ate Corang magsimba sa Barasoain kaya mga lunch time nasa bahay na ‘ko. Kung okey lang sa ‘yo, kahit sa hapon na. O dito ka na sa ‘min magtanghalian?”

“What if sumama na rin akong magsimba?”

“Ha? S-sige, ikaw—pero masyadong maaga ‘yon—7 A.M. usually ang sinisimbahan namin kaya 6 o’clock pa lang umaalis na kami.”

“It’s okay. Aalis ako dito ng 5:00.”

“Ganito na lang, sa Barasoain ka na dumiretso para mas maikli ang biyahe mo. ‘Pag nasa expressway ka na, sa Tabang ka mag-eexit. Tapos Malolos ka na. I-text mo na lang ako ‘pag naroon ka na. Okay?”

“I’ll be there—God, I can’t wait to see you!—I miss you so much!” Halos hugot sa hangin ang pagkakasabing iyon ni Jonas. Na-touch ako. Umindayog ang mundo ko sa deklarasyong iyon ni Jonas.

Narinig ko na lang ang sarili kong nagkakandabuhol sa pagsagot—

“T-that’s—uuh—same here—I m-mean—shit!”

Tahimik si Jonas hanggang marinig ko ang tawa nito, na sinabayan ko na rin.

“Sorry ha? Hindi mura ‘yon. It’s for me—” paliwanag ko nang makalma kami pareho.

“Oh yeah?! Believe me, it was closest to what I wanted to hear.” Masuyong sagot ni Jonas.

Asar-talo ako sa bahay nang magpaka-obvious sa pagtukso sa akin si Kuya Anton. Nakabingwit daw ako ng matabang isda na maghahango sa amin sa kahirapan; effective daw ang gayumang ginamit ko; reregaluhan daw nila ng helmet si Jonas; hindi na raw ako kailangang sustentuhan sa last semester ko basta magpakabait lang ako kay Jonas; at maganda raw ang vibes ng magiging pangalan ko kung si Jonas ang makakatuluyan dahil ang huling syllable ng pangalan ko at apelyido ni Jonas ay may ngiti sa dulo 'pag binigkas.

"At huwag kakalimutan ang tanging payo ni Inday, ke pobre o milyonaryo ang mapapangasawa mo, ipanhik sa bahay!" Dugtong pa ni Ate Cora na sinundan na naman ng malilikot na imahinasyon ng Pamilya Torres.

"Hindi kaya magpa-cater pa sila Jonas at mag-invite ng live band sa pamanhikan?" Mala-thinker na akto ni Kuya Anton.

"Sa'n naman natin iseset-up 'yon? Ang liit ng bakuran natin?" Sakay na tanong ni Ate Karen.

Actually, malapit na akong mapikon—

"Hala, ubusin niyo na lahat ang powers niyo dahil bukas, 'pag nagpatuloy kayo—kuuh! Wala na kayong inasar kundi ako!" At nilagay ko sa full volume ang TV. Lalong gumulo ang loob ng kabahayan, hanggang si Meyor mismo ang hindi nakatiis. Walang kakibu-kibo itong pumasok ng sala, pinatay ang TV at rinding sinabi sa aming—"Ang ingay!"

Natigil din ang pambubuska sa akin. Si Tatay kasi, 'pag nag-monologue, alam naming galit na.

Tinutulungan kong magligpit si Nanay ng hapag-kainan kinagabihan nang malaman ko ang dahilan ni Tatay: Nagpupustahan daw sila ni Nanay kung mapipikon ako. At nang maramdaman ni Tatay na matatalo siya, pinatay niya ang TV para patahimikin kaming apat.

Agad akong nagising sa alarm ni Ate Cora sa katabing kwarto. Mababaw ang naging tulog ko. Naroon pa rin ang selos dahil sa text ni Bebs na nag-enjoy siya sa company ni Eli. Dugtong pa niya, sana rin ay maging okey kami ni Jonas. At huwag ko raw siyang kakalimutang isama sa special intentions ko sa misa. Ipagdasal ko na rin daw na mamulat sa katotohanan ang mga lalaki sa buhay namin. Na kung maaaring puso naman namin ang sundin.

Sa huli, nag-aminan na rin kami. Kapwa kami humiling na magkapalit na lang ang mga puso ng

mga lalaking minahal namin.

O maaari kayang dumating din ang panahon na magkapalit kami ni Bebs?

May asungot kasi sa puso ko na nagpapaalalang hindi lang minsan ako nakaramdam ng kakaibang thump-thump-thump sa tuwing sumisiksik sa alaala ko si Jonas.

At nakakapraning na noong nagdaang gabi, kahit anong pikit at konsentrasyon, malabo ang itsura ni Eli sa isip ko. Tanging ang unang pagkikita namin ni Jonas sa Araneta Coliseum ang pumagkit sa aking isipan—lalu na ang hiyang ngiting tinernuhan ng mga biloy na isinukli niya sa akin.

“Antonette, gising na, bangon na riyan! Baka mainip sa Barasoain ang loverboy mo!” Walang tigil na katok ni Ate Cora sa pintuan ko. “Anette—”

“Lalabas na po!” Sagot ko para matigil lang ito sa maingay na pambubulahaw.

“Make it fast! Parating na si Manolet.”

Sinipat ko ang wall clock, at napabalikwas ako. 30 minutes na lang ang igagayak ko!

Nagmamadali kong tinungo ang shower at habang nagsasabon ay iniisa-isa ko sa aking isip ang laman ng aking kabinet. Lihim akong nangiti. Hindi naman date ang pupuntahan ko ah? But I want to be nice in Jonas’ eyes—hindi man ako perfect, at hindi man perfect si Jonas sa paningin ko, baka naman perfect kami para sa isa’t isa?

Saan ko ba narinig ang quote na ‘yon? Sa isang English motion picture? Sa soap opera?

“Baka balak mong bilisan?” Muling mando ni Ate Cora.

“Matatapos na ko!” Hiyaw ko mula sa shower.

Pinili kong isuot ang isang simpleng puting short-sleeved polo shirt na ipinaragan ko sa paborito kong straight-cut Levi’s. Tinernuhan ko iyon ng brown leather belt at ng singkulay na one-inch heeled sandals.

“Aba, ‘di ka ata naka-rubber shoes ngayon?” Pansin ni Ate Cora ng masipat ako.

“Magpapalit ako?” Pagbalewala ko sa ibig nitong iparating. Tiyak na may namumuong biro ito para sa akin.

“Hay naku, malelate na talaga tayo! Halika na!” At dumiretso na ito sa naghihintay na sasakyan ni Manolet.

Ang text ni Jonas sa akin, maaga siyang nakarating sa Barasoain. Naabutan pa raw niya ang kalahatian ng unang misa. I-text ko na lang daw siya ‘pag naroon na kami. Ngunit namataan ko agad ang isa sa dalawang sasakyang madalas niyang gamitin. Ang dala niya ng araw na iyon ay ang Honda CR-V nitong ginamit namin nang mag-picnic kami sa Tagaytay. Aliw pa nga kami noon ni Bebs sa pagse-setup ng nakapasunod na folding tables at chairs sa CR-V.

“Wow, loaded pala ‘tong wheels mo! Di lang pangkarera, pang-picnic pa!” Sabi ko.

“Nag-aksaya nga lang sila ng pagbili niyan. ‘Di ko naman kailangan,” mahinang sabi ni Jonas.

“Sus! Kung ‘di mo kailangan, willing akong tumanggap ng hand-me-down second-hand car!” Tukso naman ni Bebs.

Mukhang bago pa rin ang sasakyang ni Jonas. Maingat naman kasi itong mag-drive at tiyak na alaga din iyon sa car wax ng naglilinis niyon.

Nakarecline ang driver’s seat. Nakahalukipkip si Jonas habang nakaidlip. Napaaga nga siguro ang alis nito kaya nagbabawi ng tulog sa sasakyan.

Hinagod ko ng tingin ang himbing na anyo nito, at sumibol ang bagong tibok sa puso ko. Sa dibdib kasi ni Jonas ay nakapatong ang cellphone nito. Hinihintay marahil ang text ko.

Bumalik ako sa harap ng kotse ni Manolet na ilang hilera lamang ang agwat kay Jonas. Tinawagan ko siya. Buo ang tinig niya nang mag-hello at itanong kung nasaan na ‘ko.

“Nandito na ‘ko sa parking lot. Ikaw?” Sagot ko habang tinititigan ang bago kong pedicure na kuko.

“Ako—I’m looking for you—” At nang mag-angat ako ng mukha ay papalapit na sa akin si Jonas. Nakangiti ito at walang bakas na bagong gising.

“Guwapo mo ngayon ah!” Bati ko dito.

“Hah! Ngayon mo lang napansin?” Tatawa-tawang sabi nito. “Ikaw—you look—the same,” dagdag pa nito habang tila pinag-aaralan ang tindig ko.

Natawa ako. Isinukbit ko ang aking kamay sa braso niya at hinila patungong patio ng simbahan.

“The same from what?” Tanong ko habang sabay kaming naglalakad.

“The same sweet refined brainy sharp-witted geek who I used to admire from a distance. But different, kasi aggressive siya ngayon. See, nakapulupot na sa ‘kin!” Bahagya pa nitong itinaas ang braso kung saan nakahawak ako.

Agad kong tinanggal ang aking kamay at inangilan si Jonas. Pero kinuha niya muli iyon at marahang pinisil. At habang parang bata niya akong iginiya sa loob ng simbahan, nakangiti niyang sinabing—“First time ko sa Barasoain kaya hahawak ako sa ‘yong mabuti. Mahirap na, baka maligaw ako.”

~ Kabanata 13 ~

Dalawa lang daw ang kayang gawin ng puso: gusto nitong magmahal at ayaw masaktan. Kung gusto nitong masaktan at ayaw magmahal, abnormal ang isang tao. Praning. Suicidal. Sadista.

Gusto kong maniwala na praning kami ni Bebs dahil mas pinili naming huwag masaktan sina Jonas at Eli kahit pakiramdam namin ay sinasakal na namin ang aming mga sarili. Ganunpaman, hindi rin namin itinatanggi sa isa’t isa na natutunan na naming mahalin ang dalawang taong nagpursige upang masungkit ang aming mga puso.

“Basta, Bebs, huwag na huwag mo siyang papaiyakin. Alam mo naman ‘yon, masyadong senti,” sabi ko dito noong ipagtapat niyang balak na niyang sagutin si Eli sa oras na magpropose ito.

Unang araw ng Disyembre nang sagutin ni Bebs si Eli. Biro ko dito, pangit ang anniversary date nila dahil magse-celebrate sila ng 11th monthsary sa sementeryo. Nagtawa si Bebs. Alangan naman daw na i-schedule niya ang pagtatapat ni Eli. Nadala na rin daw kasi siya ng romantic mood ng kanilang dinner.

Mukha namang masaya ang relationship ng dalawa. Unti-unti, napalitan ng kaligayahan para sa

kanila ang dati'y pagsesentimyento ko sa tuwing nakikita kong kumikinang ang mga mata ni Bebs. Nangulit na rin ito kung hindi ko pa raw ba sinasagot si Jonas.

"Papano ko sasagutin ang isang taong hindi nagtatanong, aber?" Pamimilosopo ko kay Bebs.

"Talaga 'yang si Jonas, dakilang torpe pa rin. Makausap kaya? Gusto ko ng makapag-double date tayo eh!"

"Loka mo! Na-break ko na nga ang rule na hindi gigimik unless walang pasok kinabukasan dahil ang kukulit ninyong magyayang manood ng live band! Hindi pa ba double date 'yung paglabas-labas natin?"

"Sa 'min ni Eli, date 'yon. Kayo ni Jonas, chaperones—basta ha, huwag na huwag mong lolokohin si Jonas, bruha ka! Or else, hindi kita kukuhaning ninang ng first child namin ni Eli!"

"Ah gano'n? Sure! At least, hindi madadagdagan ang mga aaginalduhan ko sa Pasko—" At tila bigla akong napaisip. "Teka, Bebs, may nangyari na ba sa inyo ni Eli?" Seryosong tanong ko.

"Of course, wala! Kahit gustuhin ko man, nag-promise na 'ko sa sarili kong I will only do it only within the boundaries of marriage. Ano namang tingin mo sa 'kin?"

Nagtawa ako. "Akala ko kasi magnininang na talaga ako!"

At nasalo ko ang unang inihagis ni Bebs sa akin.

"O, pinabibigay ni Ate Karen. Nagtitipid sila kaya pinag-isa na lang ang sa atin." Inilatag ko sa mesa ang wedding invitation. Agad namang kinuha iyon ni Bebs at binasa.

Kakatapos lang naming maghapunan noon at nagkayayaang kumain sa naging tambayan naming ice cream parlor sa Katipunan.

"This Saturday na pala 'to. Ano bang plano natin? After manood ng Lantern Parade, kila Anette na tayo didiretso?" Ani Bebs. At bumaling din ito sa akin. "Huwag mong sabihing kailangan mo pa ng beauty rest? Alalahanin mo, this could be your last Christmas dito sa UP!"

Pamoso ang traditional Lantern Parade sa UP. Naico-cover pa nga ito ng mga TV stations kaya't marami ang nag-aabang. Bukod kasi sa mga magagarbong designs ay talagang kamamanghaan

ang mga gigantic human paper mock-ups na may social at political relevance.

Ang event ring iyon ang naghuhudyat ng pagsisimula ng Christmas vacation.

“Excuse me! FYI, confident akong kukuha ng LAE sa January. Kailangan ko lang bumuo ng simbang gabi para lumitaw ang pangalan ko sa mga papasa!”

“Wow, palaban si Atty. Torres!” Nakatawang sabi ni Eli.

“Kaya hindi pa ito ang last Christmas ko. I’ll see you all next school year.”

“Speaking of Christmas, kailangan ko palang bumili ng Christmas card para kay Eli.” Nakakasalbaheng tumingin pa si Bebs sa boyfriend nito. “Kung samahan mo na kaya ako sa National para ikaw na’ng pumili?”

“Christmas card lang ang ibibigay mo sa ‘kin?” Nakatawang tanong ni Eli.

“Pasensiya ka, nagkagirlfriend ka ng kuripot!” Komikong irap pa nito. At sa amin ni Jonas, “We won’t be long, promise, babalik kami agad.” Tumayo na si Bebs ngunit hindi naman agad tuminag si Eli. Nagkatinginan na lang kami ni Jonas nang tila batang hinila ni Bebs si Eli. “Magsasara na ‘yon, halika na!”

Ngingiti-ngiti namang natahimik si Jonas nang makaalis ang dalawa. Nakatunog ako. Kinabahan.

“May sunog ba? Bakit bigla silang umalis?” Tanong ko sa hangin. “Kakaorder lang natin ‘di ba?” Baling ko namang tanong kay Jonas.

“Alanganin kasing magtapat ‘pag may makukulit kang kasama,” mahinang sabi ni Jonas.

Magtatapat?! Magtatapat na si Jonas?

Isang parihabang itimang kahon na may pulang velvet ribbon ang inabot niya sa akin. Siyempre, itinago ko ang excitement na buksan agad ‘yon. Kinuha ko ang kahon. Inumpisahang kalasin ang ribbon.

“That day sa Araneta, nang supladahan ako ni Bebs, sinabi ko sa sarili kong tama lang sa ‘kin ‘yon dahil anti-social ako. Hindi ko na sana tatapusin ang game—”

Nanlaki ang mga mata ko nang tumambad sa akin ang eleganteng white gold bracelet na laman ng kahon. Kinuha ni Jonas ang bracelet. Hindi ko mahipo iyon. Hindi ako makapaniwala.

“I even told myself that I won’t get myself involve with either of you. But it was quite the opposite—” Tila malambing na simoy ng hanging hinagod ng mga kataga ni Jonas ang naparalisang puso ko habang in-unfasten niya ang lock ng bracelet at isinusuot iyon sa akin. Pakiramdam ko’y ‘di ako makahinga. “Anette, I want to get myself deeply involved with you. Please, be my girl?”

Hindi ko alam kung ano ang itsura ko nang mga oras na ‘yon. Ngunit si Jonas, masuyo itong nakatingin sa akin. Naghihintay ng isasagot ko.

“I’d love to!” Nakangiti kong sagot na parang lumulutang.

“Bakit hindi mo ipinaalala sa akin kung anong araw ngayon?” Inis kong sabi kay Bebs nang makabalik na kami sa dorm.

“Para ka namang matanda sa una! Eh ano kung December 13 ngayon?”

“Paano kung tumapat ng Friday the 13th ang monthsary namin?”

“Antonette, wala ka sa horror movie. O kung gusto mo naman, makipagbreak ka ngayon tapos makipagbati ka na lang bukas. O, saktong Valentine’s Day pa ang 2nd monthsary niyo,” pang-asar na sabi ni Bebs. “Daig ka pa ‘atang mag-isip ng pamangkin mo! Hindi ka ba masaya?”

Oo nga naman. Heto’t mag-steady na kami ni Jonas, pero nag-aasal bata pa rin ako dahil lang sa petsa na sinagot ko siya.

“May karapatan ba ‘kong malungkot?” Nakangiti kong sabi.

“Sus! Praning ka lang. Patingin nga ng bracelet?” Proud ko namang ipinakita iyon kay Bebs. “Namputsa, dapat akong may suot nito eh!” Nakangising biro nito.

Ako ang nakasalo ng bouquet ni Ate Karen at nang masalo ni Kuya Anton ang garter, unang nag-object si Bebs. Bawal daw ang incest. Loko namang ibinalik ni Kuya Anton kay Mark ang garter na game nitong ipinukol kay Jonas ngunit lumampas at nahablot ni Eli.

Nakantiyawan naman ang huli ng mga bisita doon. Walang nagawa si Eli kundi sumama sa traditional rites ng mga nakakasalo ng bridal bouquet at garter.

Nilapitan kami ng photographer at sinabihang kailangan naming sabayan ang pagki-kiss ng bagong kasal.

Siniko ako ni Ate Karen.“Magpaalam muna kayo sa dalawa, sabihin niyo souvenir lang, walang personalan!” Na ikinahalakhak naman ni Mark. Nagsalubong ang kilay ko. Nakangisi lang si Eli.

“Okey, ready—” Sabi ng photographer. “One, two, three!” Click!

Sa dalawang segundong beso-beso namin ni Eli, nanlambot ang tuhod ko. Hindi ko maikakaila na may natitira pa rin akong pagtingin sa kanya.

Ngunit hindi nito natapatan ang naramdaman ko noong unang halikan ako ni Jonas sa labi. At kinagabihan lang iyon.

Lampas hatinggabi na natapos ang pinanood naming Lantern Parade. Nasa kahabaan kami ng expressway nang sabihin ni Bebs na hindi na niya mapigilan ang namimigat niyang pantog. Nag-stop over kami sa Shell NLEX. Nagmamadali naman itong bumaba nang makapag-park si Jonas.

Sa backseat, naiwang naghihilik si Eli.

Hindi naman maitago ni Jonas ang sarili nitong antok. Naghikab ito.

“Turuan mo na kasi akong mag-drive para may reliever ka,” sabi ko dito.

Ginagap ni Jonas ang aking kamay. “Okey na, gising na ko.” Pero naghikab siyang muli.

Natawa ako.

Hinarap ako ni Jonas. “Hindi mo pa nga pala nasasabi sa akin ang three magic words,” paalala nito.

Kanina, habang pabalik kami sa sasakyan pagkatapos ng parada, ibinulong iyon ni Jonas sa akin. Paulit-ulit. Kaya’t sinabi ko ang unang pumasok sa isip ko ng walang agam-agam.

“Mahal kita—ikaw, ang dimples mo, pati ang pangalang namana mo sa lolo ng tatay mo,” monologue ko.

Napangiti ito.

Marahang lumapit ang mukha ni Jonas sa akin.

Hanggang banayad at masuyong naglapat ang aming mga labi.

Kung ihahambing sa ice cream ang lasa ng first kiss ko kay Jonas, isa iyong serving ng umuusok sa lamig ng paborito kong chocolate tortoni parfait. May halong kilig at lamig na tumutulay sa aking spinal column sa unang kutsara pa lang.

“May electricity ba?” Bulong ni Bebs sa akin. Nagbibihis ako noon at nagtatanggal ng make-up sa aking silid.

Nagkakasarapan naman sa pagtatagayan ng beer sina Jonas at Eli kasama sina Kuya Anton, Mark at Manolet sa sala.

“‘Yung peck on the cheeks niyo kanina—” pagpupuntong muli ni Bebs.

“Para ngang walang nangyari eh! Ano ba namang tanong ‘yan!”

“Curious lang po. Alam mo na—baka kasi bawiin mo si Eli sa aking loving arms!”

Tinabihan ko si Bebs sa pagkakaupo nito sa gilid ng aking kama. “Walang effect, iyung-iyo pa rin si Eli.” At hinugot ang tanong na nais kong masagot ng aking best friend. “Are you happy with him?”

Sumeryoso si Bebs. Matamang tumingin sa akin. “Honestly—I’ve never been happier in my life. Ganito pala ang feeling kapag ramdam mong nasusuklian o nahihigitan ng isang tao ang ibinibigay mong pagmamahal. Thankful ako kay Eli kasi natanggap niya pati ang nakaraan ko. Kaya nagpapasalamat din ako sa ‘yo kasi if it weren’t for you, hindi ko siya makikilala.”

“And if it weren’t for you, wala rin akong Jonas ngayon.”

Magulo man ang ikot ng tadhana sa aming apat, masasabi kong kumpleto naman iyon ng sangkap

—may iyakan, may halakhak, may away, may suyuan.

Marami ring pamahiing napatunayan naming walang katotohan.

Naglaro kasi sa isip ko na kami ni Eli, sa pagkasalo namin ng bouquet at garter, ay magkatuluyan sa bandang huli.

Ngunit sa pagtatapos ng unang semestre ko sa law school, naging witness ako sa civil wedding nina Bebs at Eli. At kahit lobo ang tiyan ni best friend ay buong saya siyang umakyat ng stage nang sila naman ni Jonas ang makagraduate.

Sa mga nagdaang monthly anniversaries namin ni Jonas, hindi pa naman kami naaanggihan ng malas kapag natatapat iyon ng Biyernes. Mas madalas pa nga kaming magkatampuhan kung simpleng araw lalo na't nagsimula kaming maging busy. Ako sa pagiging research assistant ng isa kong professor na sumusulat ng legal digest at reviews, at si Jonas naman sa kanyang itinayong graphics and web design studio.

Ngunit pasensyoso at understanding si Jonas. Siya ang madalas mag-establish ng communication, at hindi nakakalimot sa mga okasyong mahalaga para sa amin.

"Bakit kasi ayaw mo pang lumipat sa day class? Hindi mo na naman kailangang kumuha ng part-time work ah!" Iyon ang kadalasang inuungot sa akin ni Jonas.

May punto naman kasi siya. Fully-supported na kasi ako hindi lang ni Ate Cora, kundi pati ni Ate Karen na may sarili ng drug store sa lugar namin.

"Tatapusin ko lang 'tong project na 'to, and then wala na. Magko-concentrate na ko sa law school, sa mga social calls nina Bebs at sa 'yo."

"In that order?" Kunot-noong lambing ni Jonas.

"Not necessarily. Pag-iisipan ko pa kung law school o ikaw ang mas priority ko."

Sumimangot si Jonas. "You don't want me to believe that, do you?"

Natawa ako. "Kung hindi man ikaw ang una sa utak ko, bet your dollar na ikaw ang una sa puso ko."

Totoo naman 'yon. Nagkaproblema lang ako minsan kung alin ang dapat kong unahin: puso ba o utak? Ang minsang pagkompromiso ko sa aking puso ang naghudyat upang magdesisyon na rin si Jonas.

Alam kong importante kay Jonas ang pagkakuha nila ng account ng isang malaking movie production. Isang fantasy film ang nakontrata nilang gawin na gagamitan ng mga elaborate computer at digital effects. Kasama din sa kontrata ang pagle-layout ng mga advertising banners at media paraphernalia. Ang website para sa naturang fantasy movie na naka-incorporate sa website ng sister tv network ng kompanya ay nakomisyon din nila Jonas. Isang big break iyon para sa baguhang web studio kaya nagkaroon sila ng victory party.

Na hindi ko napuntahan.

Hatinggabi na ng tumawag ako kay Jonas. Noon pa lang ako pauwi buhat sa dinner meeting namin kasama ang book publisher ng aking professor.

“I thought you finished that book? Sabihin mo nga sa akin, may ginagawa na naman ba kayong bago?” Madiing tanong ni Jonas.

Pwede naman akong magsinungaling, ngunit malalaman din ni Jonas sa lumaon. Paano ko ipapaliwanag na nakaka-flatter ang offer sa aking maging co-writer ng isa pang libro? Na hindi lang malalagay ang pangalan ko sa acknowledgment kundi nasa cover na?

“I’m coming over. Let’s talk about this when I get there,” tangi ko na lang nasabi.

“Huwag na. Pauwi na rin kami,” malungkot na sabi ni Jonas. “At pagod na rin ako,” pagtatapos ni Jonas. Siya na rin ang nag-end ng tawag. Hindi na niya hinintay na makapag-object ako.

Dumalang ang mga tawag ni Jonas sa akin. Hectic daw ang requirement ng movie outfit. Meeting dito, meeting doon. Maging ako’y ganoon din.

Nang magkaroon kami ng oras para sa isa’t isa, dama ko ang paimbabaw na saya ni Jonas nang magkwento ako sa development ng sinusulat naming libro. Obvious rin na matamlay ang pakikitungo niya sa akin ng gabing iyon. Wala pa raw siyang tulog. Hanggang ibagsak niya ang bomba sa pandinig ko—

“I’m afraid it’s not working out between us—” Bigla niyang sabi. “Para hindi na tayo maghanapan ng oras, I’m setting you free. ”

“No! That’s not what I want!” Protesta ko.

“Then, what is it you want?”

“Masaya ako sa success ng negosyo mo. Gusto kong maging masaya ka rin para sa akin. The

book, it’s an opportunity I can’t just pass up—”

“Masaya naman ako para sa ‘yo. I am thrilled na marami na rin kaming accounts na hawak —‘yung tayo, doon ako hindi masaya.”

“Jonas—”

“There’s a job offer in San Jose, California. Sa Silicon Valley. Ni-refer ako ng bayaw ko. Narinig mo na siguro ang Bytechniques. They manufacture and develop computer hardware components. It’s a dream come true next to working with Bill Gates. To use your words, I want to grab this chance so I decided to take a go for it.”

“P-paano ang computer studio mo?” Nakuha kong itanong. Hindi iyon ang nais ko. Pero kung magiging masaya si Jonas—

“Magagaling at reliable ang mga taong iiwanan ko na magha-handle ng operations.”

“Puwede naman akong maghintay. B-bakit kailangang makipag-break ka sa ‘kin?”

“Hindi ko alam kung kailan ako babalik, Anette—I want you to move on.”

~ Kabanata 14 ~

Move on. Iyon ang gusto ni Jonas na gawin ko. Ngunit hindi ko kayang mag-move on dahil si Jonas, aminin ko man o hindi, ang motivating force ko para magpursige. Ayokong maging alangan sa kanya, o sa kanyang pamilya kaya ako nagpapakapagod at nagpapakapuyat sa pag-aaral, at pagsusulat.

Kaya nang mawala si Jonas, nawalan na rin ako ng dahilan sa mga ginagawa kong pagpapayaman ng aking abilidad.

Sa udyok ni Bebs, pumayag akong i-renta ang bakanteng kuwarto sa townhouse nila ni Eli sa Loyola Heights. Pabor din sa akin iyon upang aliwin ang aking sarili at makasamang muli ang matalik kong kaibigan.

Hindi lingid kay Bebs ang nangyari sa amin ni Jonas. Pakiramdam ko nga’y ibig lang niyang

siguruhin na hindi ako magmumukmok o magpapabaya sa bigla kong pag-iisa.

Kung tutuusin, kahit paano'y nakaka-survive naman ako. Bibo at madaldal ang anak nina Eli at Bebs na si Aimie. Nakakaalis ng lumbay ang mga antics nito. Ang karamihan naman ng oras ko'y itinutok ko sa pagbabasa ng mahahabang case readings sa klase.

Kung hindi man ako maging Mrs. Antonette Clemente, pag-iigihan ko na lang na maging Atty. Antonette Torres balang araw.

Malaki ang nabawas sa katauhan ko sa paghihiwalay namin ni Jonas. Kahit anong dibersiyon ang gawin ko, pilit na sumisiksik sa isip ko si Jonas.

At madalas mangyari 'yon. Lalu na't nagpapalitan kami ng manaka-nakang e-mail messages ngunit nananatiling general ang mga kwento at kamustahan.

Hanggang ikwento ni Jonas ang kanyang social life doon. May idine-date daw siya. Casual lang noong una na naging regular, at maaaring maging seryoso. Sana raw ay ganoon din ako. Good luck daw sa akin, hangad niya ang kaligayahan ko.

Halos isang taon na rin ang nakaraan buhat nang lisanin ako ni Jonas ngunit nahihirapan pa rin akong mag-adjust. Naging tunay na haunted day para sa akin ang mga Friday the 13th's.

Bakit hindi ako maka-move on? Bakit hindi ko magawang makalimutan si Jonas? Bakit natatakot akong muling pumasok sa isang relasyon?

Ikatlong taon ko sa abogasya nang kumatok ang isa pang oportunidad. Nakita ko iyon bilang paglalabas ng lahat ng emosyon ko sa buhay, lalo na sa lovelife.

"Are you interested in writing a fiction book for teenagers?" Tanong ng dati kong propesor na nakatrabaho ko sa dalawang legal digest documentary books.

"I haven't tried it, Sir. Technical kasi 'yung mga sinusulat natin. But I definitely want to try!" Masaya kong sagot.

"That's good. Nagbe-venture kasi ang kaibigan kong nagpublish ng libro natin na mag-branch out sa fiction. A & B crowd ang target nila kaya English ang medium. They want to release two titles two months from now and they're looking for materials. But don't compromise your studies. I just

thought of you because I know you've got a good potential and imagination in writing—here's my friend's contact number. Tawagan mo na lang."

Kinuha ko ang calling card at nagpasalamat.

Pinagawa agad ako ng publisher ng topic proposal. Agad akong sumulat at hindi lang skeleton ang nai-submit ko, kundi ang kabuuan nito.

Sa mga taong nakasubaybay sa love story namin ni Jonas, obvious ang pagkakahawig noon.

Ten Days to Catch Mr. Right ang titulo ng libro. Ibinatay ko ang paunang excerpt sa nangyari sa amin ni Jonas bago ko i-tackle ang main issue ng libro: ang sampung drastic steps na maaaring gawin ng isang babae sa loob din ng sampung araw upang makuha ang atensiyon ng lalaking napupusuan nito.

Napili naman ang isinulat ko.

Kasama sa publicity gimmick ang mainterview ako sa dalawang television show upang i-plug ang publication. May press release at book reviews din sa mga broadsheets. Nalagay iyon bilang Book of the Month sa isang pamosong teenage magazine. Nag-alok ang publisher na gawan ko ng sequel ang *Ten Days* ngunit hindi ko tinanggap. Malaki rin kasi ang nawalang oras sa akin habang pino-promote iyon. Isa pa, hindi kaya ng powers ko ang suggested title ng publishing na *Ten Ways to Dump Mr. Wrong*.

Sa unang pagtanggap ko ng royalty sa libro, inaya ko sina Bebs at Eli na magcelebrate. Pumayag naman ang mga ito at nag-suggest na mag-imbita pa ako ng mga kaibigan.

Kaya't sa halip na ako ang magplano, nagbigay ng private party para sa akin ang mag-asawa.

Masaya ko naman silang hinarap mula umpisa hanggang magsiuwian ang mga bisita.

Natapos ang selebrasyon sa dramatic confession ko, sa harap nina Bebs, Eli at Eloy, habang nagkakasarapan kaming ubusin ang natitira pang tequila.

Ako ang nagtuldok sa kasayahan.

Dahil naaalaala ko si Jonas.

Sana'y kasama ko siya. Sana'y nalaman niya na successful ang unang commercial writing venture ko.

“Anong pakiramdam na may nauuto kang brokenhearted sa libro mo?” Nakatawang tanong ni Eloy.

“Hindi ako masaya—” Bigla kong nasabi habang wala sa sarili akong nagtatatawa. “God knows how I want to move on, pero hindi ko magawa. All this time, si Jonas pa rin—To hell with Ten Days! Ako na mismong writer, hindi ko kayang sundin ang mga tips na sinulat ko—” at tumungga ako ng isang shot. At isa pa. Akmang magsasalin ako ng panibago nang kunin ni Eli ang bote.

“Magtira ka naman para sa ‘min!” Ngunit tinakpan na ni Eli ang bote.

“Hey, sayang ‘yan, baka mapanis!” Biro ko, at nagtawa ako.

Dama ko ang mga awang tingin nila sa akin na lalong nagtimbre sa aking emosyon.

Umiyak ako.

“M-may girlfriend na si Jonas sa California—and here I am, nagpapakagagang umasa na magkakabalikan kami—” Amin ko sa tatlo kong kaharap na walang makuhang sabihin. “Shit! Why can’t I forget him?”

Ngunit nanatiling tahimik ang tatlo. Siguro’y ayaw nilang makipag-usap sa umiiyak na lasing.

O wala lang talaga silang maitutulong.

Higit kaninuman, ako lang ang makakatulong sa sarili ko. Imposible man iyon para sa akin, kailangan kong lumimot.

Nagmistula akong robot sa mga dumaan pang araw.

Sinubukan kong tumanggap ng suitors, ngunit mahirap buwagin ang standard na itinalaga ni Jonas sa puso ko.

Sa *Ten Days*, nakalimbag din doon ang aking email address at may mga papuri akong natanggap mula sa mga nagbasa noon. May mga komento din. Ngunit nakakatuwang malaman na ilan sa kanila ay sineryoso ang naisulat ko. Ang Tip Number One ko pa lang na Make-Over ay may success story na!

Siyempre, sinagot ko ang mga email galing sa mga naging avid readers ng libro. Nagpasalamat.

Ngunit ang email kay Jonas ay tuluyan ng naglaho.

Hanggang mabalitaan kong nakauwi na pala ito sa Pilipinas, dalawang linggo na ang nakakaraan at isang buwan bago ang 3rd year anniversary namin, kung hindi kami nagbreak-up.

“Dumalaw si Jonas sa firm namin kanina. Naka-close deal kasi namin ang studio nila to make our company’s web site. Kinamusta ka niya,” ani Bebs na tila hindi makatingin sa akin.

Nagdala ng panibagong suntok sa puso ko ang ibinalita ni Bebs. Mas nauna pa niyang nalaman na nakabalik na pala si Jonas.

Hindi ako nakapagreact. Pinigil ng namumuong bikig sa lalamunan ko ang aking boses.

“He’s not actually the one who’s handling the project. Courtesy call lang. Siya pa rin naman ang boss doon,” dagdag ni Bebs sa katahimikan ko.

“D-did he say if he wanted us to meet?” Nagawa kong itanong.

“No—I mean, not exactly. Although na-mention niyang one month ang vacation grant sa kanya. Tiyak na tatawag ‘yon sa ‘yo—”

“I doubt that. Hindi man lang nga siya nagparamdam sa aking uuwi siya—” malungkot kong sabi. “How is he?”

“Uhm, gano’n pa rin. Medyo pumuti at nagkalaman lang ng konti.”

“Magaling sigurong mag-alaga ang girlfriend niya. Good for him.”

“Aren’t you going to see him?” Tanong ni Bebs sa akin.

“What for? Obvious naman na ayaw niya kong makita.”

Biglang nagwala si Bebs. Nangungutya ang boses nito nang muling magsalita. “Ang hirap kasi sa ‘yo, Anette, you don’t want to let go. So what kung ayaw kang makita ni Jonas? Are you going to sit here and sulk hanggang mamatay ka? Kung ayaw mo siyang ipaglaban, fine! Ang sina-suggest ko lang naman, ikaw ang gumawa ng move para maging friends man lang kayo ulit. I haven’t told you this, pero I believe, hindi nagkulang si Jonas sa ‘yo. Ikaw ang nagpabaya and you know it! That’s why you don’t want to see him, dahil wala kang mukhang maiharap sa kanya!”

Natigilan ako sa sinabi ni Bebs. Totoo iyon. Madalas kong sisihin ang sarili ko. Na-take for granted

ko si Jonas noon. Nasaktan ko siya, pero una naman siyang nakabawi mula sa dulot ng paghihiwalay namin. Tiyak na masaya na siya. Iyon lang ang importante.

“I’m so sorry, Bebs. Alam kong nagpromise ako sa ‘yo, pero—okay, I’ll try to see him—if that’s what you want para makabawi ako sa ‘yo—”

“Anette, c’mon, it’s not that I want you to—it’s what YOU want to do, and you must do it, for God’s sake, you love him!”

Tatlong araw ko ring pinag-isipan ang pagpunta ko sa studio ni Jonas at namangha ako sa inilaki niyon. Mas elegante na rin ang receiving area. Magalang akong tinanong ng receptionist kung may appointment ako. Wala, sabi ko. Pinaghintay ako ng receptionist, hiningi ang aking pangalan at may kinausap sa telepono. Umiling-iling ito at alalang tumingin sa akin.

“Baka naman pwede mong itanong kay boss? Itawag mo na lang agad sa ‘kin Belle, okay?”

Nang lumabas mula sa glass door ang isang empleyadong pamilyar sa akin.

“Lucille, paki-courier na nga ito agad. ‘Yung one-day delivery. Asap sana—Hey, Anette! Ba’t ngayon ka lang nagpakita?” At wala ng nagawa ang receptionist nang akayin na ako sa loob ni Bryan, isa sa mga pinagkakatiwalaang tao ni Jonas.

“Mainit ang ulo ni bosing. May muntik nang mapatalsik. Bagong junior programmer. Baka ikaw ang makapagpakalma—”

Natigil ako sa paglakad. “Ha? Baka lalong uminit ang ulo no’n ‘pag nakita ako?”

“Hindi ba alam ni Jonas na nandito ka?”

Umiling ako. Napaisip si Bryan, tila nahiya sa akin. Ngunit pinasunod pa rin niya ako at pinaupo sa sofa sa labas ng office ni Jonas. Kinausap nito ang sekretarya. Iyon ang Belle na kausap kanina ng receptionist.

Nang balikan ako ni Bryan, sinabi nitong may kausap lang si Jonas.

At gusto ko nang umuwi nang iluwa ng pinto ang papalabas na bisita ni Jonas. Isang mestisahing babae na maamo ang mukha at sopistikada ang bihis. Masaya pa itong lumapit sa sekretarya ni

Jonas.

“Don’t let Jonas bully yah ‘round, Belle. He’s gotta bad temper, but most of the time he’s a total angel, isn’t he?” Tsika pa ng babae.

“Oo nga po, Ma’am Lois. Lalo na kanina. Kawawa nga ho si Ronald,” kwento ni Belle.

“Lilipas din ‘yon—O sige, I hafta go,” slang na pagpapaalam ng babae.

Ngumiti rin ito kay Bryan, at maging sa akin! Well, at least, hindi siya suplada.

Kinurot ang puso ko. Okey naman pala ang napili ni Jonas na kapalit ko.

Gusto ko na ring magwalk-out. Kinakain na ako ng selos, kahit wala na akong karapatan.

Iniwan ako ni Bryan nang pumasok ito sa silid ni Jonas. Kakausapin lang daw niya ito sandali. Importante lang. Wala kakong problema.

Mas mainam nga iyon dahil hindi ko pa rin alam kung ano ang sasabihin ko kay Jonas.

Ilang minuto pa, lumabas din ito. Tumango sa akin at sumenyas na maghintay ako at babalik din siya.

Kabado akong nagbilang ng mga tao doon. Marami na palang empleyado si Jonas at halos lahat ay abala sa harap ng computer. May isang grupo ring seryosong nagdidiskusyon sa ‘di kalayuang round table. May namukhaan akong dalawa, na kumaway naman sa akin.

Nang bumalik si Bryan, may kasama na itong payat na lalaki. Halatang ninenerbiyos ito nang pumasok sa silid, ngunit nang muling lumabas ay halata ring umaliwalas ang saya. Maya-maya pa’y lumabas na rin si Bryan. Tumabi ito sa akin at nalaman ko kung bakit.

“Siya ‘yung gustong i-fire ni Jonas. Pero I need that guy. He’s a genius in programming kaso nakialam sa graphics. It doesn’t fail. Your name works like magic!” At kumindat pa ito sa akin.

“My name?” Taka kong tanong.

“I told him na may isang abogado na pwedeng magtanggol kay Ronald. Of course, sabi ko ikaw. And he mellowed. Kaya pinatawag kami.”

“Teka, you mean he still doesn’t know that I’m here?” Angas ko dito. May kwarenta minutos na kasi akong naghihintay.

Napangiti ito. “Kakasabi ko lang bago kami lumabas ni Ronald.”

“And?—Ano, uuwi na ba ako? Will he see me?” Desperada kong pangulit dito nang magbukas ng pinto si Jonas. Lumukso ang puso ko nang makita siya. Pormal lang itong ngumiti sa akin habang sinabihan ang sekretaryang magtimpla ng dalawang kape.

“Dalawa lang? Hindi ako kasama sa meeting?” Ngingiti-ngiting biro ni Bryan bago tuluyang lumayo.

Nagkailangan kami ni Jonas nang magsolo kami sa loob ng opisina niya. Hindi siya umupo sa likod ng kanyang mesa, sa halip ay inokupa ang silyang nakaharap sa akin.

“I like your new room. Elegant and contemporary—sino na’ng gagamit nito ‘pag umalis ka ulit?” Bungad ko.

“Dalawang taon tayong ‘di nagkita pero una mo pang napansin ang interior ng opisina ko?” Sabi ni Jonas sa likod ng naglalarong ngiti.

“Well, just like this room, I see you’ve changed—mas gumwapo ka. Anong ni-renovate sa ‘yo?” Biro ko.

“Katawan siguro. Napadalas ako sa gym when I was in California. When I’m not working, I’m working out. Pangtanggal ng inip—”

“Oh, I see—” tangi kong reaction. Nablangko ako. Wala akong maisip na topic na maaari naming mapag-usapan.

“Nabasa ko ‘yung libro mo,” ani Jonas. Bahagyang ngumiti. “Pina-package ni Mommy. Nagulat nga ako eh,” dugtong nito at tatawa-tawa akong tinanong kung base daw ba iyon sa experience ko.

“I-it’s purely fiction. Product of my imagination,” amin ko naman at natawa ako. “Buti ka pa nabasa mo. After writing it, hindi ko pa talaga nabuksan ang copy ko.”

Ngumisi si Jonas. Napailing. “Why not? Mukha namang helpful ang mga tips mo—”

“So I hear. May mga nag-email nga sa akin. Nagpapasalamat. Effective daw.” Nagtawa ako. Sumabay na rin si Jonas.

Noon pumasok si Belle dala ang mga tasa ng kape namin ni Jonas. Nang mailapag ay tahimik ding lumabas.

“You sound so convincing in your book. Why didn’t you take your own advice?”

Napatitig ako kay Jonas. Seryoso lang itong naghintay ng isasagot ko.

“*Ten Days to Catch Mr. Right* is meant for those who are looking for their Mr. Right. H-hindi naman ako naghahanap—” at nagbaba ako ng tingin. Ayokong makita ang awa sa mga mata ni Jonas.

Na makita niya sa mga mata ko ang desperasyon.

“Hey, I missed you—” biglang sabi nito.

Ako rin! Sobra!

“It’s so nice to see you again, Jonas. At—sorry rin. I hurt you—” Nagpilit akong ngumiti, “K-kasama mo bang umuwi ang girlfriend mo? S-siya ba ‘yung kausap mo kanina?”

Naningkit ang mga mata nito, ngunit umaliwalas din. “Ah, you mean si Luisa? She’s my cousin. Kasabay ko nga siyang umuwi. Sa States siya nag-college pero mas gusto raw niyang magtrabaho dito. Ewan ko ba do’n, malaking topak sa ulo. Alam mo, magkakasundo kayong dalawa. Pareho kayong down to earth pero happy-go-lucky.”

Tila nabunutan ako ng tinik. Pinsan pala niya. Pero ang definition niya sa amin, good ba ‘yon o bad? At nasaan ang girlfriend niya?

“So, naiwan sa California ang girlfriend mo?”

Hinagilap ako ng tingin ni Jonas, wari’y sinusukat ang magiging reaksiyon ko.

“There never was any girl—I did try, but it never worked out. I couldn’t—ikaw kasi!” Natatawang nagpakawala ng hangin si Jonas. “Kape mo, lumamig na. O baka gutom ka na? We could eat outside—kung wala kang ibang lakad.”

“Actually, gutom ako. Isang oras mo akong pinaghintay eh! Pwede ka bang mag-undertime?” Nakangiti kong tanong.

Napangiti na rin ito. “I’m not the boss here—” Nakatawang sabi ni Jonas. “You still are!”

Nasa controlled airside kami ng airport ni Jonas. Ngunit parang ayoko pang humiwalay sa kanya. May hawak akong special pass na nagawang ikuha ng Daddy ni Jonas para sa amin ni Luisa na noo'y nakamasid sa amin sa 'di kalayuan.

"Call me as soon as you arrive, okay?" Paalala ko dito.

"Paglapag pa lang ng eroplano, tatawagan na kita," masuyo ang ngiti ni Jonas.

"Lagi mo 'kong i-email para magamit ko ang ninakaw mong computer sa office niyo—"

"On-loan lang 'yon sa 'yo hangga't 'di ka abogada!"

Natawa ako. Ipinilit ko kasi dati na bibili na lang ako ng 2nd hand na computer ngunit nag-suggest si Jonas na pahiramin na lang ako ng isang unit na malapit na rin nilang i-upgrade. Sila na lang raw ang bibili ng bago.

"I will miss you. Tapusin mo na kasing contract mo sa Bytechniques!"

"Kung alam ko lang na liligawan mo 'ko, hindi na sana ako pumirma ng another two years!"

"Sabagay, mas makakapag-concentrate akong magreview sa bar kung wala ka. Baka mag-demand ka pa ng time—"

"I hate you for saying that, you know?"

"I love you, Jonas,'' bulong ko.

"Now, iyan ang gusto kong marinig—" at malambing akong hinagkan ni Jonas na masuyo kong sinuklian.

~ Epilogo ~
"O, tumatawa ka naman diyang mag-isa!" Biro ni Bebs sa akin habang nasa harap ako ng computer at binabasa ang latest email ni Jonas. Dalawang buwan na lang at matatapos na ang kontrata niya. Hindi na raw niya ire-renew iyon at magfu-fulltime na lang sa lumalaking enterprise nito.

"He's coming home, Bebs! At tingnan mo 'tong pinadala niyang attachment!"

Isang icon ni Bugs Bunny iyon na sa pag-click ay may panibagong window na mag-oopen.

Tila maikling advertisement ang pinadala ni Jonas. Makikitang ngumunguya si Bugs Bunny ng

paborito niyang carrot. What's up, Doc? sabi nito. Lumapit si Marvin the Martian na may dalang envelope. Kinuha ni Bugs Bunny, at binuksan ang mensahe. Parang mga bubuyog na nabuo sa screen ang laman niyon.

"I'm coming home soon! I miss you like crazy… Will you marry me?"

"O, ano pang nginingiti-ngiti mo diyan? Nagreply ka na ba?" Nakatawang tanong ni Bebs.

"Gagawa na nga eh! Kaso inistorbo mo ko!"

Nagkatinginan kami ni Bebs—at sabay kaming napatili. Niyakap ako ni Bebs.

"Anong nangyayari sa inyo?" Alalang tanong ni Eli na dumungaw sa bintana.

"Magiging flower girl na si Aimee, Dad! Look, nagpropose na ng kasal si Jonas!" Sigaw na balita ni Bebs sa asawa nito.

"Buti naman. Ang tagal na ngang nakabitin ng love story ng dalawang 'yan eh!" Nakatawang sabi ni Eli. "Best wishes!" Pahabol na sigaw pa nito pagkaalis upang balikan ang kalarong tatlong taong inaanak ko.

Iniwan na rin ako ni Bebs at pinuntahan ang mag-ama. Para daw magkaroon ako ng privacy. At sinimulan kong gumawa ng email kay Jonas upang sagutin ang marriage proposal nito.

> *"Dearest Jonas,*
>
> *Sino bang gumawa ng sulat, si Marvin the Martian o ikaw? Kung si Marvin, I say no. Ayokong tumira sa Mars.*
>
> *Kung ikaw, YES! I'll marry you, kahit sa Mars pa tayo tumira.*
>
> *Love you so,*
>
> *Anette."*

Binasa kong muli iyon. At itinapat ang cursor sa "send" button.

Lord, thank you at wala pang nakakaimbento ng time machine!

- W A K A S -